

Simply The Story **(STS)**

Mga Nilalaman

1.	Ano ang mga Kayamanan sa Biblia.....	3
2.	<i>Simply The Story</i> : Maikling “Overview” ng mga Nilalaman.....	5
3.	Pagsunod Sa Halimbawang Ipinakita Ni Nathan.....	6
4.	Paano Gawin ang <i>Simply The Story</i>	
	a. Kaalaman I: Paano Maghanda at Magkuwento.....	7
	b. Kaalaman II: Paano Hanapin ang Kayamanan sa iyong Kuwento.....	19
	c. Kaalaman III: Paano Buuin ang mga Katanungan.....	28
5.	Pagpiprisenta Unang Bahagi : Pagkukuwento ng Tatlong Beses....	30
6.	Pagpiprisenta Ikalawang Bahagi:	
	a. Paghahanap ng Kayamanan, Paghahanap ng Espirituwal na Obserbasyon at Pagsasabuhay.....	34
	b. Mga Katanungang Nag-aanyayang Matuklasan ang Espirituwal na obserbasyon	36
	c. Mga Katanungang Nag-aanyayang Matuklasan ang Espirituwal na Pagsasabuhay.....	41
7.	Pangkalahatang “ <i>Tips</i> ” sa Pangunguna ng Talakayan.....	44
8.	Bakit at Saan gagamitin ang “ <i>Simply The Story</i> ”	47
9.	Panatilihin Ang Kawastuhan: Pagtuklas kung ano ang katotohanang kasinglaki ng Elepante	54
10.	Tumuklas Sa Pamamagitan Ng Halimbawang Kuwento Paanong Maghanda Ng Mga Katanungan.....	60
11.	Ang Pagsisikap na Angkinin ang “Pasalitang Stratehiya”.....	81
12.	Paggrupo-grupo ng mga Propesyonal at Tagapagturo.....	86
13.	<i>Timothy Church Planter Training</i>	87
14.	Mga Paraan Upang Matutunan ang “STS”	88
15.	Evaluation Forms para sa Practitioners	

Chapter 1

Simply The Story (STS)

“ Matatagpuan sa simpleng kwento ng Biblia ang malalim na katotohanang mula sa Dios” D.M.

Ngunit nag-aalala akong baka malason ang inyong isipan at mailayo kayo sa tapat at dalisay na pananampalataya kay Cristo, tulad ni Eva na nalinlang ng ahas.

2 Corinto 11:3

Isinulat ng Dios ang Biblia bilang: dyis porsyentong (10 %) paglalahad
kinse porsyentong (15%) mga tula
setenta’y porsyentong (75%) kuwento

Hinihikayat ng “**Simply The Story**” ang mga nagbibigay ng impormasyon ng Biblia na gamitin ang kuwento katulad ng pagbibigay ng buong kuwento ng Dios sa kanila, Hindi na kailangang isulat pa ang mga kuwento tungkol sa Biblia para sa STS. Ang mga kuwentong ito ay kahit anong kwento na nasa Biblia. Ang mga nilalaman ng dokumentong ito ay kung paanong magkuwento ng kasiyansiya at tama at paano magturo na gamit ang STS. Makakatulong ang pagkakaroon ng “STS Workshop” sa mga tao upang mapabuti ang kaalamang ito.

Ang Huwaring Ginawa ni Jesus: Magkuwento, Magtanong

Paano si Jesus nagturo? Sa isang daan at walumpu’t tatlong katanungan kay Jesus, tatlong katanungan lamang ang kanyang sinagot ng diretso. Sinagot ni Jesus ang iba sa pamamagitan ng pagtatanong, pagkukuwento o sa pamamagitan ng parabola. At nagkuwento lang ba si Jesus at nagpatuloy? Hindi, karaniwan ay pagkatapos ng kuwento, si Jesus ay nagtatanong at inaanyayahan ang lahat na makipagtalakayan.

Natututo ang mga dumadalo sa “STS” na hanapin ang mga kaalamang pang-espirituwal (Ang kayamanang Espirituwal) na nilalaman ng kuwento, at natututo ring gumawa ng mga katanungang ginagamit sa pakikipagtalakayan sa grupo upang magabayan ang mga nakikinig tungo sa kaalamang pang-espirituwal.

Sa lahat ng mga sumusunod sa mga patakarang ito, o pinag-aaralan ang kaalamang ito sa “STS “ workshop ay maaring maging epektibong ‘practitioner’,

nawa ay pagpalain ng Panginoon ang kanyang Salita sa pamamagitan ng mga taong 'practitioner' na ito. Tandaan na ang mga 'practitioner' ay hindi pa maaring magsanay ng iba sa pamantayan ng "STS". Dahil sa magandang resulta na aming nakita mula sa "STS" ang nais namin ay makapagpatunay ng maraming 'instructor' sa buong mundo. Ang mga tunay na 'instructor' na ito ay hindi lang malawak ang kaalaman at bihasang 'practitioner' kundi malawak din ang kanilang kaalaman kung paanong sanayin ng mabuti at tama ang mga baguhang mang-gagawa.

Ano ang mga kayamanan ng Biblia?

Mayroong isang lalaking umalis sa kanyang barrio at pumunta sa siyudad upang magtrabaho. Nakaipon siya ng maraming pera sa loob ng maraming taong pagtatrabaho sa siyudad. Sa huli, naisip din niyang bumalik sa kanyang bahay sa barrio kung saan lahat ng mga tao ay binati siya bilang isang kaibigan. Nais ng bagong mayamang lalaking ito na gamitin ang kanyang pera sa pagbili ng mga regalo para sa kanyang tunay na mga kaibigan, kaya nagplano siya. Umalis siya sa kanyang barrio ng isang araw at bumalik, pagkatapos tinawag niyang lahat ang mga tao kasama na rin ang mga taong nagsasabing "*Kaibigan mo ako*" at sinabi niya sa lahat na makipagkita sila sa kaniya sa isang bahagi ng isang burol na malapit.

Tinipon ng mayamang lalaki ang mga tao at ito ang kanyang sinabi "*Nagtrabaho ako sa daanang ito papuntang ilog, kung susundan ninyo ang daanang ito kayo ay makakatagpo ng mga kayamanan, pumunta na kayo ngayon upang hanapin ang aking regalo sa inyo.*"

Kaya nag-simula nang maglakad ang mga tao sa daanang iyon, ang ibang tao ay dumaan sa malapit at pagkatapos ay dumampot sila ng buhangin at nag-usap-usap silang umuwi na upang pag-aralan muna nila ang buhangin kanilang dinampot.

Ang ibang tao naman ay tumakbo patungo sa ilog, pagdating nila da dulo ng daanan, sila ay nagreklamo. Ito ang kanilang sinabi "*Alam na namin ang daanang ito*" "*Walang bago*" "*Wala naman tayong nakikitang kayamanan*".

Ang ibang mga tao ay nagpatuloy sa paglalakad sa daanang hindi bago sa kanila, ngunit habang sila ay papalayo, nag-usap-usap sila at ito ang kanilang sinabi "*tingnan ninyo ang natumbang punong ito*" "*inalis ito ng ating kaibigan sa daanan upang madali ang ating paglalakad*", napansin din ng ibang taong naglalakad na ang mga matinik na damo ay pinutol na upang ligtas daanan ang lugar na iyon.

Sa halip na magmadali sila upang hanapin ang regalo, ang mga taong ito ay lalong naglakad ng dahan dahan, gusto kasi nilang magsaya at maramdaman

ang pinaghirapan ng kanilang mayamang kaibigan para sa kanila. Inisip nila na mismo ang daanang iyon ay isa nang regalo mula sa kanilang kaibigan.

Biglang tumigil sa paglalakad ang isang tao at tinawag niya ang lahat upang tingnan ang isang bagay “ *tumingin kayo sa gilid ng daanan, sa ilalim ng damo, may mga lalagyang katulad ng banga na puno ng kamote.*”

Pagkatapos ay may isa pang taong tinawag ang lahat ng naglalakad at sinabi niyang “ *tingnan ninyo dito sa ilalim ng damo sa gilid ng daanan, mayroon akong natagpuang malaking kahon na puno ng mga bagong kaldero.*”

Paulit-ulit na nakakatuklas ng mga kayamanan ang mga taong maingat at dahan-dahang naglalakad sa gilid ng daanan. Naisip nila na ang mga regalong ito ay inilagay ng kanilang mayamang kaibigan para sa kanila. Nalalaman ng mayamang lalaking ito na ang tunay niyang kaibigan ay magtitiwala sa kanya at matutuwa sa kanilang dadaanan kung kaya sila ay makakatuklas ng mga regalong inilagay niya para sa kanila.

Sa mga taong ihinanda ng mayamang lalaking ito at nagmadaling pumunta sa daanan ay hindi nakatuklas ng mga kayamanan, hindi sila naging maingat at hindi silang naglakad ng dahan-dahan upang kanilang makita ang kagandahan ng daanan at sa gumawa nito.

(sa mga taong nagdesisyong mag-aral ng tungkol sa buhangin na mula sa daanan, patuloy pa rin silang nag-aaral. Hindi pa sila nakakapaglakad sa lugar na iyon.)

Bawat kuwento sa Biblia ay katulad ng daanang ihinanda ng Dios para sa atin. Sa mga maglalakad ng dahan-dahan sa pamamagitan ng daanang ito o katulad ng pagkukuwento mula sa Biblia ay makakatuklas ng mga nakatagong kayamanan, regalo o katotohanang mula sa Dios. Ito ay magagawa sa “STS”.

Chapter 2

Maikling “ Overview” ng “*Simply The Story*”

Ang kuwento sa Biblia ay pinag-aralan at ihinanda ang mga katanungan ayon sa pamantayan ng *Simply The Story*. Dito ay mayroong dalawang bahagi: Una ay ang pagkukuwento, pagkatapos ay ang pagtuklas ng kayamanan o katotohanan.

Unang Bahagi: Ang kuwento ay ikinuwento ng tatlong beses upang mabigyan ang mga tagapakinig ng panahon na maintindihan ng tama ang nilalaman ng kuwento. Ang kaalaman ng pagpipresenta ng kuwento ay kinakailangan: ang kakayahang magkuwento, pagbibigay lakas ng loob sa mga nagboluntaryo at pagkakaroon ng kasiyasyang pagbabalik aral.

1. Ang tagapagkuwento ay magkukuwento, (Ang unang pagkukuwento ay nakakatulong sa mga tagapakinig upang mailarawan sa isip ang kuwento at upang maramdaman ang resulta.)
2. Ang tagapagkuwento ay magsasabi sa isang boluntaryo na ikuwento ulit ang kuwento o sa mga tagapakinig upang ikuwento nila ito sa isat-isa. (Ang mga tagapakinig ay kinakailangang makinig silang mabuti sa kanilang kasama habang ikinukwento ulit ang kuwento upang malaman nila kung tama, ito ay makakatulong sa mga tagapakinig upang maisaisip nila ang kuwento.)
3. Ang tagapagkuwento ay magkukuwento ulit sa ikatlong pagkakataon. (Isang beses lang ito na pagkukuwento ulit, ngunit sa pagkakataong ito ay hihingiin ng tagapagkuwento ang tulong ng lahat upang magawa ang hakbang na ito.)

Ikalawang Bahagi: Ang tagapagkuwento ay pinangungunahan ang mga tagapakinig upang matuklasan nila ang mga espirituwal na kayamanan sa kuwento. Ito ay gagawin ng dalawang bahagi. Upang magawa ng mabuti, dalawang kaalaman ang dapat na mapabuti. Ang kaalamang mahanap ang espirituwal na kayamanan at pagkatapos ang kaalamang gawing katanungan ang mga espirituwal na kayamanan.

1. Una ay pangungunahan ng tagapagkuwento ang mga tagapakinig upang matuklasan ang mga Espirituwal na Obserbasyon sa pamamagitan ng mga katanungan. (Ito ay kung inanyayahan ang mga tagapakinig na tingnan ang mga ginagawa ng mga gumaganap sa kuwento. Pagkatapos, sa tugon ng mga katanungan, ang mga tagapakinig ay magbabahagi kung ano ang kanilang natutunan at kung paano kumilos ang Dios sa kuwento.).
2. Pangalawa, ang mga katanungan ay ginamit upang pangunahan ang mga tagapakinig upang matuklasan at maibahagi ang mga Espirituwal na

pagsasabuhay. (Ito ang mga Espirituwal na katotohanan batay sa mga obserbasyon sa pagsasabuhay ng mga tao sa ngayon.)

Pahiwatig: Pansinin na limang beses (ang una at ikalawang bahagi) nagsimula ang mga tagapagkuwento sa simula ng kuwento. Ngunit alalahanin na sa ikalawang bahagi, mga katanungan lamang ang itinanong. Hindi na kailangang ulit-ulitin ang kuwento! Ang dapat gawin ng mga tagapagkuwento ay idugtong ang bawat katanungan sa bahagi ng kuwento.

Chapter 3

Ang Kapangyarihan ng Kuwento

Pagsunod sa Halimbawang Ipinakita ni Natan.

Sa ikalawang Samuel 12:1-14 Ang Dios ay nagbigay sa atin ng pamantayan ng pakikipag-usap sa espirituwal na katotohanan. Si Haring David ay malinaw na nagkasala sa kanyang pakikiapid at pagbigay ng kautusan sa kanyang mga sundalo upang patayin ang asawa ng babae. Pagkatapos ay sinubukan ni David na ilihim ang kanyang kasalanan.

Ang propeta na si Natan ay pumunta kay David upang magkuwento. Ang kuwento ay tungkol sa dalawang lalaki, ang isa ay mayaman, ang isa ay mahirap. Ang napakayamang lalaki ay nagmamay-ari ng maraming baka at tupa. Isang araw nagkaroon ng panauhin ang mayamang lalaki at kanyang ninakaw ang kaisa-isang tupa ng dukhang lalaki, pinatay niya ito at ipinakain sa kanyang panauhin.

Nang marinig ni David ang kuwento ni Natan, napasigaw siya sa galit at ito ang kanyang sinabi kay Natan “Saksi si Yahweh, ang Dios na buhay. Ang taong gumawa nito ay dapat mamatay! Kailangang magbayad siya ng apat na beses sa kanyang ginawa dahil hindi siya naawa.” Pagkatapos ay sinabi agad ni Natan kay David, “ Ikaw ang lalaking iyon”.

Bago pinakinggan ni David ang kuwento ni Natan, nalalaman niya na siya ay nagkasala, ngunit hindi niya ito tinanggap. Hindi pa niya ito pinagdudusahan. Si Natan ay napakatalinong tao. Maaari sana siyang magpakita kay Haring David upang harapin ito bilang isang propeta sa pamamagitan ng pagmemensahe laban sa pakikiapid at pagpatay, sa halip siya ay nagkuwento.

Pansinin ang nangyari, inakusahan agad ni David ang mayamang lalaki at sinabi pa niyang ito ay karapatdapat na mamatay! Napansin agad ni David ang kasalanan ng mayamang lalaki at gumawa siya ng makatuwirang espirituwal na obserbasyon.

Pagkatapos tanggapin ni David kung ano ang katotohanan, inihalintulad ni

Natan ang kuwento sa buhay ni David upang maintindihan niya at gumawa ng espirituwal na pagsasabuhay ." Ikaw ang taong iyon", David" ito ang sinabi ni Natan. Kaya hinarap ni David ang kanyang kasalanan. " Sinabi ni David kay Natan", " Nagkasala ako sa Panginoon", At sinabi ni Natan kay David, "Pinatatawad ka na ni Yahweh at hindi ka mamamatay, ngunit dahil nilapastangan mo si Yahweh, ang magiging anak mo ang mamamatay." Ang kaparusahan ng kamatayan (na sinabi ni David kay Natan ay dapat mapunta sa mayamang lalaki) sa halip ay napunta sa anak ni David.

Ang kwentong ito sa Ikalawang Samuel ay nagpapaliwanag ng mahalagang pagkakakilanlan ng "Simply The Story", ito ay nasa kalagitnaang bahagi. Pagkatapos basahin at isapuso ng mga tao ang kuwento sa Biblia, ito ay kanilang tinalakay. Habang nakikita nila ang mahalagang bahagi ng kuwento, sila ay nagsasalita ng malakas, ito ang tinatawag na " Espirituwal na Obserbasyon" nila tungkol sa kuwento. Nanampalataya sila sa kanilang nakitang espirituwal na katotohanan sa kuwento.

Pagkatapos ibahagi ng mga tagapakinig kung ano ang kanilang nakitang mahalagang katotohanan ng kuwento, inanyayahan sila ng mga tagapagkuwento na personal nilang tanggapin, isapuso at isabuhay ang kuwentong ito. Habang tinatalakay ng mga tagapakinig ang kanilang natuklasang espirituwal na obserbasyon, ang Banal na Espiritu ay kumikilos. At sinisiguradong ang katotohanan ng kuwentong ito ay gawing personal. Ito ang tinatawag natin sa STS na Espirituwal na Pagsasabuhay."

Chapter 4

Paano Gawin ang "Simply The Story"

Sa Paggamit ng pamamaraan ng STS sa pagtuturo ay kinakailangan ang mga sumusunod na mga kaalaman.

- i. Paano ihanda ang kuwento at paano ito ikuwento ng mabuti**
- ii. Paano hanapin ang mga kayamang espirituwal sa kuwento.**
- iii. Paano bumuo at magtanong ng mga maliwanag na katanungan.**

Unang kaalaman: Paano ihanda ang kuwento (at paano ito ikuwento ng mabuti.)

Sa maraming prosesong inyong dadaanan sa "Simply The Story", ang isang pamantayan na dapat sundin ay ang manampalataya sa salita ng Dios, manampalataya tayo na ang mga kuwentong isinulat ng Dios sa Biblia ay pinaka mabuting ikuwento. Kung magkukuwento , kailangang walang dagdag na impormasyon, walang dapat kalimutan, at huwag magmensahe o magpaliwanag ng nilalaman ng kuwento habang ikinukuwento mo ito.

Pagpili ng mga Kuwento sa Biblia.

Sa ibang pagkakataon, ang namumuno ay bibigyan ka ng ikukuwento, ngunit kung ikaw ang pipili ng sarili mong kuwento, ang mga sumusunod ay ilan sa mga pamantayan.

1. Kung mayroon ka lamang isang pagkakataong magkuwento sa isang grupo, piliin mo ang kuwento na bumabagay sa kanilang mga edad at kung ilang oras silang maaaring makinig. Manalangin upang gabayan ng Banal na Espiritu sa magandang kuwentong may mga katotohanan na kailangang marinig ng grupo.
2. Noong ibinigay sa atin ng Dios ang Biblia, mayroon Siyang di mabibilang na mga kuwento ng nakaraang kasaysayan na maaaring pagpilian. Sa karunungan ng Dios pumili Siya ng perpektong kinakailangan para sa sangkatauhan. Sapagkat linikha ng Dios ang sangkatauhan, nalalaman Niya ang kanilang pangangailangan. At sa Kanyang walang hanggang karunungan, nalalaman ng Dios ang bawat kultura at paniniwalang pinagmumulan ng bawat tao. Ang nilalaman ng Biblia ay itinuturing na pinakamataas na pangkulturang kasaysayan. Sinasabi natin ito upang magbigay ideya sa bawat tagapagkuwento na ang Panginoon ay mayroong natatanging kahalagahang espirituwal sa bawat kuwento para sa lahat ng tao. Huwag ikabahala ang pagpili ng maling kuwento. Habang ikinukuwento mo ang iyong piniling estorya, ang Banal na Espiritu ang magbibigay ng mensahe sa bawat taong dumalo.
3. Sa STS hindi tayo namimili ng mga kuwento upang gamitin sa pagbabahagi ng salita at pagtuturo. Nakikita natin ang katunayan sa pagsasabuhay ng STS na ang Banal na Espiritu ay maaaring kumilos sa pamamagitan ng mga kuwento upang makarinig ang mga tao ng Banal na Salita at manampalataya sa Dios.
4. Kung magkakaroon ka ng maraming pagkakataon upang magkuwento ng mahabang panahon sa parehong grupo, pinakamabuting magsimula sa unang bahagi ng Biblia. Karamihan ng mga kuwento sa Biblia ay mayroong mga mahalagang impormasyon na nanggagaling sa mga kuwentong sinundan nito. Kaya ang paggamit ng “Chronological Storying” ang ibig sabihin ay ang pagkukuwento ng magkasunod-sunod ay mabuting paraan. Maaari ka lang pumili ng kuwento ngunit kung gagawin mo ito, mas maganda kung ibibigay mo ang ilang impormasyon upang maintindihan at magkaroon ng koneksiyon, mas magandang ihanda mo ang mga tagapakinig para sa kuwentong iyong ibabahagi sa kanila at ipaalala rin sa kanila ang nakaraang kuwento.

Kung nakapili ka na ang iyong kuwento, suriin ang ibang mga paraan upang matutunan itong ikuwento.

1. Basahin ang kuwento ng isang beses.

2. **Manalangin** upang pagkaloobang maalala at maintindihan ang kuwento at maibahagi ito ng tama na may kasiglahan.
3. **Basahin ulit ang kuwento ng malakas.** Habang nagkukuwento ka, maaari mong baguhin ang ibang mga salita. Piliin ang mga salita na gagamitin sa iyong kuwento na sa palagay mong ginagamit ng iyong mga tagapakinig. Halimbawa, sa halip na gumamit ka ng salitang “*nakakasindak*” maaari kang magpasiya na sabihing “nakakatakot” (Kung isa ka sa mga taong nakakapagbasa at nakakapagsalita ng mahigit sa isang lenguahe, mayroon kang pambihirang paraang bumasa ng malakas at matuto ng kuwento. Basahin ng malakas ang kuwento sa Biblia sa lenguahe na kahit hindi nakasulat doon. Halimbawa kung nakakapagbasa ka ng English at gusto mong ikuwento sa Tagalog, tingnan mo ang English at magkuwento sa Tagalog. Sa ganitong paraan ay hindi kailangang maalala ang lahat at ang eksaktong salita, ngunit hangga’t maaari kinakailangang maalala ito upang maging ganap na isang kuwento, at madali para sa iyo upang pumili ng mga salitang karaniwang ginagamit.)
4. **Isara ang Biblia at magkuwento ng malakas na Galing sa iyong Memorya.** Hangga’t makakaya mo, sikaping maalala ang kuwento. Huwag mag-alala kung sakaling mayroong mga bahagi ng kuwento na iyong malilimutan, huwag kang mag-alala at huwag kang huminto magpatuloy ka lang. Maaari mong idagdag ang mga nakalimutang impormasyon sa huli kung sakaling maalala mo ito. ***Ito ay pagkukuwento, ito ay hindi pagmememorya.***

Halimbawa, kung ang teksto ay nagsasabing “isinama ni Jesus sina Pedro, Santiago at Juan...” ngunit nakalimutan mo ang tatlong pangalan, maaari kang magpatuloy at sabihing “isinama ni Jesus ang tatlong alagad..” Pagkatapos habang iyong ipinagpapatuloy ang iyong pagkukuwento, kung maalala mo ang kanilang mga pangalan, sa hallip na sabihing “sila” ay maaari mong banggitin ang kanilang mga pangalan na sina “Pedro, Santiago, at Juan...” maaari mo nang maalalang lahat ang kanilang mga pangalan.)

5. **Basahin Ulit ang Kuwento ng Malakas.** Sa pagbabasa, tandaan ang ilang mahalagang impormasyong iyong idinagdag o nakalimutan. Siguradong magugulat ka kung gaano karaming impormasyon ang iyong maaalala sa kuwento. Kung mahaba ang iyong kuwento, (mahigit sa labindalawa hanggang labinlimang talata.) maaari mo itong hatiin sa dalawang bahagi upang maalala.) Maaari mo ring alalahanin ang iyong kuwento sa dalawang senaryo o mga larawan na naisaisip mo. Ikaw ay hindi nagmememorya ng mga salita, ***maaalala mo ang kuwento sa pagsunod mo ng mga larawan sa iyong isipan.***

6. **Isara Ulit ang Iyong Biblia at Magkuwento ng Malakas.** Sa pagkakataong ito, ay matutuklasan mong mas marami kang maaalalang impormasyon kaysa sa una mong pagkukuwento. Buksan ulit ang kuwento at basahin ito ng malakas at tingnan kung mayroon kang naidagdag o nakalimutang impormasyon. Kahit kaunting pagkakamali ay kinakailangang maitama. Lahat na bahagi ng kuwento, kung paano ito ibinigay ng Dios, ito ay mahalaga.
7. **Pumili ng Iyong Panimula at Panghuling Sasabihin.** Patatagin ang patutunguhan ng iyong kuwento, kung saan ka magsisimula at kung paano mo itong tatapusin. Ang pinili mong kuwento ay maaaring madaling maalala mula sa simula hanggang katapusan. Kadalasan ang iyong kuwento ay mayroong mga mahirap na bahagi na minsan ay iyong nakakalimutan kung hindi ka gagawa ng mga palatandaan sa isipan. (sa ibaba tingnan mo ang mga palatandaan sa isipan.)
8. **Palatandaan sa Isipan.** Pagkatapos mong ulitin ang pagkukuwento at siyasatin ang iyong sarili ng ilang beses, matutuklasan mo ang ilang bahagi ng kuwento na mahirap matandaan. Kung nakakalimutan mo ng maraming beses ang mga pangalan o ibang bagay sa bahagi ng kuwento, kinakailangan mong gumamit ng mga palatandaan sa iyong kuwento.
 - a. Para sa mga salita, mga pangalan o detalye sa iyong kuwento na mahirap maalala para sa iyo, magdrowing ng nakakatawang larawan sa iyong isipan. (si Jerry Lucas ay isang doctor sa Amerika para sa pagmememoria, siya ang nagpasikat ng ganitong paraan.) Halimbawa, kapag nagkukuwento ka ng tungkol kay Jonah, maaaring mahirapan kang alalahanin ang pangalan ng kanyang tatay na si Amittai. Mag-isip ng isang salita o mga salita sa iyong lengguahe na katunog ng salitang gusto mong maalala. Sa English ang tagapagkuwento ay maaaring mag-isip ng isang emaha ng lalaki na nakasuot ng “baseball mitt para sa neck tie” “ Amitt-tie” matutuklasan mo na madaling maalala ang mga salitang mahirap sa paggawa ng mga nakakatawang larawan sa iyong isipan. Kahit anong lengguahe, Tagalog, Cebuano at iba pa, maghanap lang ng mga kasingtunog na salita at nakakatawang mga larawan na makakatulong sa iyong isipan upang maalala ang mga mahirap na salita.
 - b. Ang ibang nagkukuwento ay hindi mahalaga para sa kanila ang mga pangalan. Mas maganda kung babanggitin mo ang mga pangalan sa iyong kuwento, kahit ito ay pinakamahirap na bahagi upang maalala. Nalalaman ng Panginoon na nahihirapan tayong maka-alala ng mga pangalan. Ngunit dahil sa maraming pangyayari

ay pinili ng Dios na ibigay sa atin ang mga pangalan ng mga gumaganap at lugar sa kuwento, gusto nating isama ang mga impormasyong iyan sa kuwento.

9. **Magkuwento at Tingnan kung Tama Hanggang Maging Wasto:** Ulitin ito hanggang matutunan ang kuwento ng mabuti. Patuloy mong ikuwento ang buong estorya ng malakas, pagkatapos, saglit mong balikan ang teksto tingnan mo kung nasabi mo lahat ang mga impormasyon. Palaging alalahanin na huwag munang idagdag ang mga katotohanan, kahit na makita mo ito sa iyong kuwento. Ang Panginoon ay gumawa ng desisyon na maibabahagi ang kuwento sa Biblia ng hindi lang isang beses. Ang bawat kuwento ay may kaibahan. Kung pinili ng Dios na ihiwalay ang kuwento, gawin din natin. Sa darating na panahon habang dumadami ang iyong ikinukuwento, matatagpuan mo ang mga katotohanan sa bawat kuwento at mga paraan kung paano ito nagkatugma-tugma.

Hakbang Tungo Sa Bagong Sitwasyon

Habang pinagsisikapan nating matutunan ang mga bagong kaalaman, mayroon lamang bahagi ng ating pinag-aaralan ang gusto nating isama sa ating dating pamamaraan na sa ating palagay ay mabisa..

Hayaan ninyo akong magbigay ng halimbawa: Karamihan sa aming mga boluntaryong magnggagawa ay sumang-ayong makinig sa mga bagong kaalaman sa pagtuturo na aking isinulat para sa *Simply The Story*. Bagama't ang aking plano ay makita kung may kalinawan ang isang bahagi, Ginamit ng Dios ang bahaging ito upang ipakita sa akin ang mahalagang aralin.

Upang maintindihan ang bahagi, kinakailangang matutunan nila ang kuwento, kaya tinanong ko ang dalawang mahiyaing tao na pag-aralan muna nila ang kuwento. Ang isa ay babae, at dumalo na siya at tumulong sa apat na “workshops” ng STS. Ang isa ay lalaki na nasa walumput taon na siya (na kung magtrabaho ay parang dalawampu't taon lamang!) na hanggang ngayon ay iniawasan niya ang pagkukuwento.

“kung susundin mo ang utos,” Ipinaliwanag ko, “matututunan mo ang sampung talatang ito sa loob lamang ng sampung minuto.” Ipinaalaala ko sa kanila ang pamamaraan ng STS upang matutunan ang mga kuwento. “Basahin mo ang kuwento ng malakas. Habang binabasa, ikuwento mo ito sa iyong sariling pananalita. Halimbawa, sa kuwentong ito, sa halip na sabihing “Masdan” maaari mong sabihing “tingnan” obserbahan mo kung ano ang mangyayari sa kuwento. Pagkatapos mong basahin ng isang beses, pumikit ka at sikaping maalaala upang maikuwento mo. Ang layunin mo ay upang maalaala ang eksaktong kuwento, hindi ang eksaktong mga salita. Balikan mo ang kuwento at basahin

mo ulit ito ng malakas. Mapapansin mo ang ilang bahagi ng kuwento na makakalimutan mo. Pumikat ka at ulitin muli ang kuwento ng malakas. Gawin mo ito ng apat na beses.

Inulit sa akin ang dapat gawin ng mga masunurin, mapaglingkod na mga taong ito. Sinabi nila “ Basahin ito ng malakas sa sariling pananalita, Isara ang Biblia at magkuwento,” inulit ulit nila ito.

Kaya nagsimula sila. Nagbasa sila... ng tahimik! Wala ka man lamang marinig na kahit kaunting boses. Kaya nagtanong ako. “ “ Paano sana ninyo ito babasahin?”

Silang dalawa ay sumagot, “ ng malakas”

“ Ngunit wala akong marinig?”

Sinabi ng lalaki, “ binabasa ko lang sa sarili ko”

“ ngunit kasasabi mo lang na basahin ito ng malakas. Talagang masunurin kang tao. Bakit hindi mo sinunod ang dapat gawin? “ Nagtanong ako.

“ Hindi ko alam, “ naguluhan siya, “ Siguro hindi ko lang iyan ginagawa.”

“ At ikaw,” tinanong ko ang babae, “ Alam mo ba na dapat ay basahin mo ito ng malakas?

“ opo”

“ Hindi ko maintindihan. Bakit hindi mo binasa ng malakas?”

Nahihiya siyang nagpaliwanag, “ Pakiramdam ko kasi kalokohan para gawin ito”.

Lahat kami ay tumawa. Lalo na nang malaman namin na ang kuwento ay tungkol kay Zacchaeus, ang lalaking gustong makita si Jesus mayroon siyang ginawang kalokohan. Isa sa mga katotohanan ng kanilang kuwento ay kung paanong sinunod ni Zacchaeus ang mga kautusan.!

Sa wakas, pagkatapos hikayatin, naisip din nilang maging bukas ang isipan sinabi pa nila na “ hindi ko pa kailan man ginagawa ito” at “ natatakot silang magmukhang katawatawa.” Binasa nila ang kuwento ng malakas, ipinikit ang kanilang mga mata at inulit ulit nila ang kuwento hanggang maging perpekto.

Pagkatapos nilang ulitin ito ng apat na beses, tinanong ko sila “ Maaari ka na bang magkuwento ngayon? Nakapagtataka, pagkatapos lang ng sampung minutong pag-aaral, silang dalawa ay nakapagkuwento ng halos perpekto.

“ kaya,” biniro ko ang lalaking mahigit nang walumpu, “ Palagi ka bang

nagmememorya ng mga talata sa loob ng sampung minuto?” tumawa lang siya.

Bigla na lang nagsalita ang babae, “ Hindi ko talaga natutunan ang mga kuwentong ito sa Biblia noon! Gusto kong matutunan. At sinubukan ko, ngunit hindi ko nagawa.

Nagtanong ako. “ Sinusunod mo ba ang lahat na mga utos?”

“Hindi”

Isinama namin ang pangyayaring ito upang mahikayat kayo na subukan ang lahat ng mga pamamaraan ng STS. Dahil sa oras na ito kayo ay nagbabasa nito, maliwanag na lahat kayo ay nakababasa. Alalahanin na ang pamamaraan ng STS sa pag-aaral at pakikipagkomunikasyon ay sinasalita, kaya sinasabi naming sa inyo na subukan mong gawin itong naiibang pamamaraan. Subukan lahat na paraan ng STS, ang pag-gamit ng ilang paraan lamang ay hindi nakakapagbigay ng magandang resulta sa huli. Pagkatapos mong subukan ang STS, maaaring bigyan kayo ng Panginoon ng mga maraming bagong kaalaman upang makatulong sa iyong pag-aaral at pagpipresenta ng STS.

Karagdagang Kahulugan At Pagkagusto sa Pakikinig ng Kuwento.

1. **Magbasa ka ng mga kasulatan Upang Maging Daan sa Iyong Kuwento.** Makakatulong ito sa iyo upang maintindihan ang kuwento. Ang pagbabasa ng mga talatang sinusundan ng iyong kuwento at ang mga talatang pagkatapos ng iyong kuwento ay makakatulong sa iyong pagdedesiyon kung kailangan mong maghanda ng panimula o “kunwaring sitwasyon” sa iyong kuwento.
 - a. Kadalasan ang panimula ay dapat maikli lamang, ito ay katulad ng mga nakaraang pangyayari kaysa kuwento. Kaya dapat paikliin lamang upang mapanatili ang pagkagusto ng tagapakinig.
 - b. Gumamit ka ng “kunwaring sitwasyon” kung kinakailangan upang mailagay ang kuwento sa konteksto ng panahon at kalagayan. Siguraduhing maikli lamang ang iyong panimula at mahalagang maintindihan ang iyong napiling kuwento.
 - c. Kahit anong impormasyon ang nilalaman ng kuwento, hindi na siguro kailangang isali ang bahaging ito sa “kunwaring sitwasyon”. Minsan kahit panimula ay hindi na kailangan.
 - d. Sa STS gumagamit lang tayo ng mga impormasyon na natatagpuan sa Biblia, hindi masyadong malalim na impormasyon na mula sa Griego O hebreo dahil ang impormasyong iyon ay maaari lamang gamitin ng mga taong pinili. Gusto namin mahikayat

at bigyang kapangyarihan ang mga kristiyano upang magbahagi ng mga salita sa pamamagitan ng kuwento. Ang mga tao ay kailangang mahikayat upang magamit at **magtiwala sa Kuwento**.

- e. Ang panimula ay impormasyon ng Biblia na iyong mga inilista. Pagkatapos ng iyong panimula, ipaliwanag mo na tapos na ang “kunwaring sitwasyon” at maaari mong sabihing, “*ngayon ito ang kuwento*” o “*Ito ang kuwento sa Biblia.*”
2. Iwasang gumamit ng mga **Panghalip na Pano** na katulad ng (ako, ikaw, siya ,sila, ito at iba pa)!!! Kung gagamit ka ng mga pangalan at lugar sa kuwento o pangalan ng mga bagay sa halip na sabihing “ito, siya, sila etc.” ito ay makakatulong upang maintindihan ng mga tagapakinig ang iyong kuwento. Gawin ito kung kinakailangan (at kung ito ay maaaring gamitin sa lengguahe.)
3. **Pag-isipan ang Paglalagay sa Tamang panahon ng kuwento.** (Pansinin itong “ *Paglalagay sa Tamang Panahon ng Kuwento* at ang susunod, “ *Pagsasabuhay ng Kuwento,*” ay parehong pinakamahalaga upang maintindihan ang kuwento at maikuwento ito ng mabuti.)
 - a. Mas madali tayong lahat makabasa ng kuwento sa Biblia kaysa panahon ng pagsasaulo nito. Kaya, upang maintindihang mabuti ang kuwento, basahin ito ng dahan-dahan.
 - b. Ilarawan sa iyong isip ang bawat senaryo ng kuwento. Mula sa impormasyong ibinigay sa kuwento, ilarawan sa isip kung ano ang pakiramdam at iniisip ng bawat tauhan sa kuwento.
 - c. Tandaan na kahit ang mga kuwento sa Biblia ay nangyari ito sa loob ng maraming taon, ang mga tauhan sa kuwento ay naranasan nila ang mga pangyayaring iyan sa unang pagkakataon. Bagama’t alam natin ang kuwentong binasa natin, tandaan na walang tauhan sa kuwento ang nabubuhay bago nangyari ang insidente. Kaya isaisip ang mga pangyayaring katulad ng mga naranasan ng mga tauhan sa kuwento.
4. Isabuhay Ang Kuwento. Pansinin kung ano ang ginagawa at sinasabi ng bawat tauhan kuwento at kung ano ang kanilang reaksiyon sa isa’t-isa.
 1. Ang ginagawa at sinasabi ng ibang tao ay malaki ang nagagawa sa atin, kung “makikinig” tayo ng mabuti sa kanila. Sa pamamagitan ng pag-oobserba, ang mga tagapagkuwento ay nakakaintindi at nakakapagkuwento ng eksakto na may tamang pakiramdam.
 2. Paalalahanan mo ang iyong sarili na lahat ng mga tauhan na ating nababasa sa Biblia kahit na ang mga taga panguna at propeta ng Dios ay tao lang. Kahit na marami sa kanila ang sumunod sa Dios at nagpakita ng kanilang pananampalataya sa mahirap na sitwasyon, **sa bawat pangyayari**, ang bawat isa sa kanila ay

nagdesisyon upang maniwala at magtiwala.

5. **Sabihin Lahat ang mga Sinabi sa Iyong Kuwento.** Sabihin ang mga salita kung paano ito sinabi ng mga tao (o tauhan sa kuwento). Ang pagpapahayag ng emosyon ng tauhan sa kuwento ay nagbibigay ng oportunidad magbigay buhay sa kuwento. **Pahiwatig: Kung ang emosyon ng tagapagsalita ay nakasulat sa kuwento, o maliwanag na nandoon, gamitin mo ang emosyong iyan. Hanapin mo ang galit, kalungkutan, takot, pagkabigo at iba pa. Sikaping mabigyang buhay ang bawat sasabihin ng mga gumaganap sa kuwento. Mag-ingat: kung hindi ka SIGURADO kung ano ang magiging emosyon ng gumaganap, huwag SABIHIN ang salita na sa AKALA mo iyan ang nararamdaman ng tagapagsalita. Kung mangyayari ito, madadagdagan ang kuwento, na sa Biblia binigyan tayo ng babala ng Dios na huwag gawin.**

Deuteronomio 12:32 “ Sundin ninyong mabuti ang lahat ng iniutos ko sa inyo. Huwag ninyo itong daragdagan ni babawasan.”

Kawikaan 30:5-6 “Ang lahat ng salita ng Dios ay mapananaligan at Siya ang kanlungan ng mga nananalig sa Kanya. 6 Huwag mong daragdagan ang Kanyang salita sapagkat pagsasabihan ka Niya bilang isang sinungaling.”

Mateo 15:9 “ Walang kabuluhan ang kanilang pagsamba, sapagkat itinuturo nilang galing sa Dios ang kanilang mga utos.”

6. Ipahayag ang Kuwento. Habang nagsasanay kang magkuwento, sa pamamagitan ng iyong boses kailangang maramdaman ng tagapakinig kung ano ang kondisyon at nararamdaman ng kuwento.
 1. Sa unang pagkukuwento ng mga tao, minsan sa kagustuhan nating maging “dramatic” ang tagapagkuwento ay nagsisimulang magsalita ng napakasayang boses, ngunit ipinagpapatuloy nila ito hanggang matapos ang kuwento! Ngunit kapag ito’y tumagal ay nawawalan ng gana ang mga tagapakinig. Sa tunay na buhay, walang kuwentong patuloy na masaya hanggang sa ito’y matapos.
 2. Ang totoo, ang ibang bahagi ng kuwento ay maaaring tungkol sa kalungkutan, pagkatakot, kabutihan, pagkabigo o iba pang mga emosyon na ang masayang boses ay maaaring hindi makapagbigay buhay sa kuwento. Ihayag mo ang kuwento sa pamamagitan ng mataas at mahinang boses at tamang kasayahan sa iyong boses upang ito ay bumagay sa kuwento. At ang ibang emosyon sa kuwento ay mabibigyang buhay ng tuno at ekspresyon ng boses.

3. Sa bawat lengwahe, kapag nakikipag-usap ang mga tao. Mayroong mga tunog na hindi naman mga salita na natural na nasasabi sa pagsasalita. Ang mga tunog na ito ay walang katulad sa bawat lengwahe at kultura. Maaaring ang buntong-hininga ay nagpapakita ng pagkapagod o ang paglabas ng hininga ay nagpapakita ng pagkabigo. Karamihan sa iba't ibang kultura, ang pagtunog ng dila ay nagpapakita ng emosyon. Ang mabilis na paghinga ay nagpapakita ng pagkagulat o pagkasindak.
4. Kahit ang pagtigil ng sandali o pag-aalinlangan sa pagitan ng mga salita ay makakadagdag ng pagdadrama at pagkagusto sa pakikinig ng kuwento. Halimbawa, sa kuwento ng isang ketongin, sinabi ng tagapagsalita, "Si Hesus ay iniabot ang Kanyang kamay at hinawakan ang ketongin." Kung ang tagapagkuwento ay hindi nag-aalinlangan sa pagsasalita, mawawala ang malaking oportunidad na mabigyang buhay ang sitwasyong iyan. Para kay Hesus ang paghawak ng ketongin ay katakataka, higit na nagpapakita ito ng pagkahabag. Ang tagapagkuwento ay kailangang sabihin ang mga salita ng dahan-dahan na mayroong pag-aalinlangan sa pagitan ng pag-galaw (ng tagapagkuwento) para abutin ang ketongin. Ang magandang pagkakataon sa pagitan ni Hesus at ang ketongin ay makikita ng tagapagkuwento sa pamamagitan ng kahanga-hangang boses, "Si Hesus..... Ay inabot _____ ang _____ kanyang kamay.....at.....hinawakan.....ang ketongin.
5. Hanapin ang "drama" sa kuwento. Kung ang pag-galing ay nagyayari na o mayroong kakaiba o kahit na mabibigat na pananalita ng isang tauhan sa kuwento, mag-alinlangan o huminto ka sa pagsasalita. Sa paggawa nito ay lalong mararamdaman ng mga tagapakinig ang pangyayari.
6. Karamihan sa mga kuwento ay mayroong mga ordinaryong pagsasalaysay na dumudugtong sa mga salita ng mga tagapagsalita. Ang bahaging iyan ay magandang ikuwento sa pamamagitan ng normal na boses.
7. Minsan, kahit ang mga salita ng tagapagsalaysay ay makakadagdag ng kagandahan ng kuwento. Ang mga salita ng tagapagsalaysay ay makapagpapakita ng pagbabago ng lugar o nakakakuha ng pansin sa kahanga-hangang bahagi ng kuwento. Ang mga salitang ito ay sinasabi na mayroong malalim na pagkagusto. Ang tagapagsalaysay dito ay para bang ibinabahagi ang nakatagong nakakasiyang impormasyon sa tagapakinig, kaya sinasabi ito ng malakas ngunit pabulong. Maaari kang magsalita ng mga sumusunod "Samantala" o pagdating niya" ngunit sabihin ito

ng kapansinpansin na paraan.

7. Gumamit ng “Actions”, Ipakita ang Kuwento. Ang mga “Actions” na bagay sa kuwento ay nakapagpapakita ng takot, kasakiman, pagka-agresibo, pakikipag-away, pagkagulat, katapangan, karunungan, pagkalungkot at iba pang emosyon. Ang mga emosyon ay maaaring maipakita sa pamamagitan ng “Actions”.
8. **Nakatayo o Nakaupo sa Pagkukuwento?** Sa maraming kultura at sitwasyon, mas maganda para sa mga tagapagkuwento ang nakaupo kasama ng mga taong nakikinig ng kuwento kaysa nakatayo. Ngunit hinihikayat din namin na magsanay ng pagkukuwento ng nakatayo. Makakapagkuwento ka ng maayos at makakagamit ka ng “actions”. Sa ganitong paraan, kung magkakaroon ka ng oportunidad na magkuwento sa malaking grupo o sa ibang pagkakataon na kinakailangan kang nakatayo sa pagkukuwento, ay nasanay ka nang gumamit ng mga “actions” kung magkukuwento ka habang nakaupo, makakagamit ka pa rin ng mga “actions” na iyong sinanay. Sa totoo lang sa pagkukuwento ang nakaupo ay palaging pinipili ng karamihang tagapagkuwento.
9. **Simula ng Kuwento.** Katulad ng sinabi noon, kapag magsisimula kang magkuwento, ay sabihin mong “*Ngayon ito ang kuwento*” o “*Ito ang kuwento sa Biblia*”. Sa pagsisimula mo ng kuwento, hawakan mo ang nakabukas na Biblia. Ito ay pagpapakita sa mga tagapakinig na ang iyong kuwento ay nanggagaling sa Biblia. Kapag nagkukuwento, maaari mong gamitin ang dalawa mong kamay upang madagdagan ang “*drama*” sa iyong kuwento, at habang nagsasalita, dahan-dahan mong ilagay ang nakabukas mong Biblia sa malapit na mesa o malapit na lugar na maaaring paglagyan nito. Magpatuloy sa pagsasalita habang inilalagay mo ito sa mesa. Kapag malapit nang matapos ang iyong kuwento, abutin mo ang iyong nakabukas na Biblia habang patuloy ka pang nagsasalita.
(kapag magkukuwento ka sa lugar na kung saan ay galit sa mga kristiyano, maaari ka nang hindi humawak ng nakabukas na Biblia. Sa kasong ito, magkuwento ka lang at hayaan ang Banal na Espiritu ang humipo sa kanilang puso sa pamamagitan ng kuwento at pagtalakay nito pagkatapos.
10. **Paminsan-minsan ay tingnan ang lahat.** Sa STS tinuturuan namin ang mga dumadalo nito na kapag nagkukuwento ay kailangang tingnan nila ang lahat na tagapakinig. Ang nakakatuwa, sa isang “workshop” sa ibang bansa ay mayroon akong natuklasan sa isang bagong tagapagkuwento sa grupo na sa akin lang nakatingin palagi habang nagkukuwento, tinanong ko siya kung sa kaniyang kultura ay kailangang sa mga may edad lamang o sa mga namumuno lamang siya dapat nakatingin kapag nagkukuwento sa grupo. Sumagot siya ng “Oo totoo”.

1. Salungatan sa Kultura!! Ang aming kagustuhan ay hikayatin ang

lahat na mga dumalo na makibahagi sa pagsagot at pagtatanong. Kinagabihan ay aming tinalakay ng matagal tagal ang problemang ito sa isa sa aming tagapagturo ng STS. Napagkasunduan namin na sa oras ng talakayan kailangang lahat ay makisali, bagama't mabuti ang may pag-galang sa mga nakakatanda, ngunit kailangang lahat ay mabigyan ng panahon.

2. Sa mundong ito ay mayroong maraming dios-diosan na sumasama sa kultura ng bawat nilalang. Sa STS "*Workshop*", itinuturo namin na bilang mananampalataya ay kinakailangang bigyan ng panahon ang bawat isa, mga babae, mga bata, mga taong pinabayaan o itinakwil at iba pa. Ang Biblia ay mayroong itinuturong halimbawa na katulad ng ginawa ni Hesus. Kadalasan ay inaalipusta Siya dahil sa kanyang pakikipagkapwa sa mga mababang uri ng tao. Kapag ang kultura at ang kasulatan ay mayroong hindi pagkakaintindihan, ang mga mananampalataya ay kailangang gumawa ng desisyon at mamili.

11. Sa Pagtatapos ng Kuwento. Kapag tapos na ang iyong kuwento, sabihin mo sa mga tagapakinig na " Ito ang katapusan ng Kuwento," at isara ang iyong Biblia.

12. Palaging Ikuwento ang Mga Piniling Kuwento, sa lahat na makikinig nito, hanggang maging madali na itong ikuwento. Kung walang tao, ikuwento mo ito sa iyong alagang hayop o sa mga puno. Alalahanin mo na hindi mo menememorya ang eksaktong salita, **ngunit nagsasalaysay ka ng eksaktong kuwento.**

4-B

Kaalaman II: Paano Hanapin Ang Mga Kayamanan sa Kuwento

Ang ikalawang kaalaman na kailangan mong matutunan ay kung paanong hanapin ang kayamanan sa kuwento na balak mong ikuwento.

Ano ang mga kayamanan sa kuwento ng Biblia? Tinatawag natin ito na Espirituwal na katotohanan at kayamanan na pinag-isa ng Dios sa bawat kuwento ng Biblia. Ang mga kayamanang ito ay ang magkahalong Espirituwal na obserbasyon at Espirituawal na pagsasabuhay.

Ang Espirituwal na Obserbasyon ay kung paano kumikilos ang Dios sa bawat buhay ng mga tauhan sa kuwento.

Ang Espirituwal na Pagsasabuhay ay ang mga Espirituwal na katotohanan na angkop sa ating buhay ngayon.

Pagtulong sa mga taong naghahanap na makatagpo: Naalaala mo ba ang kuwento ni Felipe at ang Eunuko? Sa Gawa binasa natin ang tungkol sa mahalagang tao, isang pinunong taga Etiopia na ingat yaman na nakasakay sa kanyang karwahe at nagbabasa ng aklat ni Propeta Isaias. Pinapunta ng Panginoon si Felipe sa eunuko upang ipaliwanag ang kasulatan. Ang pakikinig ng kuwento ay mabuti, ngunit ang pagtulong sa mga tao upang maintindihan ang nilalaman ng kuwento na kanilang narinig ay may katotohanan na galing sa Biblia.

1. Paanong matatagpuan ang kayamanang tinatawag na “Espirituwal na Obserbasyon”

Ipalagay mong nasa labas ka at nakadungaw sa bintana at nag-oobserba sa kuwentong pinili mo habang ipinaliliwanag. Hindi mo lang minamasdan ang kuwento bilang isang kuwentong nakaraan, ngunit hinahanap mo ding matuklasan kung ano ang mangyayari sa Espirituwal na buhay. Ang Panginoon ay mayroong plano sa lahat sa bawat kuwento ng Biblia. Sa mga natutunan ng mga gumaganap sa kuwento (o hindi natutunan) matutuklasan natin ang kalooban ng Dios na matutunan natin. Katulad ng ipinaliwanag noon, bilang bahagi upang maalaala at maintindihan ang kuwento ng Biblia ay ipamuhay ito.

Sa pagsasabuhay mo ng kuwento sa pamamagitan ng ginagawa at sinasabi ng mga gumaganap nito, pansinin mo rin kung paanong kumikilos ang Panginoon sa kuwento. Ang pagsasabuhay ng kuwentong ito ay

nakakatulong sa iyo upang matagpuan ang mga kayamanan o Espirituwal na katotohanan sa kuwento.

Upang matagpuan ang Espirituwal na kayamanan, balikan ang kuwento at bigyan pansin kung ano ang sinasabi ng bawat tao o grupo sa kuwento. Ang Panginoon ay kasama ng bawat tao sa kuwento upang turuan sila.

Maikling ‘Overview’ Ng Paghahanap Ng Espirituwal Na Mga Obserbasyon:

Impormasyon bago ang kuwento.

1. Kung mayroon kang nakasulat o nakarecord na kasulatan na sinusundan ng kuwento mo, una balikan mo muna iyan. Isa-alang-alang mo ang mga impormasyon bago ang iyong kuwento. Mayroon bang mga bagay na makakatulong upang maintindihan mo kung sino ang mga gumaganap, ano ang kanilang nalalaman, at ano ang kanilang mga karanasan?

Maaaring makatulong sa iyong paghahanda ng kuwento para sa pagpipresenta ng STS upang ipalagay ang bawat eksena o bagong bahagi ng impormasyon bilang larawan. Ang mga salita na lumilikha ng kuwento ay serye ng mga larawang ito. Isipin mo ang mga larawang ito kung ilalagay sa tamang pagkasunod-sunod sa “Photo Album”, isang larawan sa bawat pahina. Balikan sa isip ang kuwento, magsimula sa simula. Tingnan ng mabuti ang unang larawan bago tingnan ang susunod na pahina. Tingnan ng matagal-tagal upang maisip at Makita mo ang nilalamang Espirituwal na Kayamanan .

Tingnan ang larawan at isaisip ang mga katanungang ito.

Sa iyong kuwento, sa bahagi ng kasulatan (o pahina ng “photo album” na tinitingnan mo), itanong ang mga katanungang ito.....

1. **Pag-uugali:** Nakikita ba natin ang pag-uugali ng Dios (pag-ibig, pagtitiis, galit, paghuhukom at iba pa.) ?
2. **Pangyayari:** Anong pangyayari ang nakita sa larawang ito? Bigyan ng panahon ang sarili upang isipin kung gaano ka seryoso, o kung gaano kamangha-mangha ang sitwasyong ito. Isipin kung ikaw ang nasa sitwasyon at isipin kung ano ang mararamdaman ng mga tao. Maaring matapang, masaya, may takot, nalilito, may pagdududa, galit, may pagpapakumbaba, mataas na isipan, pag-iisip ng palaging tama sa sarili o iba pang mga emosyon. Alalahanin. Hanapin kung paanong mararamdaman ng isang tao, hindi kinakailangang Ano ang dapat maramdaman ng isang tao. Ang paghahanap na ito ng pangyayari ay nagbibigay sa atin ng kalayaang gumalaw ng malalim sa kuwento at upang maintindihan ang pagsasabuhay, ang paghinga ng mga tao na may

kasamang emosyon na katulad natin, ay naranasan ang mga pangyayaring ito.

3. **Actions:** Ano ang matututunan natin sa sinabi at ginawa ng mga larawan ng kuwento? Nakikita ba natin ang kanilang pag-uugali, iniisip, pag-asa, takot, pagdududa, o iba pang paniniwala o emosyon?
4. **Pagpili:** Ang pagpili ba ay ginawa sa larawang ito? Sa araw-araw ng ating buhay ay may kasamang pagpili. Ang mga pagpiling ito ay ginagawa muna sa isipan natin at pagkatapos ang resulta ng mga pagpili o pagpapasiya ay makikita sa ating mga gawa at mga salita. Kung ang pagpili ay nasa larawan, tama ba o hindi tama ang pagpili? Kung tama ang pagpili bigyang panahon ang sarili na isipin kung anong mga pagpili ang maaaring hindi tama. Sa kuwentong iyong inihanda, isa lamang ang nakikita mong ginawang pagpili. Mahalagang Makita ng bawa't isa sa bawat kuwento sa Biblia, ay mayroong pagpipilian.
5. **Mga Resulta:** Ano ang mga resulta ng kanilang pagpili?
6. **Nagawa sa Buhay:** Ano ang nagawa sa buhay ng mga tao sa kuwento dahil sa kanilang piniling pasiya at Paano?

Sa madaling salita, habang sinisiyasat mo ang bawat kuwento upang matagpuan ang Espirituwal na kayamanan, tanungin mo ang sarili mo ng mga bagay na katulad nito:

Anong ginagawa at sinasabi ng bawat gumaganap sa kuwento?

Ano ang ipinakikita sa akin ng taong ito?

Malalaman ko ba sa kuwento kung ang isang tao ay mananampalataya, naghahanap, may pagdududa o taong tumatanggi?

Ang pananampalataya ba o pagdududa ay makikita?

Paano ginagamit ng Dios ang mga pangyayari upang magbigay ng babala, pagtuturo o pagpapalakas ng loob?

Ang susunod, sa mga taong gusto ng mga detalyadong impormasyon, magagamit ninyo ang mahabang listahan ng mga katanungang ito upang makatagpo ng Espirituwal na kayamanan. Ang lahat ng mga ito ay mga ideya lamang kung paano kayong maghanap ng mga Espirituwal na kayamanan na matatagpuan sa kuwento.

Tanungin ang sarili:

1. *Magugulat ba ako sa kuwentong ito: mga gawa ng Dios, o mga tao, mga*

- resulta ng pag-uugali ng mga tao? Habang pinakikinggan mo ang kuwento sa paraan ng pagpipresenta ng Dios sa atin sa Biblia, tingnan kung makakadiskobre ka ng mga dahilan para sa mga nakakagulat na bahagi.*
2. *Ano ang dumating bago ang pangyayaring ito na makakapagbigay sa akin ng impormasyon kung sino ang mga gumaganap at bakit ganoon ang kanilang pag-uugali?*
 3. *Nakikita ko ba ang mga katangian ng Dios na Kanyang ipinakita katulad ng pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, galit, karunungan, katarungan, kabutihan, biyaya, awa, malasakit sa mga mahihina, pantay na pag-galang para sa mga tao o pag-ibig?*
 4. *Kaninong ipinakita ng Dios ang mga katangiang ito.. Mayroon bang itinuturo sa akin ang mga ito?*
 5. *Malalaman ko ba sa kuwento kung ang bawat isa ay mananampalataya o hindi mananampalataya?*
 6. *Tapat bang naghahanap ang mga tao sa kuwento. Mapagduda o mga tumatanggi sa Dios?*
 7. *Mayroon bang tao sa kuwento na mayroong problema? Kung mayroon, gaano kalaki ang problema?*
 8. *Paano dinadala ng mga taong may problema ang kanilang problema?*
 9. *Kung ang taong mayroong problema ay humihingi ng tulong sa Dios, Paano humingi ng tulong ang taong iyon?*
 10. *Mayroon bang pagpapakumbaba at pag-galang ang taong lumalapit sa Dios o arogante?*
 11. *Paano ito tinutugon ng Dios at ano ang pinahihiwatig sa atin?*
 12. *Pumupunta ba ang taong mayroong problema sa ibang tao upang humungi ng tulong sa kanyang problema?*
 13. *Paano hingiin ang tulong sa sitwasyong ito?*
 14. *Nagpapakita ba ng pag-galang ang mga taong may problema sa mga nangunguna?*
 15. *Mayroon bang tagapanguna sa kuwento ang sumunod sa Dios, kung mayroon, ano ang mga resulta ng kanyang pagsunod?*
 16. *Mayroon bang tagapanguna sa kuwento ang hindi sumunod sa Dios, kung mayroon, ano ang resulta ng kanyang hindi pagsunod?*
 17. *Mayroon bang tao sa kuwento ang nagbago ng kanyang pananampalataya o pag-uugali? Nagbabago ba ang tao kung mayroon siyang kaparehong karanasan?*
 18. *Ipinapakita ba o sinasabi ng mga gumaganap sa kuwento kung ano ang kanilang iniisip at nararamdaman? Mayroon bang nagpakita ng kanilang iniisip at nararamdaman?*
 19. *Mayroon ba sa mga tauhan ang nagpakita ng pananampalataya, pag-ibig, awa, galit, takot, pag-asa, masamang palagay, pagdududa, kasakiman, pagkalito, pagka-ignorante, karunungan, pag-galang, walang pag-galang, paniniwala o iba pang pag-uugali.*
 20. *Paano tinugon ng Dios ang mga paniniwala ng mga tao, nararamdaman, salita o mga gawa? at sa pamamagitan ng Kaniyang tugon, ano ang*

ipinakikita sa atin?

21. *Nagbago ba ng pag-uugali ang mga gumaganap sa kuwento?*

22. *Ano ang dahilan ng kanilang pagbabago?*

23. *Anong mangyayari kung magbabago sila ng pag-uugali at ano ang maaaring ituro nito sa atin?*

24. *Mayroon bang mga himala o kahima-himalang pangyayari sa kuwento ? kung mayroon paano ito naka-apekto sa mga tao sa kuwento?*

Kasagutan sa Pagtatagumpay ng STS. Ang **Espirituwal na Pagsasabuhay** ay batay sa **Espirituwal na Obserbasyon** na inyong natuklasan sa Kuwento.

2. Paano Matatagpuan ang Kayamanang Tinatawag na “**Espirituwal na Pagsasabuhay**”

Upang matagpuan ang mga espirituwal na pagsasabuhay, magbalik aral sa bawat obserbasyon na iyong natagpuan. Pagkatapos tanungin mo ang iyong sarili, *Sa anong paraan tayong magkakaroon ng parehong damdamin at karanasan sa mga gumaganap sa kuwento?* Tandaan kung paano pinangasiwaan ang mga pangyayari at ano ang ating matututunan sa mga ginawa ng Dios o ng mga tao.

Sa unang pagbabasa natin ng kuwento, minsan ay nakakalito ang nilalaman nito kapag sinusubukan nating alamin kung paano tinugon ng Dios ang Kanyang mga ginawa sa buhay ng isang tao sa kuwento. At minsan, iniisip natin na para ito sa sarili natin. *Magandang kuwento ito ngunit wala akong nakikitang espirituwal sa nilalaman nito.*

Alamin ito: Ang bawat kuwento sa Biblia ay naglalaman ng mga bagay na para sa atin sa kasalukuyan. Sa mga sumusunod na kasulatan, tingnan natin kung ano ang sinasabi nito sa atin ng tungkol sa mga mahalagang impormasyong inilagay ng Dios sa Biblia. Ang mga impormasyong ito ay magbibigay sa atin ng lakas ng loob upang alamin kung bakit ginawa ito ng Dios ng katulad sa kuwento at upang matutunan ang mga espirituwal na obserbasyon sa bawat kuwento ng Biblia.

2 Timoteo 3:16-17 “ Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at nagagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagtatama sa maling katuruan, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay. 17. upang ang lingkod ng Dios ay magiging karapat-dapat at handa sa lahat ng mabubuting gawain.

1 Corinto 10:11-13 “ Nangyari iyon sa kanila bilang babala sa iba, at isinulat upang tayo namang nabubuhay ngayong mga huling araw ay maturuan. **(12)** kaya’t mag-ingat ang sinumang nag-aakalang siya’y nakatayo, at baka siya matisod. **(13)** Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi nararanasan ng lahat ng tao. Tapat ang Dios, at hindi niya ipahihintulot na kayo’y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon.

Sinasabi ng mga talatang ito na lahat ng mga salita sa Biblia, kabilang ang mga salita sa kuwento, ay isinulat sa atin....at para sa atin.... Dahil alam natin na ang Dios ay hindi lang naglalagay ng mga salita sa kuwento, kaya kailangan nating tingnan ang mga kuwento sa Biblia upang malaman natin ang kahulugan sa atin ng mga impormasyon sa kuwento.

Bilang tagapagkuwento at taga gawa ng mga katanungan, mayroong mga hakbang na dapat mong gawin upang matulungan mo ang mga tagapakinig na matuklasan ang mga katotohanang iyon para sa kanilang sarili. ***Ngunit hindi mo maaaring pangunahan ang mga tagapakinig upang matuklasan ang mga kayamanan o katotohanan sa kuwento hangga’t hindi mo pa sariling natutuklasan ang mga ito.***

Bilang tagapagkuwento, kung sakaling hindi mo pa natutuklasan ang mga katotohang ito sa kuwento, mas mabuting balikan muli ang kuwento, manalangin at hingiin sa Dios ang karungungang makita ang katotohanan sa kuwento. Kung sakaling hindi mo pa rin natagpuan ang ma katotohanang ito kahit na sumunod ka sa lahat ng mga alituntunin, Ikaw ay hindi pa maaring magkuwento sa iba.

Kapag natuklasan mo na ang maraming katotohanan sa iyong kuwento, ikaw ay handa na upang magkaroon ng sariling katanungang magdadala ng mga tagapakinig upang sarili nilang matuklasan ang mga katotohanang ito.

Ang Kahalagahan ng mga Pagtatanong.

Kung naglalakad ka sa labas at nakatuklas ka ng kayamanan, magiging masaya ka! Di ba? Kapag dinala mo ang kayamanang iyan at ibinahagi mo sa iyong mga kaibigan, magiging masaya rin sila at malugod nilang tatanggapin iyon. Ngunit ang kanilang kasayahan sa pagtanggap nito ay hindi katulad ng sa iyo noong una mong matagpuan ito. Ang sariling pagtuklas ay nakakapagbigay ng higit na kaligayahan sa puso ng bawat nakakatuklas nito.

Gumamit ng mga katanungang madaling sagutin, sa unang pagtatanong sa iyong talakayan sa pagtuturo. Ito ay mahalaga sa katagumpayan ng konsepto ng pag-aaral ng Biblia sa STS.

Maraming mga tao ang hindi nakakaalam na mayroong mga kayaman sa espirituwal na katotohanan sa Biblia. Ang iba ay nakakaalam na marami ang

katotohanan sa kuwento ng Biblia, ngunit hindi nila nalalaman na mayroon silang kakayahang matuklasan iyon. Kapag gumagamit tayo ng mga madaling sagutin na mga katanungan, nahihikayat silang maghanap ng marami pang kasagutan.

Maraming mga mananampalataya ang hindi sanay magbasa at maintindihan ang mga kahulugan ng kuwento sa Biblia. Ang mga katanungang may layunin (kahit na oo/ o hindi na mga katanungan) ay ginagamit upang sariling makatuklas ang mga tao ng mga espirituwal na obserbasyon.

Sa mga taong nag-aral sa” Bible School “ o mayroong edukasyon sa semenaryo ay maaring nakakaalam kung paano nilang pag-isipan ang mga kuwento, ngunit maaaring kulang ang kanilang kaalaman sa pakikinig ng kuwento. Sa STS ay matututunan ang pakikinig , ang kuwento sa Biblia at ang pagtuklas ng mga katotohanan.

Kadalasan, ang mga taong nag-aaral ay iniisip nilang marami na silang alam ng tungkol sa Biblia! Sa iyong mga katanungan ay maaari mong isama ang pamamaraan upang sariling matuklasan ng mga taong may kayabangan, na nagkaroon sila ng pagkakamali. Sa ganitong paraan ay kanilang malalaman na marami pala ang kanilang dapat matuklasan hindi katulad ng kanilang unang iniisip. Ang karanasang ito ay makakahikayat ng karamihan na maging intresado sa pakikinig at pag-aaral.

Maraming tao ang nakakatuklas na ang kanilang unang narinig o natutunan tungkol sa kuwento ay minsan hindi tama lahat, kaya maraming mga impormasyon ang kanilang hindi narinig. Ang mga taong ito ay alam nilang kinakailangan nilang “makinig” sa mga kuwento upang makita nila kung ano talaga ang nasa kuwento.

Marami pa ring mga tao ang hindi nakakaalam na mayroong kayamananang kanilang matatagpuan sa kuwento. Sa STS, sa simula ng pag-sasanay ng mga bagong mag-aaral, kadalasan ay natuturuan na agad silang matuklasan ang mga kayamanan na minsan ay gusto naming ibigay nalang agad sa kanila. Ang mga marurunong na mga guro ay nakakaalam kung paano nilang pangunahan ang mga ito upang maisip din ng mga mag-aaral na karamihan sa mga natuklasang kayamanan ay sila ang nakatuklas. Kapag ang mga miyembro sa klase ay hindi makatuklas kahit na maliit na bahagi ng kayamanan sa kuwento, hinihikayat sila upang magsimulang maghanap ng mas marami pang kayamanan.

Ang Banal na Espiritu ang Dakilang Tagapagturo.

Sa pakikisalamuha sa mga hindi mananampalataya, ibinabahagi lang ba natin ang **Juan 3:16** at pagkatapos hindi natin ipinaliliwanag ang talata pagkatapos? Hindi ba tayo nagpapaliwanag dahil iniisip natin na ang Banal Na Espiritu ang bahalang magturo? Hindi! Kailangan nating ipaliwanag ang talatang iyan.

Alam natin na sinasabi ng Biblia na ang Banal na Espiritu ang gagabay sa atin tungo sa katotohanan. Ngunit nakakalungkot dahil sa aming pagbibiyaha sa buong mundo upang ibahagi ang STS, patuloy naming nakikita na karamihan sa mga mananampalataya ay hindi nakakaalam na mayroong mga kayamanan o mga katotohanan sa kuwento ng Biblia, ipinapaalam namin sa bawat isa na ang Dios ay tutulong sa kanila upang matuto. Kaya, ang Banal na Espiritu ay nakatayo sa harap ng bawat silid aralan, naghihintay upang magturo.

Sa STS, kapag tayo ay naghahanda ng mga kuwento, humihingi tayo ng karunungan mula sa Banal na Espiritu upang ipakita sa atin ang mga kayamanan mula sa kuwento, humihingi din tayo ng tulong kung paano gumawa ng mga katanungan upang matulungan din ang iba na matagpuan agad ang mga kayamanan o katotohanan sa kuwento. Sa pagbibigay ng mga katanungan sa mga tagapakinig, humingi din tayo ng tulong sa Banal na Espiritu upang gabayan ang talakayan. Pagkatapos, kung matuklasan na ng mga tagapakinig ang mga kayaman sa kuwento, alam namin na ang Banal na Espiritu ay kumikilos sa bawat puso ng mga nasa silid-aralan.

Kadalasan, ang mga katanungan ay nanggagaling sa iyong mga tagapakinig na dapat masagot ng kuwento o impormasyon sa Biblia. Kung alam mo ang kasagutan at makakapagbigay ka ng kasagutang nanggagaling sa Biblia, kailangan mong humingi ng karunungan sa Dios kung ibibigay mong lahat ang kasagutan o maikling kasagutan lamang, Maaaring ang sabihin mo lang ay “Magandang katanungan”. Maghintay tayo dahil papunta na tayo doon. Ngunit sa ibang panahon may plano akong magkuwento ng buong kuwento sa Biblia na tumatalakay sa inyong mga katanungan.” Karamihan sa mga hindi inaasahang mga katanungang ito ay magandang oportunidad upang masagot ang kauhawan ng mga tao, upang matuklasan ang katotohanan. Huwag mong pakawalan ang mga pagkakataong ito. Sagutin mo ang mga ito.

Ang mga tagapagkuwentong nagtuturo sa paraan ng talakayang ito ay kailangang maging sensitibo kung anong katanungan ang dapat itanong. Nalalaman ng mga matatalinong tagapanguna na kapag nagsimulang tumuklas ang mga tagapakinig ng sarili nilang kayamanan, ang mga tagapagkuwento/tagapagturo ay hindi dapat magbigay ng mga malinaw na palatandaan upang magkaroon ang mga tagapakinig ng sarili nilang pagtuklas.

(Tandaan: Sa halimbawang kuwento ni Martha/Mary at iba pang kuwento na nandito sa librong ito, maraming mga kayamanang espirituwal at pagsasabuhay ang nakasulat para sa iyo. Sa” STS Workshop” tinuturuan sila upang hindi isulat ang kanilang mga katanungan. Mayroong mga nakalista na mga katanungan sa librong ito para sa mga hindi nakadalo sa “ *Hands-on Workshop* “ na ito upang matuto ng STS, mapag-aralan nila ito tungo sa paghahanda ng proseso ng STS.)

Sa pagtalakay ng tagapagkuwento ng kuwento ni Martha/Mary, karamihan sa

mga obserbasyon at pagsasabuhay na aming inilista ay matutuklasan ng miyembro sa klase bago ka dumating sa mga katanungan upang panguhanan sila sa mga kayamanan. Sa maagang pagkatuklas ng kayamanan ng miyembro sa klase ay maganda at nagpapakita lang ito na ang mga tao ay may karanasang tumuklas.

Magpakita ng Pag-ibig.

Kung gagamit tayo ng stelo ng talakayan sa pagtuturo. Kailangan nating gamitin ang mahalagang paraan upang magtagumpay. Sinasabi sa 1 Corinto 13:1 kailangan natin magpakita ng pag-ibig. “ ***Makapagsalita man ako sa mga wika ng mga tao at ng mga anghel, kung wala naman akong pag-ibig, para lamang akong kampanang umaalingawngaw o pompiyang na kumakalampag.***”

Alamin ito: Maraming mga tao ang natatakot kapag tumatayo sa harapan ng grupo at magsalita, kailangan mong palakasin ang kanilang kalooban.

Kung minsan kayo ay nagtuturo ng mga tagapanguna o mga pastor, at alam din natin na sila ay komportable sa harap ng tao, ngunit karamihan sa kanila ay hindi naitatama sa kanilang mga kamalian sa harap ng publiko.

Kaya, kapag nagtuturo ka na gamit ang pakikipagtalakayan, maging maingat ka sa iyong mga kasagutan sa mga takot at mga tagapangunang hindi sanay sa pagtanggap ng koreksiyon sa harap ng publiko. Bilang tagapakinig, ikuwento mo ulit ang kuwento, o sagutin mo ang mga katanungan o pahalagahan ang kanilang mga obserbasyon, alalahanin ito. Kahit na hindi maganda ang katugunan ng mga tao, ang mahalaga ay ang tagapagkuwento/tagapagturo na maging maingat sa pagbibigay ng koreksiyon.

Palaging alalahanin na ang pagbibigay ng maingat na koreksiyon na may kasamang ngiti ay madaling tanggapin kaysa seryosong pagbibigay ng koreksiyon. Palaging alalahanin na ikaw bilang tagapagkuwento ay marami kang pagpipiliang pamamaraan. Maaari kang magkaroon ng paraan ng pag-iimbistiga at pagtuklas upang mahikayat silang maglabas ng kanilang mga ideya at kanilang mga naiisip... o magkaroon ng talakayan na kailangang ibigay nila ang tamang sagot.

Muli, habang pinagbubutihan mo upang maalala ang iyong kuwento at pagtatanong, isipin mo ang mga taong iyong pangungunahan. Tunungin mo sila, at alalahanin sa sarili na hindi ang iyong kaalaman ang mahalaga... ang mahalaga ay ang pagpapakita ng pag-ibig sa mga tao habang ginagamit mo ang ang iyong talino!

4-C

Kaalaman III: Paano Gawin ang Iyong Mga Katanungan

Ang pangunahing layunin at ang bunga ng pagkukuwento ng mga kuwento sa Biblia, at ang pagtalakay nito pagkatapos, ay ang mga sumusunod:

Pag-aaral ng mga katangian ng Dios at

Ano ang Kanyang kagustuhan para sa mga tao at sa sangkatauhan at pagkatapos makita ang ating pagtanggap ng katotohanan sa ating sarili.

Ang mga taong nagsisimula sa STS kadalasan ay mayroong isang perpektong katanungan upang pangunahan ang mga tao tungo sa kayamanan. Ito ay bihirang mangyari. Katulad ng kasabihang ito sa ibang bansa “ **Hindi ka pwedeng maghulog ng tinapay sa harap ng kulungan ng ibon at asahan ang mga ibon na hanapin ang kulungan**” katulad ng pangunguna ng mga tao sa pamamagitan ng mga katanungan upang matuklasan ang mga espirituwal na kayamanan, kadalasan ay kinakailangan mong magtanong ng mga simpleng katanungang makakapag bigay gabay ng mga tagapakinig tungo sa katotohanan.

Ngayon bumalik sa sa simula ng iyong kuwento. Basahin at isipin ang tungkol sa mga ginawa mong espirituwal na obserbasyon. Gawin mong katanungan ang una mong obserbasyon.

Halimbawa, kung magkukuwento ka ng tungkol sa Genesis 12:10-20, marami kang ma-obserbahan habang inihahanda mo ito, kahit sa mga unang talata.

“Nagkaroon ng matinding taggutom sa lupain ng Canaan, kaya umalis doon sina Abram at naglakbay na patimog, patungo sa lupain ng Egipto, upang doon muna manirahan. (11) Nang malapit na sila sa hangganan, sinabi niya sa kaniyang asawa, “Sarai, napakaganda mo. (12) Kapag nakita ka ng mga Egipcio, sasabihin nilang asawa kita papatayin nila ako para makuha ka. (13) Ang mabuti pa’y sabihin mong magkapatid tayo. Alang-alang sa iyo, hindi nila ako papatayin.”

Maaaring napansin mo habang pinag-aaralan mo ang kuwento na sa simula, Si Abraham, na dapat ay nagtiwala sa Dios, ay nagpakita ng takot. Umalis siya sa ipinangakong lupain dahil sa taggutom, pumunta sa Egipcio at sinabi kay Sarai na magsinungaling upang maprotektahan siya. (Ang iba ay mayroong nakikitang problema sa obserbasyong ito sa panahon ni Jacob at ang pamilya niya na pinangunahan ng Dios upang pumunta sa Egipcio. Ngunit ang salitang “*pinangunahan ng Dios*” ay nagpapakita ng pagkakaiba sa dalawang sitwasyon.)

Maaaring gumawa ka ng Espirituwal na pagsasabuhay na batay sa mga obserbasyong iyon. Maaari mong makita na ang Dios ay nagbigay ng mga pangako sa lahat ng tao na batay sa ating pupuntahan at titirahan sa pagsunod

ng mga kasulatan. At pagkatapos ay makikita mo ang pagsasabuhay kung paano tayo gumawa ng masamang paghatol pagdating ng problema na minsan ay humihingi tayo ng tulong sa makamundong paraan sa halip na komunsulta sa Dios. At maiisip din natin na marami tayong pagkakasala na katulad ng sabwatan, pagsisinungaling at kasama ang mga nagitiwala sa atin sa ating mga kasalanan.

Mga Katanungan sa Kuwento: Ito ang mga katanungang makakapagbukas ng maraming matutuklasan batay sa mga espirituwal na obserbasyong ito.

- a. Mula sa kuwentong ating natutunan at natalakay noon, Saan pinapunta ng Dios si Abraham at Ano ang Kanyang sinabing gagawin kay Abraham sa lugar na iyon?
- b. Nakita natin na ang taggutom ang dahilan upang lisanin ni Abraham ang ipinangakong lupain at pumunta sa Egipcio upang humingi ng tulong. Ano pa kaya ang maaaring gawin ni Abraham maliban sa pag-alis sa lugar kung kukulangin ng pagkain?
- c. Anong emosyon o damdamin ang nakapigil kay Abraham sa kuwentong ito? Ano ang nakikita mo nang sabihin ni Abraham kay Sarai ang tungkol sa kanyang pagsisinungaling sa mga taong nanininrahan sa Egipcio?
- d. Sa kuwentong pinag-usapan natin, nangako ba ang Dios kay Abraham na makakatulong sana sa kanya upang maging matapang at hindi matakot? Ano ang mga iyon? Saan nagtiwala si Abraham?
- e. Sinong malapit kay Abraham ang nasaktan dahil sa kanyang kasalanan? Ipaliwanag.

Ngayon batay sa mga espirituwal na obserbasyon na natuklasan ng mga tagapakinig sa pamamagitan ng talakayan, tingnan mo ang mga sumusunod na mga halimbawang katanungan upang matuklasan ang mga espirituwal na pagsasabuhay.

- a. Binigyan ng Dios si Abraham ng kautusan na magtungo sa lugar na kung saan sila ay pagpapalain. Mayroon bang utos sa atin ang Dios kung saan tayo titira at doon tayo ay pagpapalain? Maaaring wala. Ngunit makakatuklas ba tayo ng mga pamamaraan upang malaman natin kung anong lugar ang gusto ng Dios sa atin upang manirahan upang pagpalain? Katulad ng?
- b. Kapag nawawala ang ating pananampalataya, kanino tayo tumatakbo upang humingi ng tulong sa halip na sa Dios?
- c. Anong mga hindi inaasahang pangyayari sa ating buhay na mag-uudyok sa atin upang iwanan ang ating lugar, sa pagsunod sa Dios sa buhay natin?
- d. Kapag dumarating ang mga pagsubok sa ating buhay, ano ang dapat nating gawin?

- e. Ano'ng mga emosyon ang pinaghahari natin sa ating buhay kapag dumarating ang mga pagsubok? Ano'ng mga emosyon ang dapat maghari sa ating buhay?
- f. Sa kahit anong kuwento sa Biblia na ating napakinggan, nangako ba ang Dios upang magtiwala ang mga tao sa ngayon?
- g. Kapag tayo ay nagkakasala o nawawalan ng pananampalataya sa Dios, apektado ba ang ibang tao? Magbigay ng mga halimbawa.

Ilan lamang ito sa mga obserbasyon at pagsasabuhay na mga katanungan na maaari mong itanong sa unang bahagi ng kuwento sa Genesis.

Tandaan ito: Bagama't mayroon kang nakahandang katanungan upang pangunahan ang mga tagapakinig sa kayamanang iyong natagpuan, Dapat mo rin sagutin ang mga katanungan, mga obserbasyon at mga kasagutan ng iyong tagapakinig. Maaaring makakita sila ng ibang kayamanan o mga katanungan tungkol sa kuwentong iyong tinatalakay. Magtanong ka, Hayaang derektang mangusap ang Banal na Espiritu sa mga tagapakinig.

Pag-aralan ang Halimbawabang Kuwentong ito.

Bumalik ka sa kaalaman I, at gamitin mo ang mga impormasyon upang matutunan ang kuwento sa Lucas.

Lucas 10:38-42 “ Si Jesus at ang Kanyang mga alagad ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay, at pumasok sa isang nayon. Malugod silang tinanggap sa tahanan nina Marta **(39)** at ng kapatid niyang si Maria. Naupo ito sa may paanan ng Panginoon upang makinig sa kanyang itinuturo. **(40)** Si Martha naman ay abalang-abala sa paghahanda, kaya't lumapit siya kay Jesus at dumaing, “Panginoon, bale-wala po ba sa inyo na pinababayaang ako ng kapatid kong maghanda nang nag-iisa? Sabihan nga po ninyo siyang tulungan naman ako.” **(41)** Ngunit sinabi ng Panginoon sa kanya, “Martha, Martha, nababalisa ka at abalang abala sa maraming bagay, **(42)** ngunit iisa lamang ang talagang kailangan. Mas mabuti ang pinili ni Maria at ito'y hindi aalisin sa kanya.

Ngayon na ang Tamang Panahon Upang Magkuwento sa ibang Tao!

Pagpipresenta ng Unang bahagi: Magkuwento ng Tatlong Beses (Ang pagpapakinig sa kanila ng kuwento ng tatlong beses ay makakatulong upang matutunan ang kuwento at upang masagot nila ang mga katanungan.)

1. **Ikuwento mo ang Kuwento**
2. **Ipakuwento mo ulit ang kuwento at**
3. **Balikan ulit ang kuwento** (Ikukuwento mo ulit ang kuwento, ngunit humingi ng tulong sa mga miyembro sa klase na tulungan ka sa pagkukuwento.)

Unang Beses- Ikuwento Mo ang Kuwento

Ikuwento mo ang kuwento ng eksakto at kasiya siya. Gumamit ka ng maraming “actions” upang maipaliwanag ang kuwento habang nagsasalita. Magsanay ka ng pagkukuwento sa mga tumutulong sa iyo bago ang pagkukuwentong ito.

Minsan, habang nagkukuwento ka, ang mga tumutulong sa iyo ay maaaring magamit bilang isang tauhan sa iyong kuwento. Ang mga tumutulong ay maaaring makagawa ng mga tunog upang maidagdag sa kuwento, ngunit palagi kang magsalita habang sila naman ang gumagawa ng “actions” Dahil iisa pa ring tagapagkuwento ang maririnig ng mga tagapakinig, at mauulit nila ang kuwento sa iyo, at kung iisang tagapagkuwento lamang ang kanilang maririnig madali nila itong maikuwento sa kanilang pamilya pag-uwi nila.

Paalala: Kung papagsalitain mo ang ibat-ibang tumutulong sa iyo, magiging drama ang mangyayari. Bagama’t maganda rin ito ngunit mawawalan sila ng abilidad na maikuwento ulit ang kuwento.

Ikalawang Beses- Ipakuwento ulit ang Kuwento . (Dalawang pagpipilian)

Pagpipilian 1: Sabihin, kumuha ka ng ka-partner , maaari mong kunin ang taong sumunod sa iyo at ikuwento mo ulit ang kuwento at ganon din ang ka-partner mo kailangan din niyang magkuwento ulit.

Pagpipilian 2: Magtanong ka kung sino ang gustong magkuwento. Kung ang mga tagapakinig ay nahihiya, bigyan mo pa sila ng kaunting panahon at maaari mong sabihin..... ***Sige na..... ikuwento mo lang kung ano ang iyong naaalala at tutulungan ka ng ibang tagapakinig.*** Pumalakpak kapag mayroon nang naglakas ng loob. Palakasin ang loob at ipakuwento na agad ang kuwento. Sabihin din na makinig silang lahat.

Pagkatapos kapag naikuwento na ng mabuti ang kuwento, ipakita mo na masaya ka dahil sa kanilang ginawa at sabihin mo rin maganda ang kanilang pagkukuwento. Minsan kung maganda ang kanilang pagkukuwento ulit, baka sabihin mong “ ***ngayon ay susubukan ko kayo***” Tanungin mo sila kung mayroon pa silang maidadagdag lalo na kung mayroong mga nakalimutang impormasyon sa pagkukuwento ulit. Paminsan minsan ay nguniti, habang nagtatanong.”

Kadalasan, ang mga nagkukuwento ulit ay hindi makaalala lahat ng kuwento at minsan ay hindi pa rin nila ito maikuwento ng mabuti. Kung mangyayari ito huwag hayaang magbigay ng koreksiyon ang ibang tagapakinig. Dahil mapapahiya ang taong magkukuwento ulit kung maraming koreksiyon ang kaniyang maririnig. At mahirap maisaayos ang kuwento kung maraming pagkakamali.

Gayon pa man, kahit gaano kaganda o kapangit ang pagkukuwento ulit, magbigay ng mga papuring salita. Maaari mong sabihin ang mga sumusunod: “Salamat sa pagiging matapang” “ Maganda ang pagkukuwento mo” “ Maganda ang pagkukuwento mo sa naalala mo” “ gusto ko ang pagdadramatize mo” o iba pang mga papuring salita.

Kapag dinagdagan ng tagapagkuwento ulit ang impormasyon, kailangan din banggitin iyon, ngunit sabihin ito ng hindi mapapahiya ang tagapagkuwento ulit. Katulad nito “ ***Nagmamadali ka naman” Ang dami mong nalalaman sa kuwento ah Pero mukhang wala iyan sa ating kuwento.***”

Kapag mahaba ang kuwento, ang isang paraan upang mayroon mag kuwento ulit ay sabihin ang ganito “ Sino ang gustong magsimula ng kuwento? At pagkatapos tatanungin natin ang iba upang ituloy ang kuwento hanggang sa matapos ito. (kung kakaunti lang ang oras mo, huwag itong gawin, pumunta ka agad sa *Presentation 3*.

Ikatlong Beses- Balikan ulit ang Kuwento.

Ito ang iyong ikatlong pagkukuwento. Ikinuwento mo ang kuwento, ipinakuwento sa iba at ngayon pagtutulungan ninyong ikuwento ulit ang kuwento. Ang ganitong paraan ng pagkukuwento ay hihikayatin mo ang lahat na magsalita. Tatanungin mo sila na para bang hindi mo naaalala ang kuwento sa ganitong paraan lahat ay magtutulungan upang maalala ang kuwento. Alalahanin na isa ito sa pagkukuwento ulit ng kuwento.

Kaya simulan mo ang kuwento at huwag mong tatapusin ang bawat pangungusap, mag-alinlangan sa pagsasalita upang ang tagapakinig ang siyang magpuno nito ng mga impormasyon.

Halimbawa, maaari mong sabihin.....***Si Jesus at ang Kaniyang mga disipulo ay pumunta sa isang bayan at doon nakita nila ang isang babae na nagngangalang umm..... hintayin mo silang sumagot ng” Martha “ sabihin mo “Tama” at magpatuloy.***

Magtanong, ***Sino ang inanyayahan ni Martha?*** Pagkatapos nilang sabihing “ ***Inanyayahan ni Martha si Jesus na pumunta sa kaniyang bahay***” sabihin mo “Tama”

Minsan ay hihinto ang tagapagkuwento sa kuwento at tinatanong ang mga tagapakinig na ikuwento ang susunod na bahagi ng kuwento Halimbawa “ ***Si Martha ay mayroong kamag-anak na binanggit sa kuwento. Sino siya at ano ang masasabi natin sa kanya?*** Kapag sinagot nila ng ganito “ ***Si Mary ay kapatid ni Martha, at umupo si Mary sa paanan ni Jesus upang makinig sa Kanyang pagtuturo.*** Sabihin mong “tama”

Sabihin mo, Mayroon bang problema si Martha? Ano iyon?

Kaya upang magpatulong sa mga tagapakinig sa ganitong paraan, palagi kang mag-alinlangan sa pagkukuwento na para bang hindi mo naaalala ang susunod na bahagi ng kuwento. Gamitin ang “**Fill –In- the-gap**” style (*kompletuhin ang pangungusap*) o “**tell-the-next part**” style. (*ikuwento ang susunod na bahagi ng kuwento*) upang mahikayat ang grupo na ikuwento sa iyo ang kuwento.

Kung hindi sumasagot ang mga tagapakinig pagkatapos mong mag-alinlangan sa pagsasalita, sabihin mo ang sagot ng dahandahan at bigyan mo rin ng oportunidad ang lahat ng tao upang maalala ang kuwento.

Sa pagbibigay ng mga kasagutang salita sa iyong mga katanungan, maipapaalaala mo ang susunod na bahagi ng kuwento sa mga tao. Mahalaga na ang iyong mga katanungan ay mayroong mga salitang makakatulong sa pagsagot. Dahil ang mga salitang iyon ay palatandaan upang makasagot agad ang mga tagapakinig.

Kung Walang Salitang Makakatulong sa Pagsagot: Halimbawa, sa pagbabalik aral ng kuwento, “at si Martha ay nagsabi ng ano?” ang tagapakinig ay makakasagot agad ng ganito “***Sinabi ni Martha, “ Puntahan mo si Mary at sabihan na tulungan ako.”*** Totoo na sinabi ni Martha na “ Puntahan mo si Mary at sabihan na tulungan ako”, kaya ang tagapakinig ay makakapagbigay ng tamang sagot. NGUNIT BAGO sabihin ito ni Martha, “Sinabi ni Martha sa Panginoon” “ ***Panginoon, bale wala po ba sa inyo na pinababayaan ako ng kapatid kong maghanda nang nag-iisa?*** “ sa ganitong paraan sa iyong pagbabalik aral, pinahihintulutan mo ang mga tagapakinig na malayo ang kanilang marating sa kuwento.

Kung Mayroong Kasagutang Salita: Upang matulungan ang mga tagapakinig na maibigay ang gusto mong kasagutan, maari kang magtanong na maipapaalaala mo sa kanila ang nilalaman ng kuwento. Halimbawa “ ***Nagtanong si Martha kay Jesus ng Ano?***” sa paggamit ng salitang tanong sa iyong katanungan, nagabayan mo ang mga tagapakinig na maalala ang itinanong ni Martha kay Jesus.

Upang matulungan ang iyong mga tagapakinig upang makahanap ng mas maraming kasagutan na nakakapagbigay sa kanila na magsalita, subukan mo ang tanong na ito. “ Noong tinawag ni Martha si Jesus; Anong titulo ang kaniyang ginamit? Sasabihin nila “*Master*” o kaya “*Panginoon*”. Kung sasagot sila ng “*Panginoon*”, sabihin mo “*tama*” kung sasabihin nila “*Master*” maaari mong sabihin “*Tama, tinawag ni Martha si Jesus na Panginoon*” kahit na isinagot ng mga tagapakinig ay “*Master*” ang taong iyon ay mayroon pa rin magandang ideya. Pinalalakas mo ang kanilang loob upang sumagot, ngunit itinatama mo rin

ang kanilang kasagutan sa magandang paraan upang maging eksakto ang kuwento.

Sa pagbabalik tanaw mo ng kuwento, sa simula hanggang sa katapusan, itanong mo ang mga sumusunod: *“Sino ang nag-anyaya kay Jesus sa kanilang bahay? Anong ginagawa ni Mary sa kuwento? Anong ginagawa ni Martha? At nagkaroon ng problema. Ano ang problema? Noong nakipag-usap si Martha kay Jesus, ano ang tawag niya kay Jesus? Paano inayos ni Martha ang problema? Ano ang sinabi ni Jesus sa kaniya?”*

Sa ikatlong pagkukuwento, ang kuwento ay dapat maisaisip ng mga tagapakinig. At ang mga tanong na hindi mahirap ay nagbibigay ng lakas ng loob ng mga tagapakinig upang sumagot ng malakas na boses sa mga tanong ng tagapagkuwento. Kapag sinasagot ng mga tao ang mga madaling katanungan na katulad nito, nadadagdagan ang kanilang pagtitiwala sa sarili. Ang pagtitiwalang ito sa sarili ay kinakailangan sa susunod na bahagi ng STS, dahil magbibigay ito sa atin ng hamon. Sa pamamagitan ng talakayan, ang mga tagapakinig ay kinakailangang humanap ng mga kayamanan sa kuwento at bibigyan sila ng pagkakataon upang ibahagi sa grupo.

(Kung mahaba ang kuwento, halimbawa mahigit na dalawampung talata, maaaring pagsamasamahin na ang ibang bahagi ng kuwento. Marami ang maikling pamamaraan sa bawat bahagi ng kuwento, at ang mga pagtatanong upang pangunahan sila sa espirituwal na obserbasyon at pagsasabuhay.

Ngayon ay pumunta na tayo sa Pagpiprisenta ng Ikalawang Bahagi, Ang Paghahanap ng nakatagong Kayamanan.

Kabanata 6

Pagpiprisenta ng Ikalawang Bahagi: Paghahanap ng Nakatagong Kayamanan sa Kuwentong Ito.

Paghahanap ng Nakatagong Kayamanan 1. – Paghahanap ng Espirituwal na Obserbasyon sa Kuwento.

Sa pag-aaral ng kuwento, maaaring nagkaroon ka na ng espirituwal na mga obserbasyon.

1. Noong nahihirapan si Martha sa kanyang paghahanda, gumawa siya ng hindi tamang mga desisyon. Kahit na siya ang nag-anyaya, sinisi niya ang iba sa kanyang kalagayan. Inakusahan niya si Jesus na bale wala sa Kaniya, Inutusan niya si Jesus, ngunit nakalimutan niyang humingi ng tulong kay Jesus.
2. Tinawag ni Martha si Jesus na “Panginoon” ngunit ang kaniyang ikinilos ay parang nakakataas siya kay Jesus.

3. Si Jesus ay hindi tumugon ng negatibo kay Martha kahit na nagpakita ito ng pagkawalang galang.
4. Ang ginawa ni Jesus ay Kanyang iwinasto si Martha, pagwawasto na mayroong pagmamahal.
5. Iniisip ni Martha na ang kaniyang ginagawa ay kinakailangan, ngunit sinabi ni Jesus na si Mary ay pinili ang isang bagay na mahalaga.
6. Si Martha ay malayang pumili ng gusto niya.
7. Si Mary ay pinili niya si Jesus na labag sa kanyang kultura at ang mga inaasahan sa kanya ng ibang tao.
8. Hindi babawiin ni Jesus ang pinili ni Mary.

Paghahanap ng Nakatagong Kayamanan 2.- Paghahanap ng Espirituwal na Pagsasabuhay sa Kuwento.

Ngayon, batay sa mga Espirituwal na Obserbasyong ito na iyong natagpuan, balikan mo ang kuwento at hanapin mo ang mga nakatagong mga kayamanan ng Espirituwal na Pagsasabuhay. Ang mga sumusunod ay maaaring nakita mo na.

1. Huwag piliin ang sobrang gawain na minsan nawawala ang pinakamahalagang panahon na kinakailangan mo upang pag-aralan ang mga Salita ng Dios.
2. Nakakalungkot, kapag mayroon tayong suliranin sa buhay ay minsan sinasabi pa natin “ ***Panginoon bale wala po ba sa inyo.....?***” Ang paghingi ng tulong sa Dios ay maganda, ngunit ang pag-aakusa sa Dios ng bale wala sa Kanya ay nakakasakit iyon sa Kanyang damdamin.
3. Kapag nagpapasiya tayong mamili upang gawin ang hindi natin kaya, ito ay kalokohan upang akusahan ang Dios tungkol sa pagbabale wala sa ating ginagawa.
4. Dapat ba nating hilingin sa Dios kung paano lutasin ang ating mga problema?
5. Pagkatapos gawin ang mga trabahong hindi natin kaya o trabahong para sa Dios kahit hindi naman Niya iniutos, Tama bang sabihin sa iba na huwag ka munang mag-aral ng mga salita ng Dios dahil kailangan kang tumulong sa akin sa mga gawain?
6. Maraming beses ay nag-aalinlangan tayo sa pag-ibig ng Dios sa atin sa mga pagkakataong hindi nagaganap ang kagustuhan na iniisip natin na dapat ay mangyari.
7. Kahit nawawalan tayo ng paggalang sa Dios, ipinapakita pa rin Niya ang kanyang kabutihang loob, Si Jesus ay matiyaga at nagdusa ng matagal sa Kanyang pagpapaliwanag ng mga kamalian natin.
8. Ang tunay na pagmamalasakit at personal na relasyon ni Jesus kay Martha ay ipinakita noong tinawag Niya siya sa kanyang pangalan, kaya kilala tayo ng Dios, alam Niya ang ating mga pangalan at nakikipag-usap Siya sa atin ng personal.
9. Ang paghahanda sa kusina o pagsisilbi, o paggawa ng maraming gawain sa Dios o “*Ministry*” ay hindi mali, ngunit kung ang ating ginagawa ay

nakakapagpalayo sa atin upang makapakinig ng salita ng Dios, hindi maganda ang ating pinipiling gawain sa ating buhay.

10. Sa pagsasalita ni Jesus tungkol sa ikinilos ni Martha, Sinabi Niya na Pinili ni Mary ang isang bagay na pinakamahalaga. Malinaw na gusto ni Martha na huminto si Mary sa kanyang ginagawa upang tulungan siyang magsilbi. Iniisip ni Martha na mahalaga ang kanyang ginagawa. Minsan inaakala natin na ang ginagawa natin ay mahalagang bagay, ngunit hindi naman mahalaga para sa Dios na gawin ang mga iyon.
11. Minsan mayroong mga sitwasyong tayo ang nasusunod, nakakalimutan nating konsultahin ang Dios kung iyon ba ang Kanyang kagustuhan para sa atin. Gumagawa tayo ng sariling pasiya kung ano ang mahalaga at inaakalang tama, na minsan parang inilalayo pa natin ang ibang tao upang makapakinig ng salita ng Dios.
12. Sinabi ni Jesus na mas mabuti ang pinili ni Marta dahil hindi ito aalisin sa kanya. Ang salitang ito ay nagpapatunay lamang na ang ginawa ni Marta ay maaaring mawala pa. Sa huling pagpapasiya, tinitingnan ng Dios kung ano ang ginawa natin sa ating buhay, maaaring ang ating piniling pasiya para gawin sa Dios ay hindi magandang desisyon, sinasabi sa atin ni Jesus sa Kuwentong ito na ang pag-aaral sa Kanya ay ang magandang pasiya..
13. Mayroong pagkakataon na minsan ay kailangang mamili kahit labag sa ating kultura at pamilya, at labag sa kung ano ang inaasahan sa atin ng ibang tao kung pipiliin natin ang tungkol sa espirituwal na bagay.

Ngayong sarili mong nang natagpuan ang nakatagong kayamanan, balikan mo ulit ang simula ng iyong kuwento at magsimula kang gumawa ng mga katanungang gagabay ng mga tagapakinig upang sarili nilang matuklasan ang mga nakatagong kayamanan.

6-B

Paggawa ng mga Katanungan upang Matuklasan ang Espirituwal na Obserbasyon.

Ang mga sumusunod na mga katanungan ay makakatulong upang matuklasan ang ilan sa mga Espirituwal na Obserbasyon at Pagsasabuhay na natuklasan sa kuwento nina Marta at Maria sa ginawang workshop ng STS sa buong mundo. Ang isang bahagi o lahat ng pagtuklas ay maaaring ipresenta habang itinuturo mo ang kuwento. Marami pang mga nakatagong kayamanan ang ating matutuklasan habang patuloy na ipinapakita sa atin ng Banal na Espiritu ang kayamanan ng Salita ng Dios.

Ang mga sumusunod na may numero ay mga obserbasyon. Ang mga pangungusap sa *italics* sa bawat obserbasyon ay mga pangungusap na

maaaring itanong ng tagapagkuwento sa grupo. Ang pangungusap na hindi sa *italics* ay posibleng mga kasagutan o nakatagong kayamanan na maaaring matuklasan ng grupo.

1. *Sa kuwentong ito, ay pinuri ni Jesus ang ginawa ni Maria, ngunit pinuna naman ang ginawa ni Marta. Tama ba ako? (hintayin ang sagot). Ngayon ay naguguluhan ako! Ang mabuting pagtanggap ba sa panauhin ay mabuting kaugalian? (hintayin ang sagot). Ang paghahanda ba ng pagkain para sa panauhin ay mabuting gawin? (hintayin ang sagot). Kung magpapasiya tayo na ang kuwentong ito ay nagpapakita sa atin na mas magandang mag-aral ng Biblia kaysa magluto, sino ang magluluto ng pagkain para sa kalalakihan? (hintayin ang sagot). Para sa kalalakihan, tama ba na sabihin mo sa inyong mga asawa na maghanda ng pagkain para sa mga panauhin kaysa sumali sa pag-aaral ng Biblia? At pagkatapos ay sasabihin mo sa kanila na itinuturo sa kuwentong ito na gumagawa sila ng hindi mahalagang mga bagay?(hintayin ang sagot) Samakatuwid, bakit masaya si Jesus kay Mary at hindi kay Marta? Alam natin na si Jesus ay palaging nagsasalita ng katotohanan, ngunit ano ba talaga ang katotohanang kanyang sinasabi? Maaari ba natin balikan ulit ang kuwento?*
2. *Sino ang sinabi nating nag-anyaya kay Jesus sa kanyang bahay? (hintayin ang sagot) Mayroon bang sinabi sa kuwento na magpapakita sa atin kung alam ni Marta na si Jesus ay isang taong espesyal? (hintayin ang sagot). Maaaring sabihin ng mga tagapakinig na si Marta ang nag-anyaya kay Jesus sa kaniyang bahay, at tinawag ni Marta si Jesus na Panginoon, si Maria ay nakinig ng pagtuturo ni Jesus o kaya sabihin nila na noong sinundo ni Marta si Jesus ay mayroon Siyang kasamang mga disipulo, kaya naisip nila na ordinaryo lang si Jesus. Ang lahat ng mga kasagutan ay tama.*
3. *Nakita natin sa kuwento na ang kapatid ni Marta na si Maria ay nakaupo sa paanan ni Jesus at nakinig sa Kaniyang pagtuturo. Ano ang kahulugan para sa iyo ng “nakaupo sa paanan ni Jesus”? (hintayin ang sagot). Ang pag-upo sa paanan ng isang tao ay isang paraang paglalarawan ng isang matapat na relasyon sa pagitan ng mag-aaral at ng guro. At nagpapakita rin ito ng pangako at pagkilala.*
4. *Anong itinawag ni Marta kay Jesus? (hintayin ang sagot). Ano ang kahulugan ng Panginoon? (hintayin ang sagot).Ano ang ipinapakita sa atin ng tungkol sa pagkakakilala ni Marta kay Jesus? (hintayin ang sagot) Samakatuwid alam ni Martha na espesyal si Jesus, na dapat niyang tingalain bilang kataas taasan . Sinabi niya na “ Siya ay Panginoon” ngunit nanatili siya sa kusina at patuloy na nagtrabaho at hindi nakinig sa Kanya? Anong masasabi mo ng tungkol sa kanyang ikinikilos? (hintayin ang sagot) Saang bahagi ng kuwento hindi tumutugma ang kanyang sinasabi at ang kanyang kilos.?*

5. *Sinasabi sa kuwento na si Marta ay maraming ginagawa at pinabayaan siyang magsilbe ng mag-isa. Malalaman ba natin sa kuwento kung gaano kadami ang inihahanda niyang pagkain? (hintayin ang sagot) Simple lang ba ang inihahanda niyang pagkain? Katulad ng paghahanda lang ng prutas, tsaang cookies, o naghahanda ba siya ng napakaraming pagkain? (hintayin ang sagot). Kaninong ideya ang pag-anyaya kay Jesus sa kanyang bahay? (hintayin ang sagot). Mayroon akong tanong. Kung naisip ni Martha na mayroong mahalagang ituturo si Jesus, hindi ba nakakagulat na pinili niyang maghanda ng pagkain na mauubos ang kanyang oras sa paghahanda? Anong masasabi ninyo ng tungkol sa kanyang pasiya? (hintayin ang sagot). Alam din natin na nagreklamo si Marta kay Jesus na marami siyang ginagawang trabaho ngunit siya ang nagpasiya upang ubusin ang lahat ng kanyang oras sa pagluluto! Tama ba ang kanyang iniisip? (hintayin ang sagot).*
6. *Mayroon pa akong tanong. Ano ang eksaktong sinabi ni Marta kay Jesus? (hintayin ang sagot). Sinabi niya (“bale wala po ba sa inyo”) Ano ang ipinapakita sa atin ng kanyang sinabi? Mayroon ba siyang pananampalataya kay Jesus? (hintayin ang sagot).*
7. *Ano sa palagay mo ang solusyon ni Marta sa kaniyang problema? “ Jesus, sabihan mo si Maria na tulungan ako” (hintayin ang sagot). Paano trenato ni Marta si Jesus? Na Panginoon Siya? (hintayin ang sagot). Tama ka, kumilos siyang parang “boss” ni Jesus at si Jesus ang tagapaglinkod sa kaniya.! Anong ipinapakitang Espirituwal na kaalaman ni Marta? (hintayin ang sagot).*
8. *Habang pinapakinggan natin ang mga sinasabi ni Marta, at ang mga sinabi ni Jesus sa kaniya, nakikita mo ba ang dahilan kung bakit pinupuna niya si Marta at maganda naman ang sinasabi Niya kay Maria? Si Jesus ay mayroon lamang isang sinabi, Ano iyon? (hintayin ang sagot).*
9. *Sa makatuwid, sino ang dalawang sinisisi ni Marta dahil sa kanyang maraming trabaho? (hintayin ang sagot). Oo, si Maria at si Jesus! Paano Sila sinisi ni Marta? (hintayin ang sagot). Sinabi ni Marta kay Jesus “ Panginoon bale wala po ba sa inyo na pinababayaan ako ng kapatid kong maghanda nang nag-iisa?” at, tandaan na tuwiran niyang sinabi na pinababayaan siya ng kaniyang kapatid, ngunit alalahanin, sino ang nag-anyaya? (hintayin ang sagot) Sino ang pumili na maghanda ng maraming pagkain? (hintayin ang sagot) Sa kuwentong ito, kanino lang pangalan ang hindi kasama sa mga responsable ng maraming trabaho ni Marta? (hintayin ang sagot). Oo si Marta ay hindi niya isinama ang pangalan niya bilang responsable sa pagkakaroon niya ng maraming trabaho.*
10. *Pansinin natin na hindi lang sana si Marta ang hindi nag-aral ng mga salita ni Jesus dahil sa kaniyang ginawa. Maaari ba ito makaapekto sa iba? (hintayin ang sagot). Oo. Maaaring hindi na makinig si Maria sa*

- pagtuturo ni Jesus. Ipaliwanag kung bakit hindi tama ang solusyon ni Marta. (hintayin ang sagot)*
11. *Anong paggalang ang ipinakita ni Marta kay Jesus? (hintayin ang sagot). Ang paraan ng pakikipag-usap ni Marta kay Jesus ay nagpapakita ng hindi paggalang. Una inakusahan niya si Jesus ng pagbabale wala sa kaniyang problema at pagkatapos ang kaniyang pakikipag-usap sa Kaniya ay parang Si Jesus ang tagapaglingkod sa kaniya.!*
 12. *Anong emosyon ang ipinakita ni Jesus sa Kaniyang kasagutan kay Marta? Maaaring magalit si Jesus sa kaniya dahil sa kaniyang pagkawalang galang ngunit hindi ito nagawa ni Jesus. Ilarawan ang pakikipag-usap ni Jesus kay Marta. (hintayin ang sagot) Ipinaliwanag Niya kay Marta na mas mabuti ang pinili ni Maria at itoy hindi aalisin sa kaniya.*
 13. *Saan pang bahagi ng kuwento nagpakita si Marta ng pagka walang galang? (hintayin ang sagot). Iginagalang na guro si Jesus. Pansinin na si Marta lamang ang pumuna kay Jesus, pinuna niya si Jesus sa harapan ng Kaniyang mga alagad! Sa kaniyang ginawa, nagpapakita pa rin ito ng pagka walang galang kay Jesus! Nagmataas ba si Jesus o Nagpakumbaba sa Kaniyang pagtugon kay Marta? Ipaliwanag ang iyong kasagutan. (hintayin ang sagot).*
 14. *Anong itinawag ni Jesus kay Marta? Masasabi ba natin na kilala ni Jesus si Marta? (hintayin ang sagot) Oo. Nagpakita si Jesus ng tunay na interes kay Marta sa pagtawag ng kaniyang pangalan noong makipag-usap Siya kay Marta. Ginamit ni Jesus ang kaniyang pangalan, hindi lang isang beses ngunit dalawang beses!*
 15. *Mayroon ba tayong impormasyon sa kuwento na nagsasabi sa atin kung dati nang ginagawa ni Marta ang mag-alala o bago lang sa kaniya ang kilos na iyon. (hintayin ang sagot). Binanggit ni Jesus kay Marta na nababalisa at abalang-abala sa maraming bagay. Nagpapahiwatig ito na ugali na ni Marta ang ganito.*
 16. *Mayroon ba tayong makikitang impormasyon sa kuwento kung si Marta ay maaari niyang piliin ang manatili sa kusina upang maghanda ng pagkain o umupo sa paanan ni Jesus upang maturuan? (hintayin ang sagot). Oo, Tama ka, ipinakita sa atin ni Jesus na si Marta ay maaaring mamili noong sinabi Niyang “ Mas mabuti ang pinili ni Maria.”sa sinabing iyan ni Jesus, ano ang nakikita nating pinili ni Marta? (hintayin ang sagot). Pinili ni Marta na maging abala sa kusina.*
 17. *Sinabi ni Jesus “Marta Marta, nababalisa ka at abalang-abala sa maraming bagay. Pinili ni Maria ang iisa lamang at talagang kailangan.”Ano ang sinasabi dito ni Jesus tungkol sa pinili ni Marta ang maghanda ng maraming pagkain kung ihahambing sa pinili ni Maria? (*

hintayin ang sagot) Ang pinili ni Maria ay ang iisa at talagang kailangan.

18. *Inisip ba ni Marta na ang pinili niya ay kailangan? (hintayin ang sagot).kailangan bang kumain? (hintayin ang sagot).Samakatuwid, ipaliwanag ng eksakto ang ibig sabihin ni Jesus noong sabihin Niyang “ ang iisa at talagang kailangan” at kung ano hindi talagang kailangan sa kuwentong ito.*
19. *Sa ating kultura sa Pilipinas na mahalaga ang pagtanggap ng mabuti sa mga panauhin, Ano ang ating inaasahan kay Maria? (hintayin ang sagot). Anong mahirap na pasiya ang ginawa ni Maria sa kuwentong ito? Anong nilabag ni Maria sa kaniyang pinili? (hintayin ang sagot). Oo, ang kaniyang kultura at ang inaasahan ng kaniyang pamilya.*
20. *Nakita natin sa kuwento na nahirapan si Marta sa kaniyang trabaho, Mag-isip tayo ng sandali. Ano sana ang ginawa niya noong hindi na niya makaya ang ginagawa niya sa kusina? (hintayin ang sagot) Marami ang maibibigay na kasagutan. Hikayatin ang mga tao upang mag-isip ng mga bagay na maaari sanang gawin ni Marta noong nahihirapan na siyang tapusin ang kaniyang gawain sa kusina.*
21. *Anong maaaring pagkunan ni Marta ng tulong? (hintayin ang sagot). Sino ang dapat sanang puntahan ni Marta? (hintayin ang sagot) kadalasan kapag naririnig natin ang kuwentong ito at tinatalakay ang kahulugan, ang huling imumungkahi ng mga tao ay sana pumunta si Marta kay Jesus at sabihing “ Panginoon hindi ko makakayang gawin ang lahat ng paghahandang ito. Ano ang aking gagawin?*
22. *Hindi ba humingi ng tulong si Marta kay Jesus dahil mahiyain siya? (hintayin ang sagot). Paano mo ilalarawan ang kilos ni Marta? (hintayin ang sagot). Ihambing ang kaniyang kilos sa kuwentong ito sa kilos ni Jesus.*

Chapter 6-C

Paggawa ng Mga Katanungang Makakatulong Upang Matuklasan Ang Espirituwal na Pagsasabuhay.

Espirituwal na Pagsasabuhay. Ngayon tanungin natin ang ating mga sarili kung bakit ibinigay sa atin ng Dios ang kuwentong ito sa Biblia. Ano ang gusto ng Dios na matutunan antin?

Sa paggamit ng maraming katanungan, mabibigyan mo ngayon ng daan ang mga tagapakinig tungo sa Espirituwal na katotohanan na tinatawag nating Espirituwal na Pagsasabuhay na iyong natagpuan noong pinag-aralan ninyo ang kuwento. Labanan ang mga pagsubok upang maibigay sa kanila ang mga nakatagong kayamanan. Gumawa ng iba't ibang katanungan upang matulungan ang mga tagapakinig na sarili nilang matuklasan ang mga nakatagong kayamanan sa kuwentong ito.

1. *Sa kuwentong ito ay pinili ni Maria na ibigay ang kaniyang oras sa pakikinig ng pagtuturo ni Jesus. Ano ang ibig sabihin nito sa atin sa ngayon? Makakaupo ba tayo sa paanan ni Jesus upang makinig sa Kaniyang pangangaral? (hintayin ang sagot). Inaasahan natin ang mga sumusunod na pagsasabuhay sa mga tagapakinig.... Sa ngayon,, ang pag-aaral ng Salita ng Dios o pagsamba sa Dios o pag-aaral na kasama ang mga pastor o tagapagturo ay gaya ng pakikinig kay Jesus. Sa ngayon ang pag-upo sa paanan ni Jesus ay nagpapakita ng pagkagusto kung ano ang itinuturo.*
2. *Nakita natin sa kuwento na maraming trabaho si Marta at talagang nagkaproblema siya. Maaari kaya tayong magkaroon ng ganitong problema sa ngayon? Ano sa palagay ninyo? (hintayin ang sagot) tanggap lang ba tayo ng tanggap ng mga maraming responsibilidad, kahit na gawain ng mga kristiyano?*
3. *Mayroon ba tayong pagpipilian sa buhay? (hintayin ang sagot) Makakapamilya ba tayo kung alin ang maganda dahil ito ay mga pasiyang gawaing kristiyano? Paano tayong pipili ng mga gawaing para sa Dios kung wala naman Siyang hinihiling o kailangan sa atin. Nangyari na ba ito o sarili mo ba itong naranasan? Maaari mong ikuwento? Ipaliwanag na kung minsan ang ating mga pasiya upang gumawa para sa Dios ay minsan ito pa ang dahilan kung bakit nawawalan tayo ng panahon upang patuloy na mag-aral ng tungkol sa ating Tagapagligtas. (hintayin ang sagot).*
4. *Sinisi ni Marta si Mary dahil hindi siya tinulungan nito sa paghahanda ng pagkain. Ano ang nakakahiligan sa ngayon ng mga tao kung lahat ng kanilang oras ay nakatuon sa trabaho? Ay mga tao bang ito ay madali nilang tanggapin ang kanilang responsibilidad o sinisisi ba nila ang ibang*

- tao ng dahil sa dami ng trabaho? Ano ang naobserbahan ninyo? (hintayin ang sagot) Anong gagawin natin kung ang pinili nating “ministry” ay nagiging dahilan upang hindi tayo makapag-aral ng tungkol sa Dios? (hintayin ang sagot).
5. *Napansin natin na inakusahan ni Marta si Jesus na bale wala sa Kaniya ang tungkol sa kaniyang problema. Sinisi na ba natin ang Dios dahil sa ating mga maling pasiya sa buhay? Minsan ba ay nag-isip tayo na bale wala tayo sa Dios? (hintayin ang sagot) Ano kaya ang mararamdaman ng Dios dahil sa ating mga maling pasiya n minsan inaakusahan pa natin Siya dahil sa hindi Niya pagtulong sa atin? (hintayin ang sagot).*
 6. *Tinawag ni Marta si Jesus na “panginoon.” Ang ibig sabihin nito ay itinuturing niya itong mataas sa kaniya. Pagkatapos sinabihan niya si Jesus kung ano ang dapat gawin sa kaniyang problema. Gumawa na ba tayo ng problema sa buhay at pagkatapos mananalangin tayo sa Dios upang tulungan tayo? (hintayin ang sagot) Maaari ba nating tawagin ang Dios na “Panginoon” at pagkatapos tayo ang magsasabi sa Kaniya kung paano natin lutasin ang problemang ating ginawa? Ano sa palagay mo? (hintayin ang sagot).*
 7. *Maaari bang pagsabayin pareho ang pagtatrabaho ng katulad ni Marta , pag-aaral ng tungkol sa Dios at pagsamba? Subukan natin ilarawan ang ganitong sitwasyon. (hintayin ang sagot)*
 8. *Sa kabilang banda, sa palagay mo mayroon bang mga taong katulad ni Maria, nag-aaral ng Biblia, ngunit ang iniisip talaga ng taong iyan ay ang kaniyang mga trabaho? (hintayin ang sagot) Nangyayari ba iyan sa iyo? (hintayin ang sagot) Kung nagbabasa ka ng Biblia, nakatuon ba ang iyong isip sa iyong binabasa o marami kang iniisip habang nagbabasa ka ng Biblia? (hintayin ang sagot) Paano mo ilarawan ang paglalakbay ng iyong diwa habang nag-aaral ka ng Biblia? (hintayin ang sagot)*
 9. *Sinabi ni Jesus kay Marta na ang pinili ni Maria ay hindi maalís sa kaniya. Anong sinabi ni Jesus na Kaniyang gagawin o hindi gagawin pagdating sa ating mga pasiya sa buhay? (hintayin ang sagot)*
 10. *Ihambing ang mga piniling pasiya nina Marta at Maria. Sino ang nagbibigay kay Jesus at sino ang tumatanggap galing kay Jesus? (hintayin ang sagot). Anong kilos ang pinahalagahan ni Jesus? (hintayin ang sagot). Ang ginagawa ni Marta ay para kay Jesus at si Maria naman ay tumatanggap galing sa Kaniya. Sinabi ni Jesus na ang trabahong ginagawa ni Marta ay hindi kailangan. Mag-isip tayo ng kahit anong relihiyon. Sa relihiyong ito gumagawa ba ng mabuting gawa ang mga tagasunod sa kanilang dios-diosan? O malaya bang tumatanggap ang relihiyong iyon galing sa dios-diosan? Ihambing ang relihiyon ng mabuting gawa at ang mahalaga para kay Jesus.*
 11. *Ano ang ginagawa natin kapag dumarami ang ating mga responsibilidad sa ating mga piniling ‘ministry’ at wala na tayong panahon upang patuloy na mag-aral ng tungkol sa Panginoon? (hintayin ang sagot).*
 12. *Sa kuwento noong naintindihan ni Marta na marami siyang trabahong gagawin, sinisi niya si Maria at si Jesus hindi ang kaniyang sarili. Noong*

- naintindihan niya na hindi matatapos ang ang kanyang gagawin na akala niya kailangan niyang gawin, kanino sana siyang humingi ng tulong? (hintayin ang sagot) Oo, si Jesus. Kaya ba nating harapin ang ating mga binitawang pangakong gagawin? Ano ang ginagawa natin? Ano ang itinuturo sa atin ng kuwentong ito tungkol sa tamang pagpapasiya? (hintayin ang sagot).
13. *Pinarangalan ni Jesus si Maria nang piliin niyang makinig sa Kaniya, kahit na labag ito sa kaniyang kultura at mga inaasahan ng ibang mga tao. Ano ang itinuturo nito sa atin? (hintayin ang sagot). Kailangan ba nating lumabag sa ating kultura upang makilala ang Dios at magkaroon ng panahon sa Kaniya? Paano?*
14. *Kung nasaan ang ating katawan iyon ba ang marka bilang si Marta o si Maria? Maaaring abala tayo sa trabaho, ngunit nagpupuri at nakikipag-usap naman tayo sa Dios habang nagtatrabaho. Sa kabilang banda, maaaring ang ating katawan ay nasa pag-aaral ng Biblia, o nasa Simbahan, o kahit na sa ating pagbabasa ng Biblia na mag-isa lang, ngunit ang ating isip maaaring wala sa ating ginagawa dahil iniisip natin ang ating mga dapat gawing trabaho! Ano sa palagay ninyo?*

Chapter 7

Pangkalahatang “Tips” Upang Pangunahan ang Talakayan

Habang umuusad ang talakayan, Maaaring gamitin ng Dios ang iyong nakalipas na mga karanasan at kaalaman sa Biblia upang makagawa ng mga katanungan habang nagtuturo. Nalalaman at pangungunahan ka ng Banal na Espiritu kung ano ang kinakailangang talakayin sa iyong pagtuturo.

Kahit na maisip ninyo na imposibleng maalala ang mga katanungan kung hindi isusulat ngunit mahalaga pa ring hindi isulat ang mga katanungan na gusto mong itanong tungkol sa kuwento. Upang maalala ang mga katanungan, isaisip at balikan ang kuwento. Ang nilalaman nito ay magpapaalala sa iyong mga inihandang katanungan. ***Ang kuwento ay magiging paraan mo upang maalala ang katanungan; Ang kuwento ay magiging tulad ng listahan ng mga mahalagang pangyayari!***

Balikan at isipin muli ang iyong Panimula. Ngayon na natuklasan mo na ang maraming nakatagong kayamanan sa iyong kuwento, maaari mong dagdagan o bawasan ang iyong panimulang ihinanda. Kung ang impormasyon ng iyong panimula ay nasa nilalaman ng kuwento, mas maganda kung iyong aalisin ang mga katotohanang iyan sa iyong panimula. Halimbawa, ang iyong plano tungkol sa kuwento ni Abraham sa Genesis 12:1-9 ay ang sabihing, “ *Ang kuwentong ito ay tungkol sa isang lalaking tinawag ng Dios na lisanin ang kanyang mga tao at bansa upang magsimula ng bagong bansa.*” Gayon man, pagkatapos mong balikan ito habang tinutuklas mo ang espirituwal na kayamanan, nakita mo na ang impormasyong tungkol kay Abraham ay nilalaman ng kuwento, kaya, maaari mong alisin ang impormasyong iyan sa iyong panimula.

Kung, nakatagpo ka ng mga kaalaman na mas mabuti kung mabibigyan ng kaunting impormasyon na wala sa kuwento, maaari mong sabihin ang impormasyong iyan sa iyong pasimula.

Halimbawa, isa sa mga kayamanan sa kuwento ni Marta at Maria ay batay sa piniling pasiya ni Marta upang maghanda ng maraming pagkain sa maraming panauhin. Isa pang kayamanan na nakakagulat ay ang pagpapakita ni Marta ng pagka walang galang kay Jesus sa pamamagitan ng pagpuna kay Jesus at pagutos nito kay Jesus na sabihan si Maria sa harap ng mga alagad. Nagsimula ang kuwento ng si Jesus at ang Kanilang mga alagad ay nagpatuloy sa paglalakbay at pumasok sa isang nayon. Ngunit sa kuwento ang sinabi lang sa atin ay inanyayahan ni Marta si Jesus sa kaniyang bahay. Hindi nabanggit sa kuwento kung sumama ang mga alagad ni Jesus.

Sa pagbibigay ng kaliwanagan sa talakayan, mas magandang bigyan ng panimula ang kuwento ng tulad nito, “ Noong nabubuhay si Jesus sa lupa, pinili Niya ang mga lalaki na sumama sa Kaniya. Ang mga lalaking ito, ay tinatawag na alagad, palagi silang kasama sa pagbibiyahe ni Jesus, maliban noong sinabi

sa atin na minsan si Jesus ay mag-isang pumunta sa malayo o minsan mayroon lamang Siyang isinamang mga alagad sa malayo sa loob ng maikling panahon lamang” Ang impormasyong ito ay nakakatulong para sa mga tagapakinig na ang pagdalaw ni Jesus ay kasama rin ang Kaniyang mga alagad.

Dapat ipalagay ng tagapagkuwento na ang isa o maraming taong naroroon ay walang kaalaman sa Biblia maliban sa sinabi sa kanila sa kuwento at sa iyong panimula. Ang pagbibigay ng mga impormasyong gusto mong talakayin sa bawat nakikinig, bago kang magbigay ng mga katanungan tungkol sa impormasyon, ay magandang kasagutan upang maging matagumpay ang talakayan sa STS.

Kung nagturo ka ng ibang kuwento sa mga taong naroroon, maaari kang magtanong ng mga katanungang makakadagdag ng impormasyong nakuha mula sa mga kuwento. Alalahanin mo lang na karamihan sa mga kuwento ay mayroong sapat na mga impormasyon, kaya karaniwan hindi ka na lalayo pa sa Biblia upang makapagturo ng mabuti.

Paminsan-minsan, ang pagdadagdag ng mga mga impormasyon tulad ng kautusan ng Dios tungkol sa mga ketongin, araw ng pamamhinga, pagkain, o kung ano ang naramdaman ng mga Judio tungkol sa mga samaritanong nagbigay ng mahalagang bahagi sa pangyayari ng kuwento. At sa pagtatalakay ng mga kayamanan sa kuwento ng Matandang Tipan, maaari mong ipakilala ang mga simbolo na ipinapaliwanag sa ibang talata sa Biblia. Gawin ito kung naniniwala kang nakuha na ng iyong mga tagapakinig ang malalim na espirituwal na bahagi sa kuwentong ipinipresenta mo. Sa pagkakataong ito maaari mong sabihin ang karagdagang isa o dalawang talata. Sa ganitong paraan, ang karagdagang impormasyon na angkop sa kuwento ay makakatulong sa mga tagapakinig na makagawa ng pagsasabuhay.

Halimbawa, kung ikinuwento mo ang **Exodus 17:1-7** at naobserbahan ng iyong grupo at isinabuhay ang espirituwal na kayamanan, at tapusin ang talakayan, maaari mong sabihin “ Matagal tagal na panahon bago nating matalakay ang lahat na kuwento sa Biblia. Mayroong isang bahagi ng kuwento sa Bagong Tipan na gusto kong ibahagi sa inyo ngayon. Makakatulong ito sa atin upang matuklasan sa kuwentong ito ni Moses at ang Bato. Narinig natin sa **1 Corinto 10:2-4**, “ *Sa gayon, nabautismuhan silang lahat sa ulap at sa dagat bilang mga tagasunod ni Moises. (3) Kumain silang lahat ng iisang pagkaing espirituwal, (4) at uminom din ng iisang inuming espirituwal, sapagkat uminom sila sa batong espirituwal na sumusubaybay sa kanila, at ang batong iyon ay si Cristo.*” Sinabi ng Dios sa kuwento na ang bato ay nagsisimbolo ng bagay o tao. Ano ang kinakatawan ng bato? Ano ang masasabi mo tungkol dito?

Ang nilalamang impormation ng iyong kuwento ay dapat magmula lang sa Kasulatan. Hindi nagbabago ang salita ng Dios. Magtiwala ka ng 100%. Ang karagdagang impormasyong ay maaaring 100% hindi tama. Ipakita sa mga tao na ang Biblia ay sapat.

Pakinggan ang mga kasagutan ng mga tagapakinig sa kuwento. Ang kasagutang ibinibigay ng mga tao ay makakatulong sa iyo upang malaman ang kanilang pangangailangan at ang kanilang personal na mga katanungan. Ang mga kaalamang ito ay makakatulong sa iyo upang gumawa ng mga orihinal na katanungan sa iyong pagpapatuloy. Ito ay tinatawag na “teaching off the moment”.

Karamihan sa mga katanungan ay dapat tungkol sa kung ano ang ginawa ng mga tao o kung ano ang ginawa ng Dios. Ang mga katanungang ito ay makakatulong sa mga tagapakinig makatuklas ng espirituwal na katotohanan. Balikan ulit ang mga ‘actions’ at ang mga sinabi ng mga gumanap. Mag-ingat sa pagtatanong ng “Bakit” na katanungan dahil maaaring makapagbigay ito ng mga kuru-kuro at palagay na hindi masusuportahan ng kasulatan. Ang paggamit ng katanungang “Ano” ay karaniwang maganda.

Magtanong ng mga katanungang pang-obserbasyon. Maaari mong sabihin, “Ano ang ipinapakita sa atin sa kuwento ng tungkol sa mga paniniwala ng (ibang taong gumanap sa kuwento)?” “Paano ipinapakita sa atin ng kuwento kung ano ang pinapahalagahan ng isang tao?”

Sabihin, “Ano ipinapakita sa atin ng kaugalian ng Dios?” Saan ipinapakita ang katapatan sa kuwento?” Sabihin kung saang bahagi ng kuwento ang pagpapakita ng pagka walang galang (o takot, o kalituhan, o pagkagahaman, o kabaitan o katapagnan o pagtitiwala, o karunungan?). Tiyakin na ang mga katanungan mo ay masasagot mula sa mga impormasyong nilalaman ng kuwento na iyong ibinahagi.

Unti-unting Tulungan ang mga Tagapakinig na Makagawa ng Pagsasabuhay ng mga Katotohanan sa Kuwento. Sa inyong talakayan, maaari kang magawa ng paraang makapagtanong kung mayroon din tayong parehong nararamdaman na katulad ng (pagdududa, takot. Pananampalataya, pag-asa, pagkalito at iba pa) tulad ng mga gumanap sa kuwento.

Ibahagi ang Personal na Pagsasabuhay. Kung kagustuhan ng Dios upang gawin mo ito, maaari mong ibahagi kung ano ang nagawa ng kuwento sa buhay mo o Magtanong kung ano nagawa ng kuwento sa buhay nila.

Mahalagang Impormasyon sa Pagpili ng Katanungan.. Ang kasagutan sa mga katanungan ng tagapagkuwento ay dapat nasa nilalaman ng kuwento at mapapatunayan nito.

Mga Impormasyon sa labas ng Kuwento. Kung ang mahalagang kaalaman o pagsasabuhay ng kuwento ay nangangailangan ng talatang kahit wala sa kuwento upang maipakita ang katotohanan, maaari mong isama ang impormasyong ito sa panimula ng kuwento. At ang naidagdag na talata na wala sa kuwento ay maaaring maidagdag pagkatapos ipresenta ang pagsasabuhay.

Gawin lang ito paminsan-minsan sa madalang na okasyon. Ang paggamit ng kasulatan o talata sa labas ng kuwento ay maaaring maging dahilan upang dumipende ang mga tagapakinig sa pagsasaliksik ng tagapagkuwento, sa halip na makinig lamang. Ang tagapagkuwento ay maaaring magtanong ng mga impormasyong mula sa Biblia na natutunan ng tagapakinig noon.

Mabuting mga Kasagutan. Kapag nagbibigay ang mga tao ng katanggap-tanggap na kasagutan, palakasin mo ang kanilang mga loob. Maaari mong sabihin ang mga sumusunod, “Magandang sagot,” “Hindi ko naisip iyan” “Maaaring tama ka”.

Ang Mga Sagot na Hindi Mabuti. Kapag hindi tama ang ibinigay ng mga tagapakinig na impormasyon, maaari mong sabihing, “Balikan natin at tingnan natin kung tugma sa kuwento,” Kung hindi tama ang kanilang konklusyon, maaari mong akuin ang pagkakamali at sabihin mong “Hindi ko naipaliwanag ng mabuti ang bahaging ito.” O maaari mong sabihin na ‘ang aking mga katanungan ay kulang.” Kung ang kasagutan o katanungan na mula sa tagapakinig ay walang kinalaman sa kuwento, maaari mong sabihing, “Pag-uusapan natin iyan sa susunod na panahon.” O maaari mong sabihin na makikita natin ang kasagutan sa susunod na kuwento.” Mayroong mga katanungan na wala namang kinalaman sa pinag-uusapan na maaaring makapagpalayo pa ito sa iyo sa kuwento kung sasagutin ito.

Pagkatapos Talakayin ang Iyong Partikular na Katanungan, Magtanong ka ng tulad nito, “Ano’ng masasabi mo tungkol sa kuwento? O “Ano’ng mga bagay ang iyong natutunan mula sa ating talakayan tungkol sa kuwentong ito?”

Kung Malaki ang Grupo o Hindi Sapat ang Oras. Kung ang grupong tinuturuan ay maliit lamang, at may oras, ang mga kasagutang mula sa mga tagapakinig ay maririnig. Kung ang oras ay hindi sapat sa malaking grupo ay mayroong pagpipilian. Ang mga tagapagturo na gumagamit ng STS ay maaaring magtanong ng panretorikang katanungan. Ang mga tao ay hihilingang mag-isip ng kasagutan sa mga katanungan, ngunit hindi nila ito sasabihin. Bilang tagapagkuwento, tiyakin lamang na magbigay ng kaunting oras upang mag-isip sila ng kanilang kasagutan.

Chapter 8

Bakit At Saang Gagamitin Ang “*Simply The Story*”

Bakit Tayo Gagamit ng “*Simply The Story*”:

Isa sa mga pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng “conventional , topical” na paraan ng pagtuturo at sa paraan ng pagkukuwento sa pamamagitan ng simpleng paraan, pasalitang paraan, ay makikita sa mga mahalagang katanungan: Sino o Ano ang ituturo?

Sa paggamit ng paksa sa pagtuturo o “ Topical Teaching” ang nagpipresenta ay nagpapasiya ng maaga kung ano ang ituturo. Mga talata o mga piniling kasulatan ng tagapagturo at ibibigay sa mga tagapakinig upang ilarawan at ipakita na tama ang ideya ng guro. Ang paraan na ito ay hindi mali, ngunit hindi lang ito ang paraan ng pagtuturo. Ang mga kuwentong hiwa-hiwalay ay mahirap maalala ang mga impormasyon. Ang kuwento sa Biblia ay nakikipag-usap sa ating espiritu, kaluluwa at katawan. Habang hinihiwa-hiwalay ng tagapagturo ang kuwento at ipinipresenta ang ibat ibang kategorya ng impormasyon, ang impormasyon ay pumapasok lamang sa ating isipan, hindi sa ating kaluluwa at espiritu.

Nagkaroon ka na ba ng pagkakataong magbahagi ng mga pangyayari sa isang tao, at ang taong iyon ay palagi kang tinatanong at nagbibigay ng masasabi hanggang sa matapos? Sa pagtatapos mo ng kuwento, maraming nawawalang impormasyon at resulta sa isang tao dahil sa maraming abala. Ang kuwento sa Biblia ay mayroon ding kapangyarihan kung ito ay ipinipresenta kung paano ito isinulat. Alalahanin na ibinigay ng Dios sa atin ang 75% sa pamamagitan ng kuwento sa Biblia. Dapat nating ipakuwento sa Panginoon ang buong kuwento ng Biblia.

Ang kahalagahan ng pagpipresenta ng kuwento sa Biblia ng kabuuan ay nagbibigay ng halaga kung ano ang kahulugan ng ‘ oral learner’ at kung paano ang mga ‘oral learner’ makakuha o makadagdag ng mga impormasyon.

Sa pag-iimbistega, napag-aralan na karamihan ng mga tao sa ibang bansa ay hindi nakakabasa at nakakasulat, karamihan ay hindi nakakapagsulat ng kanilang sariling pangalan! Maraming pagsusulit at pagsasaliksik ang ginawa tulad ng ‘National Adult Literacy Study” nagpapakita ito na 50% ng mga tao sa USA ay hindi nakakabasa o nakakaintindi kung ano ang kahulugan ng nakasulat sa buong “paragraph’. Ang karagdagang 30% ng mga tao sa USA ay natututo sila sa pamamagitan ng pakikinig at pakikipagtalakayan. Ang mga nakakagulat ng mga bilang ay totoo rin sa ibang mga bansa na katulad dito sa atin. Nangangahulugan ito na 80% ng mga tao sa USA at sa ibang maunlad na mga bansa ay mga ‘oral learners’.

Sa mga umuunlad pa lang na mga bansa ay mas kaunti ang nakakabasa at nakakasulat kaya mas marami ang mga ‘oral learners’ sa kanila.

Ang mga ‘oral learners’ ay hindi sumusulat ng mga mahalagang impormasyon sa kanilang ‘notebook’ kaya ang kanilang paraan ay sa pamamagitan ng kuwento upang maalala nila ang mga impormasyon. Kapag ipinipresenta ito sa kanila sa pamamagitan ng konsepto, alituntunin, mga paksa o plano, nakakalimutan nila ito.

Mga Bitag sa Kasalukuyan, Karaniwang Ginagamit na Pamamaraan: Isipin mong magpadala ng balutan bilang regalo sa isang taong nangangailangan, at bumalik ito sa iyo na may nakasulat na “Ibalik sa nagpadala” ipapalagay mo ba na hindi gusto ng pinadalhan mo ang nilalaman nito? O kaya hindi alam ng pinadalhan mo kung paano ito buksan?. Kapag gusto nating magbahagi ng mga katotohanan mula sa Biblia sa pamamagitan ng paggamit ng mga paksa, mga konsepto o sinusuring pamamaraan, lhalintulad natin ito sa isang regalong hindi mabubuksan ng mga ‘oral ‘learners’.

Ito ang pagkakataon ng mga taong katulad nating nagnanais na magbahagi ng mga katotohanan sa Biblia na isaalang-alang natin ang resulta sa pagkawala ng pamamaraang ‘ pagkukuwento’. Ang karamihan sa mga taong nangangailangang makarinig ng mga salita ng Dios at nangangailangan ng pagdidisipulo ay mga ‘oral ‘learnes’. Tayong tagapagsalita, kapag lumalabas tayo sa kuwento, at iniiba natin ang mga impormasyon, karamihan sa mga tagapakinig ay hindi nila naiintindihan kung anong katotohanan ang iprinisenta natin sa kanila.

Ang pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng mga paksa ay kadalasang ito ang ginagamit upang bigyang kahulugan ang mga impormasyon sa Biblia upang mapatunayan ang mga piniling puntos. Ang mga miyembro ng kongregasyon ay nakikinig at maaaring isulat pa nila ang mga mahalagang impormasyon sa kanilang ‘notebook’. Ngunit, sa ganitong pamamaraan ay walang kasunod na kuwento. Kaya pagkatapos, karamihan sa mga tao ang hindi makaalala kung ano ang itinuro sa kanila, at hindi rin nila ito mauulit sa iba. Kung walang kasunod na kuwento, walang kumukonekta sa mga mahalagang impormasyon.

At , karamihan sa mga tagapakinig ay wala silang paraan upang sarili nilang matagpuan ang mga impormasyong galing sa mga paksa, kaya patuloy silang dumedepende sa mga tagapagturo upang isubo sa bibig nila ang mga impormasyon . Ang ganitong paraan ay maihalalintulad natin sa isang inahing ibon na nag-iipon ng mga pagkain at pagkatapos ay isusubo ito sa mga nakabukas na bibig ng mga naghihintay na mga anak. Bawat linggo ang mga tagapakinig ay tulad ng mga ibon na naghihintay ng kasunod na pagkain. Ang maraming pagtuturo sa pamamagitan ng mga paksa ay tulad ng isang limampu’t taong gulang na ibon na hindi pa makalabas sa kaniyang pugad.

Isa pang bitag sa sobrang paggamit ng pagtuturo sa pamamagitan ng paksa o ‘ topical teaching’: Pinipili ng mga tagapagturo ang mga paksa na inaakala nilang kailangang marinig ng mga tao, pagkatapos pumipili sila ng mga talatang alam na nila galing sa iba’t ibang bahagi ng Biblia. Ang ganitong pamamaraan ay hindi makakadagdag ng mga bagong impormasyon at mga kaalaman sa mga tagapagturo dahil karamihan sa kanila ay gagamitin lamang ang mga kasulatan na alam na nila.

Karamihan sa mga mananampalataya ay dumadalo sa mga pagtitipon ng mga kristiyano. Ang mga paksa na ipipresenta ay maaaring tungkol sa pag-eebanghelyo, abutin ang mga taong hindi naabot ng mga salita ng Dios (Unreach People Groups.), pamilya, gastos, pangangilin, pananalangin, katangian ng Dios, pagpapagaling, katapatan sa negosyo o panghuhula (prophecy). Ang lahat ng mga ito ay mahalagang paksa. At makikita din natin ang mga paksang ito sa mga pagpipresenta ng kuwento. Ang pagkukuwento ng simple, ay ginagamit ng tagapagkuwento ang buong kuwento, at sa pamamagitan ng nilalaman nito, malalaman ang mga mahalagang kaalaman at mga leksyon na dapat ituro.

Kapag nagpapasiya ang mga tagapagturo kung anong mga talata o kasulatan o anong kuwento ang gagamitin sa pagtuturo ng kanilang mga piniling paksa, ang ibang mga impormasyon sa kasulatan o kuwento ay nawawala. Kapag sinasaliksik ang buong kuwento sa pamamagitan ng mga pagtatanong at pagtalakay nito, ibinibigay ang paksa ng Banal na Espiritu sa mga tagapagturo. At, kung ang tagapagturo ay gumagawa ng mga listahan ng mga paksa at pipili ng mga kasulatan upang kunsultahin ang kanilang mga lista, ang mga impormasyon sa Biblia ay nagiging batas. Kapag gumagamit tayo ng kuwento, ang Banal na Espiritu ay nakikipag-usap sa mga nakikinig sa buong kuwento.

Minsan ay iniisip ng mga tagapagturo na gumagamit sila ng konsepto ng STS, ngunit ang totoo ginagamit lamang nila ang ilang bahagi nito. Ito ang kanilang pagkakamali. Ikinukuwento ang kuwento, pagkatapos sa pamamagitan ng kuwento ay ikukonekta ito ng tagapagturo sa piniling paksa na minsan walang koneksiyon ito.

Kahit anong kaalaman ang iyong ituturo ay dapat makita sa kuwento. Kapag gumagamit ang tagapagturo ng kuwento bilang plataporma para ituro ang kanilang nalalaman at pinaniniwalaan, nawawala ang pagpapalang oportunidad na maturuan ng mga bagong impormasyon ng Banal na Espiritu. Ang pag-aaral upang matagpuan ang mga kayamanan sa kuwento ay mapanghamon. At malaking hamon din ito sa mga tagapagturo kung paano maibahagi ang mga kayamanan sa mga tagapakinig sa pamamagitan ng pagtatanong.

Mahalagang Pasiya: Kung ang ating layunin ay upang maibahagi ang katotohanan sa Biblia sa mga maunlad na mga bansa, at gawin ang lahat na magagawa upang abutin ang mga taong hindi nakakarinig ng mga salita ng Dios sa mundo, kinakailangan na nating baguhin ang pamamaraan ng ating pagpipresenta ng mga impormasyon. (For data, download the book Making Diciples of Oral learners [www. Oralbible.com](http://www.Oralbible.com))

Ano o Sino Ang Makakagawa Nito?

Kahit gaano na katagal ang isang tao bilang mananampalataya, o kahit gaano man kataas ang napag-aralan ng isang tao sa Bible School, mayroon lamang

isang paraan upang maintindihan ang Biblia. Ang ating relasyon sa Dios ay Espirituwal. Ang nilalaman ng kasulatan ay espirituwal na mensahe ng Dios sa sangkatauhan, kaya ang espirituwal na katotohanan na nilalaman ng Biblia ay maiintindihan lamang sa pamamagitan ng pagtuturo ng Banal na Espiritu.

Maraming mananampalataya ang dumedepende sa iba upang maturuan sila ng Salita ng Dios. Ang mga taong nagsisimba lamang “Church-goers”, ay naghihintay lamang sila sa kanilang pastor upang ibahagi sa ang mga espirituwal na katotohanan. Ang ibang masisipag na ‘learners’ ay dumadalo sa mga Bible School. Ang mga pastors ay dumadalo sa mga Bible Schools at mga semenaryo upang matuto, at dumadalo rin sila sa mga pagtitipon tulad ng ‘conferences’ upang makatagpo ng bagong mga impormasyon. Ang mga seminarista ay pinag-aaralan ang mga tagapagsulat noong araw upang madagdagan ang kanilang kaalaman.

Ang lahat ng mga pinagkukunang ito ng mga impormasyon ay mayroong kahalagahan, ngunit ang pinaka mabuting pagkukunan upang maintindihan ang mensahe ng Dios ay hindi napapansin. Ang pinagkukunang ito ay kaloob ng Dios sa atin. Anong pinagkukunang ito? Pagkatapos mahigit tatlong taong pagtuturo ni Jesus, nakarinig ang mga alagad ni Jesus ng mensahe mula sa Kaniya. Aalis na si Jesus! Sinabi Niya sa Kaniyang mga alagad, “Huwag na kayong mabalisa; huwag na kayong matakot.”

Ang katiyakang ito na mula kay Jesus ay nakikita nating natatakot ang mga alagad. Ang kanilang kahanga-hangang personal na tagapagturo ay hindi na nila makakasama. Sino ang aaliw sa kanila? Sino ang magtuturo sa kanila? Bilang bahagi ng huling mensahe ni Jesus sa Kaniyang mga alagad, tiniyak Niya sa kanila na hindi sila mag-iisa. Nangako si Jesus ng tagapagturo na kasama nila magpakailanman. Ang gurong ito ay nasa bawat alagad, araw at gabi pitong araw sa isang linggo.

Juan 14:26 “ Ngunit ang tagapagtanggol, ang Espiritu Santo na isusugo ng Ama sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi ko sa inyo.”

Juan 16:13 “ Ngunit pagdating ng Espiritu ng katotohanan, papatnubayan niya kayo sa lahat ng katotohanang galing sa Dios. Sapagkat ang sasabihin niya ay hindi mula sa kaniyang sarili, kundi ang kaniyang narinig; at ipahahayag niya sa inyo ang mga mangyayari sa hinaharap.”

Ipinaliwanag ng Dios sa ibang kasulatan kung paano magturo ang Banal na Espirituwal na katotohanan.

1 Corinto 2:9-16 “ Subalit tulad ng nasusulat ‘ hindi pa nakikita ng mata, o naririnig ng tainga, ni hindi pa sumasagi sa isip ng tao ang mga inihanda ng Dios para sa mga umiibig sa Kanya. **(10)** Ngunit ito’y inihayag na ng Dios sa atin sa

pamamagitan ng Espiritu. Sinasaliksik ng Espiritu ang lahat ng bagay, maging ang pinakamalalim na layunin ng Dios. **(11)** Sapagkat walang nakakaalam sa iniisip ng isang tao maliban sa kaniyang sariling espiritu. Gayundin naman, walang nakakaalam sa mga iniisip ng Dios maliban sa Espiritu ng Dios

(12) Ang tinanggap natin ay hindi ang espiritu ng sanlibutan kundi ang Espiritu na mula sa Diyos upang maunawaan natin ang mga kaloob niya sa atin. **(13)** Kaya nga, kami ay nangangaral hindi sa pamamagitan ng karunungan ng tao kundi sa pamamagitan ng Espiritu. Ang ipinaliliwanag namin ay mga katotohanang espirituwal para sa mga pinapanahanan ng Espiritu. **(14)** Sapagkat ang taong hindi pinapanahanan ng Espiritu ay ayaw tumanggap ng mga kaloob mula sa Espiritu ng Dios. Para sa kanila, kahangalan ang mga iyon at di nila nauunawaan, sapagkat ang mga bagay na espirituwal ay mauunawaan lamang sa paraang espirituwal. **(15)** Sinisiyasat ng taong pinapanahanan ng Espiritu ang lahat ng bagay, ngunit walang sinumang makakasiyasat sa kanya. **(16)** “Sino ang nakakaalam ng pag-iisip ng Panginoon? Sino ang makapagpapayo sa kanya? Ngunit nasa atin ang pag-iisip ni Cristo.

Sa mahabang panahon ang silid aralan ng Banal na Espiritu ay walang tao. Dumalo tayo sa Kaniyang klase, itaas natin ang ating mga kamay at magtanong tayo. Habang pinag-aaralan natin ang bawat kuwento, maaari tayong humingi sa Kaniya ng karunungan upang maintindihan ang nilalaman at paniwalaan natin na ibibigay Niya sa atin ang kasagutan.

Mga Paraan ng Paggamit Ng “ Simply The Story”

Gamitin Mo Ang STS Sa Iyong Mga ‘Ministry’: Kahit alin sa mga sumusunod ang iyong Ministry, bata, mga teenagers, young adults o mga matatanda na kahit anong edad, Ang STS ay nakapagpasaya at kabilang ang iyong mga tao sa pag-aaral ng salita ng Dios.

1. Kung maikli lamang ang oras mo, Maaari kang gumawa ng paraan upang magawa mo ang pamamaraan ng STS. Halimbawa mayroon ka lamang 30 minutos, maaari mo nang hindi gawin ang Step 2 ng Unang bahagi. Maaari mo nang hindi ipakuwento ulit ito. Ikuwento mo ang kuwento, pagkatapos sama-sama ninyong balikan ang kuwento, at sama-sama ninyong ikuwento ulit ito. Ang pagmomodelo ng STS ay hindi pa rin nawawala.
2. Kung talagang walang panahon at walang oportunidad upang makapagkuwento, gumawa ka ng paraan. Ang kuwento ay maaari mo lang maikuwento ng isang minuto, at ang mga piniling obserbasyon at pagsasabuhay ay maaaring gawin sa loob lamang ng lima hanggang sampung minuto. Magkuwento ka at talakayin mo agad ang mga obserbasyon at pagkatapos talakayin mo ang pagsasabuhay. Bago ka

magtanong, ulitin mo ang ilang bahagi ng kuwento na mayroong nilalamang kayamanan na gusto mong matuklasan ng mga tao. Kung, halimbawa, ikinukuwento mo ang kuwento tungkol sa ketongin, maaari mong sabihin, “ Naalala ba ninyo kung ano ang naramdaman ni Jesus noong lumuhod at magmakaawa ang isang ketongin at sinabi ‘ Panginoon, kung nais po ninyo, ako’y inyong mapapagaling at magagawang malinis.” Pagkatapos itanong mo ang iyong katanungan. Ang pag-uulit ng detalyado ay nagpapaalala sa mga tao ng tungkol sa kuwento upang makasagot sila ng mabuti sa iyong mga katanungan. Nawala dito ang dalawang ulit ng pagkukuwento na kumundisyon sa mga taong hindi sanay sa “interactive learning’ upang masagot ang mga katanungan.

Pagbabago ng mga Pastor: Ang mga tradisyunal at mga konserbatibong pastor at kongregasyon ay nag-aalinlangang gumamit ng STS sa pulpito. Para sa mga pastor sa maraming Simbahan ay kakaiba kung magtatanong sa mga tao sa oras ng pagmemensahe, at ganun din kung magkukuwento sa halip na basahin lang ito. Ang mga pastor na galing sa ibat ibang lugar na dumalo sa STS workshop at nagustuhan ang ganitong pamamaraan, ay nakatuklas ng mga solusyon.

- a. Ang ibang pastor ay ginagamit ito sa panahon ng pakikipagmiting sa mga kabataan. At napakaganda ng mga kasagutan na nagmumula sa mga kabataan. Maraming mga magulang ang pumunta sa mga pastor at sinabing “ Bakit hindi mo kami turuan ng ganito?”
- b. Ang ibang pastor naman ay ginagamit ang pamamaraan ng STS sa pulpito, ngunit sa halip na magkuwento, binabasa nila ang kuwento sa kasulatan, ngunit binago nila ito mula sa konserbatibong paraan ng pagbabasa hanggang sa masigla at masayang paraan ng pagbabasa.
- c. Sa iba, ito ang pamamaraan upang maabot ang mga taong hindi naaabot ng mga salita ng Dios. At ang positibong kasagutan sa ganitong pamamaraan ng pagpresenta ng Biblia sa iba ay nakakahikayat sa ibang Simbahan upang gamitin ang ilang bahagi ng pamamaraan ng STS.
- d. Ang ibang pastor ay ibinabahagi ang STS sa mga nangunguna sa kanilang Sunday School Program.
- e. Ang iba naman ay ginagamit sa klase ng mga bagong mananampalataya.

Pagpapalabas ng STS sa TV, Walang Sagot

1. Kung ang grupo ay masyadong malaki, o hindi makapagbibigay ng sagot, maaari mong baguhin ang iyon pamamaraan. Magagawa ito. Ang lahat na bahagi ng STS ay maaaring gawin lamang ng isang tao na walang sagot

- na manggagaling sa mga taong tinuturuan mo.
2. Ang kuwento sa STS ay maaaring ipresenta sa TV. Aalisin na ang pagkukuwento ulit, ngunit panatilihin ang ibang paraan. Ang paraan lalo na sa Radyo, ay maglaan ng limang segundo pagkatapos ng bawat katanungan para sa talakayan. Halimbawa, Magtanong ka at pagkatapos sabihin mo. “kaya ano sa palagay mo?” Mayroon ka bang ideya kung ano ang sumunod na nangyari?” Ano’ng masasabi mo? Ang sagot mo ay.....?. Ang talakayan o pag-uusap na ito ay tiyakin na hindi mawawala ang atensiyon ng mga tagapakinig sa pakikinig sa iyo.

Chapter 9

Panatilihin Ang Kawastuhan,’ Pagtuklas kung Ano ang Katotohanang kasinglaki ng Elepante’

Ang batayang ito ng *“Pagtuklas kung Ano Ang Katotohanang kasing laki ng Elepante “* ay makakatulong sa mga tagapagkuwento upang panatilihin ang kawastuhan habang tinutuklas nila ang mga kayamanang espirituwal.

Unang kaso ng..... **Ang pagkawala ng katotohanang kasinglaki ng Elepante:** Maaaring nakarinig ka na ng mga repot na tulad nito noon. Ang limang bulag na lalaki ay dinala sa harap ng elepante. “Mga lalaki kayo ay nakatayo sa harapan ng elepante. Paki larawan ninyo ito”. Dalidali nilang hinawakan ang kahit anong bahagi ng elepante.

Ang isa ay kaniyang nahawakan ang buntot, at inilarawan niya ito, *sinabi niya “ Maliit na sanga ng puno”*.

Ang ikalawang bulag nahawakan niya ang tenga ng elepante, *“Ang elepante ay maaaring malaking dahon ng puno.”*

At ang isa pang lalaki ay hinawakan niya ang nguso ng elepante, at sinabi niya *“ Mahabang ‘hose’ na maaaring baluktutin sa ibat-ibang paraan.”*

Ang ikaapat na lalaki ay sinikap niyang abutin ang buong tiyan ng elepante ngunit hindi niya ito nagawa. Kaya ipinaliwanag niya na *“ Ang elepante ay pareho ng malaking bilog na bato, ngunit hindi ito kasing tigas ng bato at ito ay kumikilos!”*

Ang ikalimang bulag na lalaki ay hindi naniwala at sinabi niya *“ Hindi ko na kailangan pang hawakan ang elepante upang mailarawan ito. Narinig ko na ng maraming beses ang malakas na tunog ng elepanteng trumpetang iyan. Alam na ng lahat na ang elepante ay isang malaking instrumento ng musika.!”*

Kahit na bawat isa sa kanila ay inilarawan ng tama ang ibang bahagi ng

elepante, walang isa sa kanila ang nakaintindi kung ano talaga ang buong hitsura ng hayop na ito. Sayang! Hindi nila nahawakan lahat ang elepante!

Kapag naghahanap tayo ng kayamanan sa kuwento ng Biblia, alalahanin natin na mayroong kabuuan ang bawat kuwento. Katulad ng kabuuan ng “Elepante”. (kung mahaba ang kuwento, karaniwan ay mayroong itong mga bahagi na pareho sa isang ‘pagtatanghal’ na mayroong mahigit sa isang eksena. Sa mga mahabang kuwento, bawat eksena ay maaaring mayroong sariling katotohanang nilalaman.)

Minsan, kapag nagbabasa tayo ng alam na nating kuwento, nagkakaroon na tayo ng ideya kung ano ang nilalaman nito, kaya hindi talaga nating pinapakinggan ang kabuuan. Alalahanin ang isang bulag na lalaki na hindi talaga niya binigyan ng panahon upang alamin kung ano ang elepante (kasi naniniwala na siya na ang elepante ay isang malaking instrumento ng musika)? Minsan tayo ay iniisip din natin na alam na natin ang isang kuwento sa Biblia at ang bunga nito ay hindi natin nakikita ang kabuuan ng katotohanan ng kuwento.

At madali tayong magkamali tulad ng ginawa ng apat na bulag na kalalakihan. Minsan ay pilit nating sinusunggaban agad ang bawat bahagi ng kuwento at pagkatapos natitigil tayo doon at hindi na nating kayang panindigan ang buong kuwento, at kung paano nating pagtugma-tugmain ang bawat bahagi. Kaya hindi natin nakikita ang kabuuan ng mga katotohanan.

Mga Halimbawa ng Pagtuklas Ng Mga Katotohanang tulad ng Elepante sa Kuwento ng Biblia:

Una, basahin ang **Marcos 1:40-45**.

Pagkatapos magkaroon ka ng oras upang tuklasin ang katotohanan sa kuwento.

40 “Isang taong may ketong ang lumapit kay Jesus, lumuhod ito at nagmakaawa, “Kung nais po ninyo, ako’y inyong mapapagaling at magagawang malinis.”

41 “Nahabag si Jesus sa ketongin kaya’t hinawakan niya ito at sinabi, “Oo, nais ko! Gumaling ka!”

42 “Noon di’y nawala ang ketong ng lalaki at siya’y naging malinis.

43 “Matapos mapagbilinan, agad siyang pinaalis ni Jesus.

44 “at pinagsabihan ng ganito: “huwag mong sasabihin ito kaninuman. Sa halip ay magpunta ka at magpasuri sa pari. Pagkatapos, mag-alay ka ng handog para sa Dios ayon sa iniutos ni Moises bilang patunay sa mga tao na ikaw ay magaling at malinis na.”

45 “Ngunit pagkaalis ng lalaki ay kaniyang ipinamalita ang nangyari sa kanya. Dahil dito, hindi na nakapasok pa ng bayan si Jesus. Nanatili na lamang siya sa labas ng bayan subalit pinupuntahan pa rin siya ng mga tao mula sa iba’t ibang dako.

Seyempre mayroong mga kamangha-mangha at mahalagang kayamanan sa kuwento. Ngunit nakikita mo ba sa kabuuan ang katotohanan na kasinglaki ng elepante? Kadalasan hindi ito nakikita ng mga tagapagturo.

Nakikita ba nila:

1. Ang pananampalataya ng lalaki na mapapagaling siya ni Jesus,
2. Ang kagustuhan ni Jesus na magpagaling
3. Ang pagkahabag at awa ni Jesus,
4. Ang pagpapakita ni Jesus ng pag-ibig sa pamamagitan ng Kaniyang paghawak sa isang ketongin.
5. Ang pagkakakilala kay Jesus na kasama ang ketongin at
6. Ang kapangyarihan ni Jesus upang magpagaling.

Ngunit, minadali nila ang kuwento at hindi rin nila ito pinakinggan ng mabuti. Sa halip kinuha agad nila ang ilang mga pamilyar na bahagi at sinubukan nilang gumawa ng ibang katotohanan na alam na nila sa kasulatan na tugma sa kuwento. Ang resulta ay hindi nila nakita ang kabuuan ng katotohanan ng kuwento na kasinglaki ng elepante.

7. Binanggit nila na sinabi ni Jesus na huwag sasabihin kaninuman ang tungkol sa kaniyang pagpapagaling, sa halip ay pumunta at magpasuri sa pari. Ngunit ang mga tagapagturong ito ay nagpatuloy at sinabi nila na ang lalaking ito ay puno ng kagalakan dahil ipinamalita niya sa lahat ang pagpapagaling sa kanya ni Jesus, ito ay pagpapatotoo niya sa ginawa ni Jesus sa kanya. Pagkatapos nagmensahe sila ng tungkol sa kagalakan at pagpapahalaga.
8. Ang ibang tao ay nagpapaliwanag na “kahit hindi sinabi ng lalaking gumaling sa mga tao ang nangyari sa kanya, sa kaniyang kagalakan ay maaari siyang magpatotoo,” Pagkatapos ang mensahe ay tungkol sa pagbabahagi ng salita ng Dios.
9. Ang iba ay itinuturo nila na dahil ipinamalita ng lalaking ito sa lahat ng tao ang tungkol sa kaniyang paggaling, kaya hindi na nakapasok pa si Jesus sa bayan subalit ‘pinupuntahan pa rin Siya ng mga tao mula sa iba’t ibang dako.” Sinasabi nila na bilang resulta ng pamamalita ng tao lalong dumami ang pumupunta kay Jesus upang mapagaling. Pagkatapos ang mensahe ay kung Paanong natupad ang kalooban ng Makapangyarihang Dios sa pamamagitan ng lalaking gumaling.

Ngunit tingnan natin ang siyam na mga katotohanang ito, lahat ba ay nagbibigay ng tamang impormasyon ng kuwento, o maaaring kalahati lang nito ang nagbibigay kung ano talaga ang kuwento? Kasinglaki lang ba ng kalahating elepante ang natuklasang katotohanan?

Mabuti ring talakayin ang mga naunang kayamanan na ating natuklasan sa kuwento, tulad ng tungkol sa pagpapagaling at sa pananampalataya

ng ketongin upang gumaling. Ngunit kung hindi natin matutuklasan ang katotohanan ng tungkol sa pagsuway at hindi paggalang kay Jesus ng ketongin na nagpagaling sa kaniya, , hindi natin matutuklasan ang ibang katotohanan.

Tulad ng mabuti nating pag-aaral ng mga impormasyon tungkol sa pagpapagaling, pag-aralan din natin ang pagsuway ng pinagaling na ketongin

Kung gagamitin natin ang kuwentong ito sa pagmemensahe tungkol sa hindi mapigil na kagalakan, ang kaluwalhatian ng pagbabahagi ng salita o ang kapangyarihan ng Dios, hindi natin matutuklasan ang katotohanan. Sa kalagitnaan ng kuwento ay hindi tungkol sa kagalakan o pagbabahagi ng salita ng Dios; ito ay tungkol sa kalooban ng sarili, tungkol ito sa mga humingi at tumanggap ng kaloob ng pagbabago ng buhay mula sa Dios, at sumuway sa kaniyang kautusan.

Ang Panginoon ay binigyan tayo ng hustong impormasyon sa mga kasulatan upang maunawaan natin ang buong katotohanan. Ang tagapagkuwento/ tagapagturo na naghanda ay mababasa ang kuwento sa konteksto. Ang dalawang talatang ito bago ang kuwento ay makakatulong upang madaling maintindihan ang kalooban ni Jesus.

Marcos 1:38-39 “ Ngunit sinabi niya sa kanila, “Kailangang pumunta rin tayo sa mga karatig bayan upang makapangaral ako roon. Ito ang dahilan ng pagparito ko”.(39) Nilibot nga ni Jesus ang buong Galilea. Nangaral siya sa kanilang mga sinagoga at nagpalayas ng mga demonyo.”

Pansinin na sinabi sa atin ng Dios sa talatang 38 na gusto ni Jesus pumunta sa karatig na bayan.ngunit sa kasamaang palad pagkatapos ng pagpapagaling, dahil sa katigasan ng ulo ng lalaking iyon, Sinabi ng Dios sa atin sa kuwento na si Jesus ay hindi na nakapunta sa mga karatig na bayan.

Anong gusto ni Jesus na gawin ng ketongin? Sa kuwento ay inutusan ni Jesus ang pinagaling na ketongin na pumunta sa pari, “ Magpunta ka at magpasuri sa pari, ayon sa kautusan ni Moises...” Kaya una sa lahat nakikita natin na ang utos ni Jesus ay sumunod sa batas ng Mosaic na hindi ito sinunod ng pinagaling na ketongin. Ang utos ay makapangyarihan itong sinabi ni Jesus sa ketongin, na magpakita ang ketongin bilang patotoo sa mga pari ng pagpapagaling, hindi ito ginawa. Gusto ni Jesus na malaman ng mga pari ang nangyari at upang patunayan ang pagpapagaling. Kaya hindi ang lalaki nagpakita ng paggalang at pagsunod kay Jesus at sa mga pari, at sa kautusan ng Dios sa Lumang Tipan.

Sa maingat na pagbabasa natin ng kuwento (hindi pagbabasa ng ating mga ideya sa kuwento), ang sentro ng katotohanang ito, ang kasing laki ng elepanteng katotohanan ay matutuklasan; Himalang binago ni Jesus ang buhay ng ketongin, ang lalaking sinunod ang kalooban niya at sinuway ang nagligtas sa kaniya. Iyan ang elepante sa kuwento na tinatawag nating katotohanan.

Nakasentro ang atensiyon ng ketongin sa pagpapagaling hindi sa nagpagaling nito. Sa maraming kuwento sa Biblia, nakikita natin na ang mga tao ay paulit-ulit na gumagawa ng kamalian. Nagkakasala sila sa relihiyon. Sa kanilang kasipagan gumagawa sila ng gawain “ para sa Dios” na hindi nila pinapakinggan at iginagalang kung ano ang sinasabi ng Dios na gawin nila! Mali ba ang magpatotoo? Hindi... ang totoo ay sinabihan tayong magpatotoo. Mali bang magpatotoo ang ketongin sa plano ni Jesus sa oras na iyon at lugar.? Oo

Kadalasan, idinadahilan natin ang ating mga pagsuway o ayaw lang natin talakayin. Ngunit sa Biblia, ay ipinakita ng Dios na kinakailangan nating sumunod.

Ang mabuting halimbawa kung Ano ang pananaw ng Dios sa mga gumagawa ng medyo tama ay nasa 1 Samuel. Makikita natin doon ang isang taong gumagawa ng pangrelihiyosong gawain, ngunit dahil sa panahon at pagkakataon ng gawain, ito ay sumusuway sa kautusan ng Dios. Ihinambing ng Panginoon ang mga pagsuway sa Kaniyang kautusan sa pinakamasamang mga klase ng kasalanan.

1 Samuel 15:22-23 “ Sinabi ni Samuel, “ Akala mo ba’y higit na magugustuhan ni Yahweh ang handog at hain kaysa ang pagsunod sa kanya?” Mas mabuti ang pagsunod kay Yahweh kaysa paghahandog, at ang pakikinig ay higit na haing taba ng lupa. **(23)** Ang pagsuway sa kanya ay kasinsama ng pagkukulam, at ang katigasan ng ulo’y tulad ng pagsamba sa diyus-diyosan, Sapagkat itinakwil mo ang salita ni Yahweh, itinakwil ka rin niya bilang hari.”

Bigyang katwiran ang pagsuway ng ketongin kapag nangunguna tayo ng talakayan sa kuwentong ito, **bigyang kalayaan ang maaaring karaniwang kasalanan ng sangkatauhan.** Bagama’t minsan ang kasalananang ito ay delikado dahil hindi natin ipinapahayag, “ Pinili ko ang pamamaraan ko kaysa pamamaraan ng Dios,” Kapag hindi natin pinansin ang sinabi ng Dios, at piniling bigyan ng atensiyon ang kagustuhan natin, ito ay kasalanan. Ang kulang sa pagsunod ay pagsuway.

Hindi nating maaaring kalimutan ang ikalawang bahagi ng kuwento (ang resulta ng pagsuway). Kung hindi natin papansinin ang pagsuway ng ketongin, hinahayaan natin maghari ang kasalananang ito sa ating buhay,

ang sundin ang ating kagustuhan, sa halip na ang kagustuhan ng Dios. Nakakalungkot kapag sinasabi ng mga mananampalataya ang ganito “ Nalalaman ko kung ano ang sinabi ng Dios sa Kaniyang Salita tungkol sa ganitong sitwasyon, ngunit mayroon akong magandang dahilan kung bakit iba ang ginawa ko. “ Susuwayin ko ang salita ng Dios dahil gumagawa ako ng mas magandang pasiya kaysa Kanya. “ Mahabang oras ang inilaan natin sa isang bahagi lang ng isang kuwento. Ang natatanging kasulatang ito ay pinili dahil ito ang bahagi na nakakaligtaang pakinggan ng mabuti ng mga tao, at dahil dito hindi natin nakikita ang katotohanan. Gusto namin ilarawan kung gaano kabilis makaligtaan ang kabuuan ng katotohanan ng kuwento, kaya marami din ang hindi nakikitang katotohanan sa pagtuturo ng kabuuan ng Mensahe ng Dios.

Kapag naghahanda tayo upang magturo ng kuwento, taos-puso nating gawin ang ating responsibilidad. Ang paglalarawang ito na inihahalintulad sa elepante ay ginagamit upang paalalahanan tayo na maging maingat at makinig ng mabuti sa lahat ng sasabihin ng Dios. Sinasabi ng Biblia, “ **Makinig ang may pandinig.” (Mateo 11:15)**

Sa bawat kuwentong itinuturo natin na gamit ang ideya ng STS, dapat tayong makinig ng mabuti at manalangin upang maintindihan at panampalataya sa sasabihin ng Dios sa bawat kuwento. At kailangan nating makita kung paano ipinakita ng lahat na bahagi ng kuwento ang kabuuan nito.

Sa kuwento ng ketongin, Ipinakita sa atin ng Dios ang resulta ng pagsuway. Gayunman, pansinin sa maraming kuwento sa Biblia, hindi ipinakita sa atin ang resulta ng kasalanan ng mga tao. Maaari din nating ituro mula sa kuwentong iyan ang karunungan sumunod sa Dios dahil nananampalataya tayo sa Kaniyang pangunguna, hindi lang dahil natatakot tayo kung ano ang resulta ng pagsuway.

Kung ituturo natin ang kabuuan ng kuwento ng Marcos, Matutunan ng mga tao ang tungkol sa kalungkutan at mga resulta ng pagsuway sa Tagapagligtas na nagbigay sa atin ng buhay na walang hanggan at kagalingan. Kung pagtatakpan natin ang resulta ng pagsuway sa kuwentong ito sa Marcos, mabibigo tayong hikayatin ang mga mananampalatayang sumunod sa kalooban ng Dios sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya. Kung walang makikitang mga resulta ng kasalanan sa isang kuwento, asahan na palaging mayroon itong mga resulta. Kahit ang kabayaran ng kasalanan ay hindi nakikita sa mundong ito, dapat nating malaman na ang ating mga kasalanan ay nagbibigay pighati sa Panginoon at iyan ang dahilan ng pagkawala ng ating kagalakan at kapayapaan.

Seyempre, sa bawat kuwento ay mayroong kahanga-hangang mga

kayamanan. Habang paulit-ulit mong itinuturo ang kuwentong ito, lalong dumadami ang mga kayamanang ipinapahayag ng Banal na Espiritu sa tagapagkuwento at sa mga nakikinig at tumatalakay nito.

Chapter 10

Tumuklas Sa Pamamagitan ng Halimbawang Kuwento Paanong Maghanda ng Mga Katanungan Zaqueo , Lucas 19:1-10

Magbuhos tayo ng pag-iisip sa isang bahagi ng STS sa kabanatang ito, ang tungkol sa paggawa ng mga katanungan. Kung inyong makikita kung gaano kahaba ang kabanatang ito, kayo ay magugulat , “ Ang araling ito ay mahaba!” Ngunit sa pasimula nito, inyong makikita na maraming paulit-ulit na bahagi ng kuwento.! Manampalataya kayo. Mayroon tayong layunin. Sa pagsasanay upang makagawa ng katanungan, Kayo ay gagabayan upang tiyak na mapaunlad ang inyong pagtuklas ng kayamanan , paggawa ng mga katanungan at hanapin sa mga kayamang ating natuklasan at mga katanungang ating ginawa. ?

Ganito ito. Pagkatapos mong basahin ang matutunan ang kuwento ni Zaqueo, mag-isip ka ng mga maaaring nilalamang kayamanang espirituwal. Upang makita ang kayamanang ito, tingnan natin ang mga nagawa ng Dios sa buhay ng mga tao sa nakaraan at mga aralin na natutunan at hindi natutunan ng mga tao, at ang mga resulta ng kanilang ginawa. Ito ang inyong mga Espirituwal na Obserbasyon. Ang pangyayaring ito ay pinili at inilista ng Dios sa Biblia para sa atin, kaya mas maganda kung magsimula ka sa pamamagitan ng pakikinig ng mabuti sa buong kuwento upang matagpuan ang mga kayamanang ito.

Pagkatapos basahin ang mga Obserbasyon

Pagkatapos, isipin ninyo kung paano kayo gagawa ng mga katanungan upang matulungan ninyong matuklasan ng mga tao ang mga kayamanang ito.

Ito ay mahalaga! Ito ang sinabi naming mga paulit-ulit na bahagi. Makikita ninyo na ililista muna namin ulit ang mga Obserbasyon pagkatapos inilista namin ang aming mga katanungan. Ginawa namin ito upang makita ninyo kung paano naming ibinatay ang aming katanungan sa aming mga Obserbasyon. Inilista namin ulit ang mga boserbasyong ito upang inyong makita kung paano naming ginawang katanungan ang mga obserbasyon.

Pagkatapos, muling alalahanin ang iyong mga obserbasyon, at isipin kung paanong nating maisasabuhay ang bawat obserbasyon sa ngayon. Iyon ang mga Espirituwal na Pagsasabuhay.

Pagkatapos mababasa mo ang aming mga obserbasyon. Upang matiyak, inilista ulit namin ang aming mga obserbasyon. Ginawa ito upang inyong makita kung paano kinailangang ibatay ang bawat pagsasabuhay sa tiyak na obserbasyon.

Ang susunod ay mag-isip kayo ng mga katanungang makakatulong sa mga tao upang matuklasan ang mga pagsasabuhay.

Pagkatapos, basahin mo ang aming mga katanungan. Oo! Katulad ng sinabi namin, mahaba ang kabanatang ito. Bakit? Isinama namin ang “lahat” upang makapagbalik aral ka kung paanong matutulungan ang mga tagapakinig na matuklasan ang mga obserbasyon sa pamamagitan ng mga katanungan, at sa pamamagitan ng mga obserbasyon ay matutuklasan nila ang pagsasabuhay, at sa pamamagitan ng iyong mga katanungan ay matutuklasan nila ang pagsasabuhay.

Alalahanin, Ang STS ay hindi tiyak na mga inihandang katanungan, ito ay ideya o konsepto, ito ay nakakatulong bumuti ang kaalaman sa pakikinig, ito ay pag-aaral upang matuklasan ang katotohanan. Ito ay mga posibleng katanungan, mga halimbawa upang matulungan ang mga tagapakinig na matuklasan ang mga kayamanang nakita sa kuwento. Ang mga katanungang iyong gagamitin ay sarili mong pinag-isipan. Kamanghamanga dahil habang patuloy kang nakikinig ng mabuti sa Banal na Espiritu at sa mga kasagutan at mg komento ng mga taong inyong tinuturuan, magugulat ka dahil marami kang matututunan habang nagtuturo ka.!

Maging Malakas ang loob. Magtiwala. At Huwag Sumulat!

Naiisip mo bang tumayo si Jesus upang magmensahe sa Bundok at una inayos muna Niya ang Kaniyang mga isinulat sa pulpito sa harap Niya? Maaari hindi. Kapag sinabihan kang magpatototo, o kung paano mo nakilala ang asawa mo o ang pinakamasaya mong karanasan sa iyong buhay, kailangan mo bang balikan ang mga isinulat mo upang masagot ang mga katanungan? Ang ibang mga impormasyong sinasabi natin, naaalala natin, ay nanggagaling sa sarili natin. Kahit nakikipag-usap tayo sa taing mga kaibigan kung ano ang nangyari sa atin sa buon araw. Sinasabi natin ito na nanggagaling ito sa ating memorya. Ang mga impormasyon ito ay sarili natin, dahil ito ay kuwento, kaya hindi ito mahirap ulitin.

Alam natin na gusto ng STS na kailangan nating matutuo ng mga bagong kaalaman. Noon, kung naging tagapagsalita o tagapagturo ka ay walang

dudang gumagamit ka ng mga 'notes' upang maalala ang iyong ipipresenta. Kapag nagtuturo ka o nag-aaral ng mga impormasyong sa pamamagitan ng paggamit ng paksa, ang 'notes' o lista ng mga impormasyon ay kinakailangan. Ngunit sa kuwento hindi ninyo kailangang gumamit ng mga 'notes' upang maalala ang sasabihin.

Kapag natikman ninyo ang chocolate kek na sariling gawa at nagustuhan ninyo ang lasa nito, maaari ninyong hingiin ang recipe nito. At kung gagawa kayo para sa inyong sarili, maaari ba ninyong ipagpalit ang vanilla sa chocolate at bigas sa harina? Seyempre hindi. Ang kakaibang kek ay depende sa mga 'recipe'.

Ang STS ay katulad ng kek na mayroong marasap na 'recipe', kaya ipinapayo namin na sundin ang 'recipe' ng STS at magtiwala na bawat hakbang ng STS ay mayroong layunin.

Kapag ihinanda ang kuwento para sa STS, ito ay kinakailangang ilagay sa memorya, walang 'notes'! . Mahirap kung iisipin dahil karamihan sa atin ay natuto tayong dumepende sa ating mga 'notes' upang maalala ang mga impormasyon. Sa pagsasanay na ito mayroon kaming ipapagawa sa inyo na kakaiba. Pag-aralan at ihanda ang isang aralin, at WALA kang isusulat! Totoo ang sinabi namin.... Walang nakasulat na 'notes;.

Kung dadalo kayo sa isa sa mga 'workshops' ng STS, mararanasan ninyong matuto ng sampung talata sa loob lamang ng sampung minuto. At matututo kayong tumuklas ng mga Espirituwal na kayamanan at maghanda ng mga katanungan, at lahat ng mga ito ay gagawin ninyo sa pamamagitan lamang ng iyong memorya, kailangang walang nakasulat na mga 'notes'.

Sa ngayon, mayroong mga impormasyong nakasulat sa kabanatang ito na magpapakita kung paano mag-isip sa pamamagitan ng kuwento.

Pinili namin ang kuwento ni Zaqueo sa pag-aaral na ito dahil palaging nakikita bilang isang simpleng kuwento sa mga bata. Ikinukuwento natin na ang pandak na lalaking nagngangalang Zaqueo ay gustong makita si Jesus, kaya umakyat siya ng isang puno upang makita niya si Jesus mula sa taas. Ang mga tao sa kuwento ay galit sa taong ito na si Zaqueo dahil siya ay nangungolekta ng buwis, ngunit napansin siya ni Jesus at pumunta pa sa bahay ng lalaking ito upang magtanghalian. Si Zaqueo ay masaya at ibinalik niya ang kalahati ng kanyang pera sa mga pulubing tao, kaya kailangan nating maging katulad ni Zaqueo.

Bagama't sa pangkalahatan, ito ang nilalaman ng kuwento, ngunit mayroon maraming mga impormasyon sa kuwentong ito. Sa pamamaraan ng STS, makikita ninyo ang mga kayamanan ng kuwento.

Una, kung babasahin ninyo ang kuwentong ito, maaaring kakaunti ang inyong makatuklas na kayamanan kaysa sa aming ipipresenta dito. Huwag itong alalahanin, habang patuloy kayong naghahanda at nagpipresenta ng mga kuwento sa pamamaraan ng STS, patuloy kang makakatuklas ng maraming kayamanan. Maaring balikan mo pa ang kuwentong ito upang dagdagan ng kayamanan! Ganoon ang salita ng Dios. Hindi hindi mauubusan ng ibibigay na mga katotohanan.!

Sa pag-aaral na ito ng kuwento ni Zaqueo, ipapakita namin sa inyo ang maraming mga katotohanan upang magkaroon kayo ng ideya kung ilang mga katotohanan ang nilalaman ng isang kuwento. Kung itututuro ninyo ang kuwentong ito, maaaring hindi muna ibigay lahat ang mga katotohanan agad dahil sa kakulangan ng oras o iba pang dahilan.

Paano Magpatuloy

1. Inirerekomenda sa pagsasanay na ito, na pag-aralan muna ang sampung talatang kuwentong ito sa pamamaraan ng STS. (paalala ng pamamaraang iyan ay kaagad na susunod).
2. Pagkatapos ninyong pag-aralan iyan, magkaroon ng ilang minutong pananalangin at pagbubulay-bulay sa nilalaman nito.
3. Pagkatapos basahin ulit ang mga pahinang natagpuan sa libro ng STS sa 'table of contents', 'kaalaman II: Paanong matuklasan ang mga kayamanan sa kuwento, # 1 Paanong matuklasan ang kayamanang tinatawag na "Espirituwal na Obserbasyon".
4. Pagkatapos, alalahanin ang mga pangyayari ng kuwento sa pamamagitan ng pagkasunod-sunod na kuwento upang makita kung anong mga Espirituwal na Obserbasyon ang inyong matutuklasan.

Alalahanin, huwag sumulat ng kahit ano! Sa halip, alalahanin ninyo ang kuwento sa pamamagitan ng pagsasaisip bilang inyong mga 'notes'. Pagdugtungin ang inyong mga obserbasyon sa nilalaman nito. Pagkatapos ninyong gawin iyan, balikan ninyo ang kuwento at gawin ninyong katanungan ang mga obserbasyong iyan.

5. Pagkatapos, balikan ninyo ang kuwento sa isip lang at alalahanin ang mga obserbasyong inyong maaalala. Bawat obserbasyon, ay manalangin at hingin sa Dios kung ano ang Espirituwal na kahulugan sa atin sa ngayon. Kung ano ang kahulugan sa atin ito ay tinatawag na Espirituwal na Pagsasabuhay. At ang panghuli ay gumawa ng mga katanungang makakatulong sa mga taong matunghayan nila ang mga pagsasabuhay na iyan.

Pansinin ng mabuti: Ang mga Espirituwal na Obserbasyon at Espirituwal na pagsasabuhay ay nakasulat lang dito upang makita ninyo kung paanong ginawa

ang mga katanungan para sa kuwento. Kung kayo ay nasa STS 'workshop' ang lahat na mga impormasyong ito ay hindi nakasulat. Ang kuwento ay inyong magiging 'notes'. Ang kuwento ay katulad ng isang sampayan ng damit na maaari ninyong pagsabitan ng inyong mga kayamanang natuklasan at gumawa ng mga katanungang batay dito.

Ngayon: Katulad ng inilalarawan ng STS handbook kung paano matuto ng kuwento.....

1. Basahin ang tampusung talatang ito ng isang beses, **at malakas**.
2. Habang binabasa ninyo ito, **sabihin ito sa pamamagitan ng sariling salita**. Halimbawa sa halip na sabihing 'publican' maaari ninyong sabihing 'maniningil ng buwis.'
3. Isipin ninyo kung ano ang nangyayari sa kuwento.
4. Pagkatapos ninyong basahin lahat, **ipikit ang inyong mga mata** at ulitin ang **maaalala ninyo** sa kuwento. Alalahanin ang eksaktong kuwento, hindi ang eksaktong mga salita.
5. pagkatapos balikan at basahin ulit ito **ng malakas**. Mapapansin ninyo ang mga bahagi na inyong nakalimutan.
6. Ipikit ang mga mata at ulitin muli ang kuwento **ng malakas**.

Kadalasan, pagkatapos ng maaaring apat na beses na pagbabasa ng kuwento ng ganitong paraan, mapapansin ninyo na masasabi ninyo ang buong kuwento! Kung hindi, maaaring palitan ang STS 'recipe'. Ngayon subukang pag-aralan ang kuwento ni Zaqueo, sa STS na pamamaraan.

Zaqueo

Lucas 19:1 Pumasok si Jesus sa Jerico at naglakad sa kabayanan.

2 May isang tao noong ang pangalan ay Zaqueo, isang pinuno ng mga maniningil ng buwis at napakayaman.

3 Sinisikap niyang makita si Jesus upang makilala kung sino ito, ngunit sa dami ng tao, hindi niya ito makita dahil sa siya'y pandak.

4 Kaya't patakbo siyang nauna sa daanan ni Jesus at umakyat sa isang puno ng sikamoro.

5 pagtapat ni Jesus sa lugar na iyon, tumingala Siya kay Zaqueo at sinabi, "Zaqueo, bumaba ka agad sapagkat kailangan kong tumuloy ngayon sa iyong bahay."

6 Nagmamadaling bumaba si Zaqueo, at tuwang-tuwang tinanggap si Jesus sa kanyang bahay.

7 Lahat ng nakakita nito ay nagbulung-bulungan. "Nakikituloy siya sa isang makasalanan," sabi nila.

8 Tumayo si Zaqueo at sinabi niya kay Jesus, "Panginoon, ipamimigay ko po sa mga mahihirap ang kalahati ng aking mga kayamanan . At kung ako'y may nadayang sinuman, isasauli ko ito sa kanya ng mka-apat na beses."

9 At sinabi sa kanya ni Jesus, " Ang kaligtasan ay dumating ngayon sa

sambahayang ito sapagkat anak din ni Abraham ang taong ito.
10 Ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naligaw.”

Magbalik Aral tayo sa Karaniwang Pamamaraan ng Pagpipresenta at ihambing natin ito sa Pamamaraan ng STS.

Ang Karaniwang Pamamaraan ng Pagtuturo Mula sa Kuwento. Kapag gumagamit tayo ng karaniwang pamamaraan sa pagmemensahe at pagtuturo, ang ibang bahagi ng kasulatan o maaaring buong kasulatan ay binabasa sa mga tagapakinig. Pagkatapos ang ibang bahagi ng binasang kasulatan ay may kinalaman sa mga plano kung ano ang ituturo. Ang ibang kasulatan ay ginamit upang bigyan-diin ang tiyak na mga katotohanan. Sa ibang halimbawa, ang mga impormasyon sa labas ng Biblia ay maaaring ipresenta, pagkatapos maaaring bumanggit ng ilang mga Griyego at Hebreong salita upang patunayan ang tinutukoy ng tagapagsalita. Kadalasan mayroong ginagawang pagbibiro o kuwentong nakakatawa upang maging pokus ang mga tao sa pakikinig.

Ang mga pagsasabuhay na ito ay ginawa para sa mga tagapakinig. Ang pagsasabuhay ay ginawa ng tagapagturo. Ang mga pagsasabuhay ay ibinahagi sa pamamagitan ng pagsasabi sa mga tagapakinig kung ano ang dapat at hindi dapat nilang gawin. Ito ang karaniwang pamamaraan, hindi ito mali, ngunit hindi lang ito ang paraan sa pagtuturo sa kasulatan.

Ang Pagkakaiba ng Pamamaraan ng STS: Kapag ginagamit ang pamamaraan ng STS sa pagtuturo, ang kuwento ay dapat napakinggan ng tatlong beses, tatlong magkakaibang paraan. Pagkatapos lahat ng mga espirituwal na obserbasyon (katulad ng mga nakasulat sa baba) ay ipinipresenta sa mga tagapakinig sa pamamagitan ng mga katanungan. Ang ganitong pamamaraan ng talakayan ay nagbibigay ng kalayaan sa mga tagapakinig upang iproseso ang mga impormasyon, isaisip ang mga ito at magkaroon ng kagalakan sa kanilang sariling pagtuklas ng espirituwal na kayamanan. Kadalasan ay ipinapahayag ng mga tagapakinig ang mga karagdagang katotohanan na hindi natuklasan ng tagapagturo.

Ngayon na natutunan na ninyo ang kuwento, magbigay kayo ng panahon upang balikan ang kuwento at magbulay-bulay sa sampung mga talata. Hanapin ninyo ang mga kayamanan katulad ng ipinaliwanag ng librong ito sa “kaalaman II: Paano hanapin ang mga kayamanang espirituwal sa kuwento, # 1 Paano Hanapin ang mga kayamanang tinatawag na Espirituwal na mga Obserbasyon. Pagkatapos ninyong matagpuan ang mga kayamanang ito, magpatuloy at basahin ang mga Espirituwal na Obserbasyong na nakasulat sa ibaba. Ang ibang mga obserbasyon dito ay inyo na nakita. Maaaring ang inyong natagpuang obserbasyon ay naiiba.

Ang mga sumusunod ay mga Espirituwal na Obserbasyon na maaaring mapansin ng tagapagkuwento sa kuwento. Ang mga obserbasyong ito ay mga

mahalaga. Hindi lahat ay maaaring matalakay, ngunit habang sinisiyasat ninyo ang kuwento, huwag kayong matakot mag-dagdag ng inyong mga ideya at mga ideya ng ibang tao. Gayunpaman, sa pagtuturo, maaaring hindi ninyo mapatunayan ang lahat ng mga katotohanang inyong iniisip. Kaya ang mga ito ay dapat hindi gamitin sa pagtuturo sa iba. Maghintay, dahil maaaring makita ninyo ito sa inyong pagpipresenta ng inyong mga katanungan. Ang mga karagdagang katotohanan ay ibibigay ito ng Panginoon sa inyong isipan sa pamamagitan ng mga kasagutan ng iba at ito ang makakatulong upang maliwanagan ang inyong isipan.

1. Ang mga taong gustong makalapit kay Jesus ay hinarang si Zaqueo upang makalapit kay Jesus.
2. Ang lalaking ito na si Zaqueo ay pandak ngunit mataas ang posisyon sa lipunan, isang mayaman at pinuno ng mga maniningil ng buwis, ang kanyang layunin ay makita si Jesus, mayroong madaling pamamaraan upang makita ito ngunit hindi ito madali sa kanya, kaya gumawa siya ng sarili niyang paraan upang makita ito.
3. Ang pagkakataon na maaaring pagtawanan ang importanteng taong ito dahil sa kanyang hindi kagalang-galang na ginawa tulad ng pag-akyat sa puno ay hindi nakapigil kay Zaqueo upang gawin ito.
4. Sa unang bahagi ng kuwento, nakikita natin na si Zaqueo ang naghahanap kay Jesus. Pagkatapos sa kalagitnaan ng kuwento si Jesus ang naghahanap kay Zaqueo!
5. Nakikita natin sa kuwento na si Jesus ay naglalakad sa kalsada sa gitna ng maraming taong nakapalibot sa kanya. Bagama't lahat ng mga tao ay nagtutulakan papunta kay Jesus, hindi Niya ito pinansin, iisang tao lamang ang Kanyang pinansin at malayo ito sa karamihan dahil ang lalaking ito ay umakyat sa puno.
6. Tinawag ni Jesus si Zaqueo sa kanyang pangalan, Ito ay pagpapatunay na mayroon siyang personal na paagkagusto sa lalaking ito.
7. Inanyayahan ni Jesus ang kanyang sarili sa bahay ni Zaqueo, na mapangahas ito sa karamihan ng mga kultura. Nagpapakita ito ng kaalaman ni Jesus at pagtitiwala kung ano ang dapat mangyari.
8. Kapag tumingala ang isang tao lalo na kung ito ay tagapanguna, lahat ng tao ay titingala din upang makita kung ano ang tinitingnan nito. Kaya hindi lang si Jesus ang nakakita kay Zaqueo, lahat ng mga taong naroroon ay nakita rin si Zaqueo ngunit hindi ito nagpakita ng takot o hiya sa halip ay nagpakita siya ng kagalakan.
9. Si Zaqueo ay hindi nag-alinlangang tumugon sa utos ni Jesus. Nagmadali siya.
10. Kahit ang maraming taong ito ay mayroong sinasabi laban kay Zaqueo, pinapunta pa rin niya si Jesus sa kanyang bahay. Ang mga pagpuna kay Zaqueo ay hindi ito naka-empluwensiya sa kanya.
11. Sa mga pagpuna ng mga taong nagsasabi na si Jesus ay “tumuloy sa bahay ng lalaking makasalanan,” nakikita ko na iniisip ng mga tao na HINDI sila makasalanan.

12. Ang ikiniilos ng mga tao ay tulad ng mga 'alagad' ni Jesus. Sumama at nagtulakan papunta kay Jesus. Mukhang gusto nilang malaman kung sino ang mga kasalo ni Jesus sa hapag kainan, ito ay nagpapahiwatig na gusto nila ang paanyayang iyan. Ngunit nagpakita sila ng pagkawalang galang kay Jesus sa pamamagitan ng kanilang pagtutol kung sino ang gusto Niyang kasalo sa hapunan.
13. Ang mga tao ay walang lakas ng loob upang tanungin si Jesus ng harap harapan. Sinasabi nila sa isa't isa ang kanilang pagpuna kay Jesus.
14. Si Zaqueo, isan mayamang lalaki, ay nagpakita ng taos pusong pagbibigay ng kalahati ng kanyang kayamanan sa mga mahihirap.
15. At sinabi rin ni Zaqueo "kung ako'y may nadayang sinuman, isasauli ko ito sa kanya ng maka-apat na beses." Hindi sinabi ni Zaqueo na "kung napatunayang nagkasala ako sa batas ay isasauli ko ang perang ninakaw ng maka-apat na beses." Ang ginawang ito ni Zaqueo ay sarili niyang kapasiyahan. Ang iba ay maaaring magsabi na ipinamimigay na ni Zaqueo ang kanyang pera sa mga mahihirap, ngunit iba ang ipinakita sa atin ng mga palagay ng mga tao. Ang hindi natin alam sa kuwento, na tinanggap ni Zaqueo na siya ay makasalanan at gusto niyang magbago. Nakita din natin ang pagiging palabigay ni Zaqueo.
16. Alam natin na nanampalataya si Zaqueo kay Jesus noong araw ding iyon dahil sinabi ni Jesus, "Ang kaligtasan ay dumating ngayon sa sambahayang ito." Si Zaqueo ay nag-iisang tao lamang sa kuwento na naligtas.
17. Ang sinabi ni Jesus na ang layunin ng Kanyang paparito , " ay hanapin at iligas ang naligaw." Ay isang pahayag na ito ay pagbibigay karangalan kay Zaqueo at pagpuna sa mga tao.

Ang paggawa ng mga katanungan: Ngayon, isipin ninyo ang mga ginawang obserbasyon ito, kung paano gawing katanungan ang bawat isa. Minsan ay maari kang gumamit ng maraming katanungan upang matulungan ang mga tagapakinig na makatuklas ng mga obserbasyon.

Ang susunod ay makikita ninyo ang mga katanungang aming ginawa. Dahil ang bawat katanungan ay ginawa upang matulungan ang mga tagapakinig upang matagpuan ang Espirituwal na Obserbasyon, bilang tulong, inilista ulit namin ang mga Obserbasyon. Pagkatapos ang tanong o mga katanungan na makakatulong upang matagpuan ang mga obserbasyon ay nakasulat.

1. **EO-** Ang mga taong gustong makalapit kay Jesus ay hinarang si Zaqueo upang hindi makalapit kay Jesus.
 - a. **EO- katanungan-** sa kuwentong ito nakikita natin na gusto ni Zaqueo na makita si Jesus, ngunit hindi siya makalapit at pangalawa siya ay pandak, at nakita natin sa kuwento na hinaharang si Zaqueo ng mga tao. Ano ang ginagawa ng mga tao, na ito ang dahilan upang harangin si Zaqueo? Sinasabi ba ninyo na

ang mga taong gustong lumapit kay Jesus ay naging hadlang upang ang isang naghahanap ay hindi makalapit kay Jesus? Anong masasabi ninyo ng tungkol dito?

2. **EO-** Ang lalaking ito na si Zaqueo ay pandak, ngunit mataas ang posisyon sa lipunan, isang mayaman at pinuno ng mga maniningil ng buwis, ang kanyang layunin ay makita si Jesus, mayroong madaling pamamaraan upang makita ito ngunit hindi ito madali sa kanya, kaya gumawa siya ng sarili niyang paraan upang makita ito.
 - b. **EO- Katanungan-** Ilarawan ang katayuan ni Zaqueo sa lipunan. Kaya, ginamit ni Zaqueo ang kanyang kayamanan upang umupa ng malalaki at mababagsik na mga tao upang makalapit siya kay Jesus, Tama? Hindi? Sige mayroon akong tanong. Noong hindi makalapit ang importanteng taong ito sa madaling pamamaraan, Ano'ng ginawa niya at saan siyang pumunta?
3. **EO-** Ang pagkakataon na maaaring pagtawanan ang importanteng taong ito dahil sa kanyang hindi kagalang-galang na ginawa na tulad ng pag-akyat sa puno ay hindi nakapigil kay Zaqueo upang gawin ito.
 - c. **EO- Katanungan-** Nakita ba natin sa kuwento kung ano ang inisip ng mga tao sa lugar na iyon tungkol kay Zaqueo? Para sa kahalagahan ng isang lalaking tulad ni Zaqueo, at ang pagturing sa kanya ng mga tao na hindi na mahalaga, Ano ang personal na panganib sa ginawa niyang pag-akyat sa puno upang makita si Jesus?
4. **EO-** Sa unang bahagi ng kuwento, nakita natin na si Zaqueo ang naghahanap kay Jesus, pagkatapos, sa kalagitnaan ng kuwento si Jesus ang naghahanap kay Zaqueo!
 - d. **EO- Katanungan-** Sa kuwentong ito masasabi ba ninyo na si Zaqueo ang naghahanap kay Jesus? Ano ang nagpapatunay nito sa atin? Ngunit noong binalikan natin ulit ang kuwento, masasabi ba ninyo na si Jesus ang naghahanap kay Zaqueo? Saan natin itong makikita sa kuwento? Kaya alin sa dalawa? Si Zaqueo ba ang nahahanap kay Jesus o si Jesus ang naghahanap kay Zaqueo? Maaari bang sabihin nating pareho silang dalawa? Ipaliwanag.
5. **EO-** Nakita natin sa kuwento na si Jesus ay naglalakad sa kalsada sa gitna ng maraming taong nakapalibot sa Kanya. Bagama't lahat ng mga tao ay nagtutulakan papunta kay Jesus, hindi Niya ito pinansin, iisang tao lamang ang kanyang pinansin at malayo ito sa karamihan dahil ang lalaking ito ay umakyat sa puno.

- e. **EO-Katanungan-** Noong naglalakad si Jesus sa kalsada na napapalibutan ng mga tao, alin sa mga tao sa karamihan ang Kanyang tinugon? Ano ang ibig ipahiwatig sa atin ng ikinilos ni Jesus?
6. **EO-** Tinawag ni Jesus si Zaqueo sa kanyang pangalan, ito ay pagpapatunay na mayroon siyang personal na pagkagusto sa lalaking ito.
- f. **EO- katanungan-** Mayroon bang sinabi si Jesus kay Zaqueo na nagpapakita ng personal na pagkagusto?
7. **EO-** Inanyayahan ni Jesus ang Kaniyang sarili sa bahay ni Zaqueo, na mapangahas ito sa karamihan ng mga kultura. Nagpapakita ito ng kaalaman ni Jesus at pagtitiwala kung ano ang dapat mangyari.
- g. **EO- katanungan-** Sino ang nagsimula ng pakikipag-usap at paano nangyari ang ganitong paanyaya?
8. **EO-** Kapag tumingala ang isang tao lalo na kung ito ay tagapanguna, lahat ng tao ay titingala din upang makita kung ano ang tinitingnan nito. Kaya hindi lang si Jesus ang nakakita kay Zaqueo, lahat ng mga taong naroroon ay nakita si Zaqueo ngunit hindi ito nagpakita ng takot o hiya sa halip ay nagpakita siya ng kagalakan.
- h. **EO-katanungan-** Naranasan na ba ninyong makasali sa isang grupo at isa sa kanila ay tumingala at mayroong tinitingnan? Ano ang ginawa ng ibang mga tao sa grupo? Maliban kay Jesus sa kuwento mayroon pa bang ibang nakakita kay Zaqueo sa puno? Paano? Kaya ang lalaking ito na si Zaqueo ay **NAKITA** siya ng maraming tao sa nakakahiyang sitwasyon, Ano kaya ang naramdaman ng isang mayaman at makapangyarihang tao sa nakakatawang sitwasyon na tulad ng pag-akyat sa puno? Nagtago ba si Zaqueo o nagbigay ng mga dahilan? Maaari ba nating malaman sa kuwento kung ano ang naramdaman ni Zaqueo?
9. **EO-** Si Zaqueo ay hindi nag-alinlangang tumugon sa utos ni Jesus. Nagmadali siya.
- i. **EO- katanungan-** Paano tumugon si Zaqueo? Ano ang eksaktong ginawa niya?
10. **EO-** Kahit ang maraming taong ito ay mayroong sinasabi laban kay Zaqueo, pinapunta pa rin niya si Jesus sa kanyang bahay. Ang mga pagpuna kay Zaqueo ay hindi ito naka-empluwensiya sa kanya.

- j. **EO-katanungan-** Alam natin na akala ng mga tao na makapangyarihan sila kay Zaqueo sa pamamagitan ng kanilang sinabi. Naimpluwensyahan ba siya ng mga tao? Ano ang kanyang reaksiyon?
11. **EO-** Sa mga pagpuna ng mga taong nagsasabi na si Jesus ay “tumuloy sa bahay ng lalaking makasalanan.” Nakikita ko na iniisip ng mga tao na HINDI sila makasalanan.
- k. **EO- katanungan-** Ano ang iniisip ng mga tao tungkol sa espirituwal na buhay ni Zaqueo? Ano ang iniisip nila tungkol sa kanilang sariling espirituwal na buhay?
12. **EO-** Ang ikinilos ng mga tao ay tulad ng mga ‘alagad’ ni Jesus. Sumama at nagtulakan papunta kay Jesus. Mukhang gusto nilang malaman kung sino ang mga kasalo ni Jesus sa hapag kainan, ito ay nagpapahiwatig na gusto nila ang paanyayang iyan. Ngunit nagpakita sila ng pagkawalang galang kay Jesus sa pamamagitan ng kanilang pagtutol kung sino ang gusto Niyang kasalo sa kapunan.
- l. **EO-katanungan-** Sa simula bakit naisip nating alagad ang mga taong sumusunod kay Jesus? Nagtutulakan sila papunta kay Jesus. Sa kanilang ikinilos at pagkagustong makita si Jesus, Sino ang binigyan ni Jesus ng personal na oras?, ano ang ipinahihwatig nila? At anong paggalang ang kanilang ipinapakita kay Jesus?
13. **EO-** Ang mga tao ay walang lakas ng loob upang tanungin si Jesus ng harap-harapan. Sinasabi nila sa isa’t isa ang kanilang pagpuna kay Jesus.
- m. **EO- katanungan-** Naalaala ba ninyo kung paano nalito ang mga tao kaya tinanong nila si Jesus kung bakit iiwanan Niya ang lahat na mga tao upang pumunta sa bahay ng makasalanan? Hindi? Hindi nila ito sinabi. Ano ang ginawa nila? Kaya ano ang ikinilos nila na nagpapakita ng hindi paggalang kay Jesus?
14. **EO-** Si Zaqueo, isang mayamang lalaki, ay nagpakita ng taos pusong pagbibigay ng kalahati ng kanyang kayamanan sa mga mahihirap.
- n. **EO- katanungan-** Anong ipinangako ni Zaqueo na ibibigay? Anong ipinakita sa atin ng tungkol sa kaniyang pinahalagahan?
15. **EO-** At sinabi rin ni Zaqueo “kung ako’y may nadayang sinuman, isasauli ko ito sa kanya ng maka-apat na beses.” Hindi sinabi ni Zaqueo na “kung napatunayang nagkasala ako sa batas ay isasauli ko ang perang ninakaw ng maka-apat na beses.” Ang ginawang ito ni Zaqueo ay sarili niyang kapasintahan. Ang iba ay maaaring magsabi na ipinamimigay na ni

Zaqueo ang kanyang pera sa mga mahihirap, ngunit iba ang ipinakita sa atin ng mga palagay ng mga tao. Ang hindi natin alam sa kuwento , na tinanggap ni Zaqueo na siya ay makasalanan at gusto niyang magbago. Nakita din natin ang pagiging palabigay ni Zaqueo.

o. **EO- katanungan-** Mayroon bang sinasabi sa kuwento na si Zaqueo ay natuklasan ng batas na magnanakaw o napatunayang nagkasala sa batas kaya sinisikap niyang bayaran upang mawala ang kanyang problema? Mapapatunayan ba natin sa kuwento kung si Zaqueo ay nagsauli ng pera bago makipagkita kay Jesus o sa palagay ba ninyo naisip lang niya ito noong bumisita si Jesus sa kanya? Masasabi ba natin mula sa mga ideya ng mga tao na ay matapat siyang maniningil ng buwis at ipinamahagi na niya ang kalahati ng kanyang kayamanan sa mga mahihirap? Ilarawan ninyo kung anong hirap para kay Zaqueo upang bumalik sa mga taong inakusahan niya at ang mga taong pinagkuhanan niya ng pera at paano niya ito ibabalik? Paano natin masasabi mula sa kuwento na ang pakikipagkita ni Zaqueo kay Jesus ay nagpabago ng buhay niya?

16. **EO-** Alam natin na nanampalataya si Zaqueo kay Jesus noong araw ding iyon dahil sinabi ni Jesus, “Ang kaligtasan ay dumating ngayon sa sambahayang ito. “ Si Zaqueo ay nag-iisang tao lamang sa kuwento na naligtas.

p. **EO- katanungan-** Ilang tao sa kuwento ang nagpakita ng pagkagusto kay Jesus? Mayroon bang nagpapatunay sa kuwento na si Zaqueo ay nagkroon ng espirituwal na pagbabago sa buhay niya sa araw na iyon? Sino ang tumanggap na makasalanan siya? Sino sa kuwento ang hindi alam na makasalanan sila? Sa lahat ng tao sa kuwento, sino ang naligtas? Ano ang nakita ninyong pagbabago ng naligtas?

17. **EO-** Ang sinabi ni Jesus na ang layunin ng kanyang pagparito.” Ay hanapin at iligtas ang naligaw” ay isang pahayag na ito ay pagbibigay karangalan kay Zaqueo at pagpuna sa mga tao.

q. **EO- katanungan-** Tinapos ni Jesus ang kuwentong ito sa pamamagitan ng pagsasabing ang layunin ng Kanyang pagparito ay upang ‘hanapin at iligtas ang mga naliligaw’ Sino ang hinatulan ng sinabi ni Jesus at sino ang naparangalan? Ipaliwanag.

Inirerekomenda na pagbulay-bulayan ninyo ang mga Espirituwal na Obserbasyon na inyong nakita sa sampung talatang ito sa kuwento. Pagkatapos hanapin ulit sa pahina ng mga nilalaman ang mga sumusunod “ Kaalaman II: Paano hanapin ang kayamanan sa iyong kuwento, #2 Paano hanapin ang mga

kayamanang tinatawag na ‘Espirituwal na Pagsasabuhay”

Ngayon, isipin at balikan ulit an bawat Espirituwal na Obserbasyong inyong ginawa. Tingnan kung anong Espirituwal na Pagsasabuhay ang inyong makikita na maibabatay sa bawat Obserbasyon ninyo. Kadalasan maiisip lang ninyo agad ang ibang mga pagsasabuhay na ito kapag natatagpuan na ninyo ang mga Espirituwal na mga Obserbasyon. Maaaring mayroon kang matuklasang pagsasabuhay na pareho sa nakasulat sa ibaba at maaaring mayroon kang matatagpuang bago.

Ang mga sumusunod ay mga Espirituwal na Pagsasabuhay (EP). Ang bawat isa ay batay sa mga Espirituwal na Obserbasyong nakasulat sa itaas (EO). Upang maging magaan ang ganitong proseso, ang Espirituwal na Obserbasyon ay isinama , itinalaga bilang (EO), at kaagad pagkatapos ng EO ay nakasulat ang Espirituwal na Pagsasabuhay (EP):

1. **EO-** Ang mga taong gustong makalapit kay Jesus ay hinarang si Zaqueo upang hindi makalapit kay Jesus.
 - a. **EP-** Ang mga nagpapakitang sumusunod kay Jesus ay minsan masyado silang pokus sa pagiging relihiyoso na minsan hindi natin ito nalalaman na tayo pala ang dahilan upang hindi makalapit ang mga naghahanap kay Jesus.
2. **EO-** Ang lalaking ito na si Zaqueo ay pandak ngunit mataas ang posisyon sa lipunan, isang mayaman at pinuno ng mga maniningil ng buwis, ang kanyang layunin ay makita si Jesus, mayroong madaling pamamaraan upang makita si Jesus ngunit hindi ito madali sa kanya , kaya gumawa siya ng sarili niyang paraan upang makita ito.
 - b. **EP-** Kung gusto nating hanapin si Jesus, kailangang maging handa tayo, kalimutan na natin ang pagmamalaki, gawin kung ano ang kinakailangan upang hanapin at sumunod sa Kanya.
3. **EO-** Ang pagkakataon na maaaring pagtawanan ang importanteng taong ito dahil sa kanyang hindi kagalang-galang na ginawa na tulad ng pag-akyat sa puno ay hindi nakapigil kay Zaqueo upang gawin ito.
 - c. **EP-** Huwag nating hayaang maging dahilan ang ating pagmamalaki at kung ano ang sasabihin ng ibang tao upang hindi makalapit kay Jesus. Kahit na nakakatawa sa ibang tao ngunit gawin natin ito sa kaluwalhatian ng Dios.
4. **EO-** Sa unang bahagi ng kuwento, nakita natin na si Zaqueo ang naghahanap kay Jesus, pagkatapos, sa kalagitnaan ng kuwento si Jesus ang naghahanap kay Zaqueo.!

- d. **EP-** Nakita natin sa kuwento na naghanap si Zaqueo kay Jesus, ngunit naghanap din si Jesus kay Zaqueo. Totoo ang ginawa ng dalawa. Para sa atin dapat hanapin natin ang Dios, ngunit dapat malaman natin na hinahanap din Niya tayo!.
5. **EO-** Nakita natin sa kuwento na si Jesus ay naglalakad sa kalsada sa gitna ng maraming taong nakapalibot sa Kanya. Bagama't lahat ng mga tao ay nagtutulakan papunta kay Jesus, hindi Niya ito pinansin, iisang tao lamang ang kanyang pinansin at malayo ito sa karamihan dahil ang lalaking ito ay umakyat sa puno.
- e. **EP-** Maraming tao ang naghanap sa Dios noong araw na iyon. Ipinakita nila ang kanilang pagkagusto kay Jesus, ngunit hindi sila pinansin ni Jesus at pinili lamang Niya ang isang tao. Maraming tao sa mundo ang nagpapakitang intresado sa Dios, ngunit marami sa kanila ang hindi tunay. Tinawag ni Jesus ang mga taong tunay. Alam ng Dios ang ating puso, at kung tunay natin Siyang hinahanap.
6. **EO-** Tinawag ni Jesus si Zaqueo sa kanyang pangalan, ito ay pagpapatunay na mayroon siyang personal na pagkagusto sa lalaking ito.
- f. **EP-** Nakikita natin dito ang isang personal na Dios, nakakaalam kung nasaan tayo at kilala ang ating pangalan. Kung naiintindihan natin na ang Dios ay maawain sa mga naghahanap sa Kanya, maghahangad tayong makilala at tawagin Niya sa ating pangalan.... Ito ay nakakaaliw. Si Zaqueo ay matagal nang naghahanap kay Jesus kaya noong tinawag ang kanyang pangalan, nakilala agad ni Zaqueo kung sino ang tumawag sa kanya.
7. **EO-** Inanyayahan ni Jesus ang Kaniyang sarili sa bahay ni Zaqueo, na mapangahas ito sa karamihan ng mga kultura. Nagpapakita ito ng kaalaman ni Jesus at pagtitiwala kung ano ang dapat mangyari.
- g. **EP-** Kamangha-mangha at nakakapagpalakas ng loob na gusto ni Jesus na makasama ang mga naghahanap sa Kanya.
8. **EO-** kapag tumingala ang isang tao lalo na kung ito ay tagapanguna, lahat ng tao ay titingala din upang makita kung ano ang tinitingnan nito. Kaya hindi lang si Jesus ang nakakita kay Zaqueo, lahat ng mga taong naroroon ay nakita si Zaqueo ngunit hindi ito nagpakita ng takot o hiya sa halip ay nagpakita siya ng kagalakan.
- h. **EP-** Kapag inaakusahan tayong sira-ulo at hindi matalino ng mga

hindi mananampalataya at hindi sumusunod sa Dios, dapat hindi tayo magpa-impluwensya sa kanila. Kapag alam nating pinili tayo ng Dios , dapat tayong maging masaya.

9. **EO-** Si Zaqueo ay hindi nag-alinlangang tumugon sa utos ni Jesus. Nagmadali siya.
 - i. **EP-** Kung alam nating tinatawag tao ng Dios upang gawin ang isang bagaw, kailangan nating tumugon, at tumugon tayo batay sa Kanyang kautusan. Ang hindi pagsunod agad ay tulad din ng pagsuway.
10. **EO-** Kahit ang maraming taong ito ay mayroong sinasabi laban kay Zaqueo, pinapunta pa rin niya si Jesus sa kanyang bahay. Ang mga pagpuna kay Zaqueo ay hindi ito naka-empluwensiya sa kanya.
 - j. **EP-** Maaari tayong makapag-umpisa ng maayos. Kailangan lang natin ng oras, kung makatanggap tayo ng mga pagpuna mula sa mga taong nakapaligid sa atin, kahit mula sa mga mananampalataya, hindi ito dapat makaapekto sa atin bagkus magpatuloy tayo.
11. **EO-** Sa mga pagpuna ng mga taong nagsasabi na si Jesus ay “tumuloy sa bahay ng lalaking makasalanan.” Nakikita ko na iniisip ng mga tao na HINDI sila makasalanan.
 - k. **EP-** Mula sa mga bibig ng mga mapagmataas na mga tao, hinatulan nila an kanilang sarili. Huwag nating tularan ang mga mapagmataas na mga taong ito na hindi nila tinatanggap na nagkasala sila.
12. **EO-** Ang ikinilos ng mga tao ay tulad ng mga ‘alagad’ ni Jesus. Sumama at nagtulakan papunta kay Jesus. Mukhang gusto nilang malaman kung sino ang mga kasalo ni Jesus sa hapag kainan, ito ay nagpapahiwatig na gusto nila ang paanyayang iyan. Ngunit nagpakita sila ng pagkawalang galang kay Jesus sa pamamagitan ng kanilang pagtutol kung sino ang gusto Niyang kasalo sa hapunan.
 - l. **EP-** Hindi lahat ng nagsasabing sumusunod ako kay Jesus ay talagang nakakakilala sa Kanya , gumagalang sa Kanya o sa Kanyang mga pasiya. Hindi lahat ng mga relihiyosong tao ay nagpapakita ng paggalang sa Salita ng Dios.
13. **EO-** Ang mga tao ay walang lakas ng loob upang tanungin si Jesus ng harap-harapan. Sinasabi nila sa isa’t isa ang kanilang pagpuna kay Jesus.

- m. **EP-** Ang ikinilos ng mga tao sa kuwento ay tulad ng mga tao sa ngayon na iniisip nilang hindi nakakarinig ang Dios kung ano ang kanilang ibinubulong sa isa't isa o hindi nakakakita kung ano ang kanilang ginagawa sa madilim at nakatagong mga lugar.
14. **EO-** Si Zaqueo, isang mayamang lalaki ay nagpakita ng taos pusong pagbibigay ng kalahati ng kanyang kayamanan sa mga mahihirap.
- n. **EP-** Ang tunay na pagkilala sa Dios ay nagdudulot ito ng pagbabago ng mga pananaw at ang pinapahalagahan sa buhay.
15. **EO-** At sinabi rin ni Zaqueo “kung ako’y may nadayang sinuman, isasauli ko ito sa kanya ng maka-apat na beses. “ Hindi sinabi ni Zaqueo na “kung napatunayang nagkasala ako sa batas ay isasauli ko ang perang ninakaw ng maka-apat na beses.” Ang ginawang ito ni Zaqueo ay sarili niyang kapasiyahan. Ang iba ay maaaring magsabi na ipinamimigay na ni Zaqueo ang kanyang pera sa mga mahihirap, ngunit iba ang ipinakita sa atin ng mga palagay ng mga tao. Ang hindi natin alam sa kuwento na tinanggap ni Zaqueo na siya ay makasalanan at gusto niyang magbago. Nakita din natin ang pagiging palabigay ni Zaqueo.
- o. **EP-** Si Zaqueo ay mayamang tao, pinuno ng maniningil ng buwis at sakim sa pera ngunit ito ay nabago sa pagiging matapat at palabigay na tao. Ang maniningil ng buwis na ito ay nagpakumbaba sa pamamagitan ng pagtanggap na kung “mayroon siyang nadayang sinuman, isasauli niya ito sa kanya ng maka-apat na beses.” Kapag tayo ay mayroon nang pananampalataya kay Jesus, at tinanggap natin na tayo ay makasalanan, dapat tayong magpakita ng pagpapakumbaba at kahandaang itama ang mga nagawang pagkakamali sa nakaraan.
16. **EO-** Alam natin na nanampalataya si Zaqueo kay Jesus noong araw ding iyon dahil sinabi ni Jesus, “ Ang kaligtasan ay dumating ngayon sa sambahayang ito.” Si Zaqueo ay nag-iisang tao lamang sa kuwento na naligtas.
- p. **EP-** Ang kaligtasan ay hindi dumadating sa mga taong hindi pa tinatanggap ang pagiging makasalanan nito.
17. **EO-** Ang sinabi ni Jesus na ang layunin ng Kanyang pagparito, “ ay hanapin at iligtas ang naligaw” ay isang pahayag na ito ay pagbibigay karangalan kay Zaqueo at pagpuna sa mga tao.
- r. **EP-** Kung gusto natin ang kapahintulutan ng Dios, kailangan nating tanggapin ang ating pagiging makasalanan at hayaan nating iligtas tayo ng Dios.

Ngayon bumalik kayo sa kuwento at pag-isipan ninyo ang bawat bahagi. Isaalang-alang ang inyong mga ginawang mga Espirituwal na Obserbasyon at mga Espirituwal na Pagsasabuhay na inyong nakita na ating ibinatay sa mga Pagsasabuhay. Ngayon, mag-isip ka ng paraan upang baguhin ang mga pangungusap ng bawat mga Pagsasabuhay sa mga katanungan na makakatulong sa mga taong makatuklas ng mga kamangha-manghang katotohanan. Gawin ninyo iyan bago basahin ang mga katanungang aming ibinigay.

Pagkatapos ninyong pag-isipan ang inyong mga katanungan, tingnan ninyo ang mga katanungang aming ginawa. Ang mga Espirituwal na Obserbasyon at mga Espirituwal na Pagsasabuhay ay nakasulat ulit upang inyong makita kung ano ang pinagbasihan ng mga katanungan. Ang mga Katanungang Espirituwal na Pagsasabuhay ay nakasulat sa ibaba ito ang 'abbreviation' EP- katanungan:

1. **EO-** Ang mga taong gustong makalapit kay Jesus ay hinarang si Zaqueo upang hindi makalapit kay Jesus. **EP-** Ang mga nagpapakitang sumusunod kay Jesus ay minsan masyado silang pokus sa pagiging relihiyoso na minsan hindi natin ito nalalaman na tayo pala ang dahilan upang hindi makalapit ang mga naghahanap kay Jesus.
 - a. **EP-katanungan:** Posible ba sa ngayon para sa mga taong nagpapakitang relihiyoso ang manindigan upang maging matapat na naghahanap sa Dios? Sa anong paraan itong mangyayari?
2. **EO-** Ang lalaking ito na si Zaqueo ay pandak ngunit mataas ang posiyon sa lipunan, isang mayaman at pinuno ng mga maniningil ng buwis, ang kanyang layunin ay makita si Jesus, mayroong madaling pamamaraan upang makalapit kay Jesus ngunit hindi ito madali sa kanya, kaya gumawa siya ng sarili niyang paraan upang makita ito. **EP-** Kung gusto nating hanapin si Jesus, kailangang maging handa tayo, kalimutan na natin ang pagmamalaki, gawin kung ano ang kinakailangan upang hanapin at sumunod sa Kanya.
 - b. **EP-katanungan:** Katulad ni Zaqueo, mayroon bang pagkakataon para sa mga tao ngayon ang kalimutan na ang pagmamalaki upang makalapit kay Jesus? Kailan kaya ito mangyayari? Mayroon bang maaring magbahagi noong naranasan ninyo ito?
3. **EO-** Ang pagkakataon na maaaring pagtawanan ang importanting taong ito dahil sa kanyang hindi kagalang-galang na ginawa na tulad ng pag-akyat sa puno ay hindi nakapigil kay Zaqueo upang gawin ito. **EP-** Huwag nating hayaang maging dahilan ang ating pagmamalaki at kung ano ang sasabihin ng ibang tao upang hindi makalapit kay Jesus. Kahit nakakatawa sa ibang tao ngunit gawin natin ito sa kalulhatian ng Dios.

- c. **EP- katanungan:** Mayroong mga pagkakataong pagtatawanan tayo ng mga taong nakapalibot sa atin dahil sa ating paghahanap sa Dios. Ano ang nararamdaman ng isang taong pinagtatawanan? Inalipusta na ba kayo dahil sa pagsunod sa Dios? O mayroon ba kayong nagawang nakakahiya para lang makilala ng lubusan ang Panginoon? Nakakatukso bang iwasan ang pagtawanan kayo? Anong halimbawa sa kuwentong ito ni Zaqueo ang maaaring makatulong sa atin upang gumawa ng tamang pasiya.?
4. **EO-** Sa unang bahagi ng kuwento, nakita natin na si Zaqueo ang naghahanap kay Jesus, pagkatapos, sa kalagitnaan ng kuwento si Jesus ang naghahanap kay Zaqueo! **EP-** Nakita natin sa kuwento na naghanap si Zaqueo kay Jesus, ngunit naghanap din si Jesus kay Zaqueo. Totoo ang ginawa ng dalawa. Para sa atin, dapat hanapin natin ang Dios, ngunit dapat malaman natin na hinahanap din Niya tayo.!
- d. **EP- katanungan:** Totoo ba na kailangan nating hanapin ang Dios? Nakita ba ninyo sa kuwento na ang Dios ay naghahanap sa mga tao? Ito ba'y pagsalungat? Paano ninyo ipapaliwanag ito?
5. **EO-** Nakita natin sa kuwento na si Jesus ay naglalakad sa kalsada sa gitna ng maraming taong nakapalibot sa Kanya. Bagama't lahat ng mga tao ay nagtutulakan papunta kay Jesus, hindi Niya ito pinansin, iisang tao lamang ang kanyang pinansin at malayo ito sa karamihan dahil ang lalaking ito ay umakyat sa puno. **EP-** Maraming tao ang naghanap sa Dios noong araw na iyon. Ipinakita nila ang kanilang pagkagusto kay Jesus, ngunit hindi sila pinansin ni Jesus at pinili lamang Niya ang isang tao. Maraming tao sa mundo ang nagpapakitang intresado sa Dios, ngunit marami sa kanila ang hindi tunay. Tinawag ni Jesus ang mga taong tunay. Alam ng Dios ang ating puso at kung tunay natin Siyang hinahanap.
- e. **EP- katanungan:** Sa palagay ninyo, Ilang porsyento ng mga tao sa buong mundo ang meyembro ng ibang relihiyon? Mayroon ka bang mga nakilalang mga relihiyosong tao ngunit hindi sila tunay na sumusunod sa Dios? Sa ating nakita sa kuwento, gusto kong itanong ito sa inyo. Sa lahat ng mga relihiyong tao sa mundo, mayroon bang sumusunod lang dahil sa kanilang relihiyon at ang iba ay talagang totoong sumusunod sa Dios? Anong nangyari sa kuwentong ito na nakilala ang tunay na naghahanap sa Dios?
6. **EO-** Tinawag ni Jesus si Zaqueo sa kanyang pangalan, ito ay pagpapatunay na mayroon siyang personal na pagkagusto sa lalaking ito. **EP-** Nakikita natin dito ang personal na Dios, nakakaalam kung nasaan tayo at kilala ang ating pangalan. Kung naiintindihan natin na ang Dios ay maawain sa mga naghahanap sa Kanya, maghahangad tayong makilala at tawagin Niya sa ating pangalan....Ito ay nakakaaliw. Si Zaqueo ay

matagal nang naghahanap kay Jesus kaya noong tinawag ang kanyang pangalan, nakilala agad ni Zaqueo kung sino ang tumatawag sa kanya.

- f. **EP- katanungan:** Nakapagbigay ba sa inyo ng pag-asa ang sinabi ni Jesus kay Zaqueo? Maaari ba ninyong ipaliwanag kung bakit? Alin ang gusto ninyong Dios, ang hindi personal o and Dios na nakakakilala sa iyo? Kung nakakarinig kayo ng boses na nakikipag-usap sa iyo, mayroon bang bahagi sa kuwento upang matulungan kayong malaman kung iyon ay mula sa Dios o hindi? Nagkaroon ka na ba ng karanasan na nakipag-usap sa iyo ng personal ang Dios ?
7. **EO-** Inanyayahan ni Jesus ang Kaniyang sarili sa bahay ni Zaqueo, na mapangahas ito sa karamihan ng mga kultura. Nagpapakita ito ng kaalaman ni Jesus at pagtitiwala kung ano ang dapat mangyari. **EP-** Kamangha-mangha at nakakapagpalakas ng loob na gusto ni Jesus na makasama ang mga naghahanap sa Kanya.
 - g. **EP-katanunan:** Ano ang nakakagulat tungkol sa paanyaya sa bahay ni Zaqueo? Sa sinabi ni Jesus, ipinahayag ba na kailangang mangyari ang pagdalaw kay Zaqueo? Ano ang maaaring makapagpalakas ng loob ninyo upang hanapin ang Dios mula sa inyong nakita sa bahaging ito tungkol sa paanyaya ni Jesus sa Kanyang sarili sa bahay ni Zaqueo?
8. **EO-** Si Zaqueo ay hindi nagpakita ng takot o hiya noong makita siya ng mga tao sa halip nagpakita ito ng kagalakan. **EP-** Kapag ang tingin sa atin ng mga hindi mananampalataya at mga hindi tunay na sumusunod sa Dios ay sira-ulo at hindi matalino sa kagustuhang makilala ang Dios, hindi tayo dapat magpa-empluwensya sa kanila. Kapag alam natin na pinili tayo ng Dios, dapat tayong maging masaya.
 - h. **EP-katanungan:** Sa ating pagsunod sa Dios, mahirap bang naiiba kayo sa ibang tao o sa inyong pamilya o ibang kultura? Anong nakita ninyo sa pag-uugali ni Zaqueo na maaaring nakapagpalakas ng inyong loob? Ano ang nakakapagpalakas ng inyong loob na gusto ninyong gawin?
9. **EO-** Si Zaqueo ay hindi nag-alinlangang tumugon sa utos ni Jesus. Nagmadali siya. **EP-** Kung alam nating tinatawag tayo ng Dios upang gawin ang isang bagay. Kailangan nating tumugon, at tumugon tayo batay sa Kanyang kautusan. Ang hindi pagsunod agad ay tulad din ng pagsuway.
 - i. **EP-katanungan:** Kapag tinatawag tayo ng Dios upang gawin ang isang bagay, paano tayo tutugon? Maliban sa ating pagtugon agad sa Dios, ano ang kahulugan ng kautusan ng Dios sa atin? Ano ang tawag sa hindi pagsunod agad?

10. **EO-** Kahit ang mga taong ito ay mayroong sinabi laban kay Zaqueo, pinapunta pa rin niya si Jesus sa kanyang bahay. Ang mga pagpuna kay Zaqueo ay hindi ito naka-empluwensiya sa kanya. **EP-** Maaari tayong makapag-umpisa ng maayos. Kailangan lang natin ng oras, kung makakatanggap tayo ng mga pagpuna mula sa mga taong nakapaligid sa atin, kahit mula sa mga maannampalatay, hindi ito dapat makaapekto sa atin bagkus magpatuloy tayo.

j. **EP- katanungan:** Pinuna ng mga tao si Zaqueo. Naranasan na ba ninyong tawagin sa inyong pangalan ng taong mataas ang katungkulan sa lipunan? Ano ang pakiramdam ninyo? Paano ba dapat tayong maimpluwensiyahan ng pagtutol ng mga tao?

11. **EO-** Sa mga pagpuna ng mga taong nagsasabi na si Jesus ay “tumuloy sa bahay ng lalaking makasalanan.” Nakikita ko na iniisip ng mga tao na HINDI sila makasalanan.” **EP-** Mula sa mga bibig ng mga mapagmataas na mga tao, hinatulan nila ang kanilang sarili. Huwag nating tularan ang mga mapagmataas na mga taong ito na hindi nila tinatanggap na nagkasala sila.

k. **EP- katanungan:** Sa inyong paghahanap sa Dios, mayroon ba kayong nakausap na mga relihiyosong tao na inaakala nilang ay perpekto, hindi makasalanan? Sa palagay ba ninyo karamihan sa mga relihiyosong tao ay makasarili? Iniisip nilang sila ay kalugod-lugod sa Dios. Ano ang masasabi ninyo?

12. **EO-** Ang ikinilos ng mga tao ay tulad ng mga ‘alagad’ ni Jesus. Sumama at nagtulakan papunta kay Jesus. Mukhang gusto nilang malaman kung sino ang mga kasalo ni Jesus sa hapag kainan, ito ay nagpapahiwatig na gusto nila ang paanyayang iyan. Ngunit nagpakita sila ng pagkawalang galang kay Jesus sa pamamagitan ng kanilang pagtutol kung sino ang gusto Niyang kasalo sa hapunan. **EP-** Hindi lahat ng nagsasabing sumusunod ko kay Jesus ay talagang nakakakilala sa Kanya o gumagalang sa Kanya o sa Kanyang mga pasiya. Hindi lahat na mga relihiyosong tao ay nagpapakita ng paggalang sa salita ng Dios.

l. **EP-katanungan:** Sa ikinilos at mga sinabi ng mga tao, alin ang nagpapakita ng paggalang kay Jesus? Tanungin natin ang ating sarili? Paano tayong kumilos? Katulad ba ng ginawa ng mga tao sa kuwentong ito?

13. **EO-** Ang mga tao ay walang lakas ng loob upang tanungin si Jesus ng harap-harapan. Sinasabi nila sa isa’t-isa ang kanilang pagpuna kay Jesus. **EP-** Ang ikinilos ng mga tao sa kuwento ay tulad ng mga tao sa ngayon na iniisip nilang hindi nakakarinig ang Dios kung ano ang kanilang

ibinubulong sa isa't isa o hindi nakakakita kung ano ang kanilang ginagawa sa madilim at nakatagong mga lugar.

m. **EP-katanungan:** Mayroon ba tayong sekretong sinasabi o itinatagong ginagawa at iniisip natin na walang sinumang makakaalam kung ano ang ating mga ginagawa? Aling bahagi ng kuwento ang nagpapakita sa atin na alam ng Dios ang lahat ng ating sinasabi at ginagawa? Paano makakaapekto sa atin ang kaalamang ito?

14. **EO-** Si Zaqueo, isang mayamang lalaki ay nagpakita ng taos pusong pagbibigay ng kalahati ng kanyang kayamanan sa mga mahihirap. **EP-** Ang tunay na pagkilala sa Dios ay nagdudulot ito ng pagbabago ng mga pananaw at ang pinapahalagahan sa buhay.

n. **EP-katanungan:** Paano makakaapekto ang tunay na pagkakilala sa Dios sa ating mga pananaw sa buhay at mundo? Magbigay ng mga halimbawa.

15. **EO-** At sinabi rin ni Zaqueo “kung ako’y may nadayang sinuman, isasauli ko ito sa kanya ng maka-apat na beses.” Hindi sinabi ni Zaqueo na “kung napatunayang nagkasala ako sa batas ay isasauli ko ang perang ninakaw ng maka-apat na beses.” Ang ginawang ito ni Zaqueo ay sarili niyang kapasintahan. Ang iba ay maaaring magsabi na ipinamimigay na ni Zaqueo ang kanyang pera sa mga mahihirap, ngunit iba ang ipinakita sa atin ng mga palagay ng mga tao. Ang hindi natin alam sa kuwento na tinanggap ni Zaqueo na siya ay makasalanan at gusto niyang magbago. Nakita din natin ang pagiging palabigay ni Zaqueo. **EP-** Si Zaqueo ay mayamang tao, pinuno ng maniningil ng buwis at sakim sa pera ngunit ito ay nabago sa pagiging matapat at palabigay na tao. Ang maniningil ng buwis na ito ay nagpakumbaba sa pamamagitan ng pagtanggap na kung ‘mayroon siyang nadayang sinuman, isasauli niya ito sa kanya ng maka-apat na beses.’ Kapag mayroon na tayong pananampalataya kay Jesus, at tinanggap natin na tayo ay makasalanan, dapat tayong magpakita ng pagpapakumbaba at kahandaang itama ang mga nagawang pagkakamali sa nakaraan.

o. **EP- katanungan:** Anong partikular na mga paraan sa ngayon upang mabago ang ating mga asal kapag manampalataya tayo kay Jesus? Anong klaseng mga emosyon at pag-uugali ang dapat nasa ating puso upang makipag-ayos sa mga nagawan ng pagkakamali?

16. Alam natin na nanampalataya si Zaqueo kay Jesus noong araw ding iyon dahil sinabi ni Jesus, : Ang kaligtasan ay dumating ngayon sa sambahayang ito.” Si Zaqueo ay nag-iisang tao lamang sa kuwento na

naligtas. EP- Ang kaligtasan ay hindi dumadating sa mga taong hindi pa tinatanggap ang pagiging makasalanan nito.

p. **EP-katanungan:** Alam natin sa kuwento na si Zaqueo lamang ang nanampalataya kay Jesus. Batay sa kuwentong ito, Ano ang pagkakaiba ng mga taong mayroong madaling paraan upang makalapit kay Jesus at nanampalataya kaysa mga taong mayroong madaling paraan upang makalapit kay Jesus ngunit hindi nanampalataya?

18. **EO-** Ang sinabi ni Jesus na ang layunin ng Kanyang pagparito, “ ay hanapin at iligtas ang naligaw’ a y isang pahayag na ito ay pagbibigay karangalan kay Zaqueo at pagpuna sa mga tao. **EP-** Kung gusto natin ang kapahintulutan ng Dios, kailangan nating tanggapin ang ating pagiging makasalanan at hayaan nating iligtas tayo ng Dios.

q. **EP-katanungan:** Sa huling sinabi ni Jesus sa kuwento, Ano ang ipinapakita sa atin sa ngayon na gusto ng Dios sa atin? Ilang tao sa mundo ang may kakayahang abutin ang layuning ito? Ang pagtanggap ba ng pagkatalo at pagiging makasalanan ay mahirap o madaling gawin? Anong natutunan natin sa kuwento na nagpapakita kung bakit mayroong mga taong nakakarinig ngunit hindi nanampalataya kay Jesus? Ano ang sinasabi sa atin ng kuwento?

Chapter 11

Ang Kasabihang Pag-aalis ng Malaking Pakpak ay katulad ng Pagsisikap na Angkinin ang” Pasalitang Stratehiya”

Mayroong isang Pastor sa U.S. na dumalo sa ‘STS Workshop ‘ mayroon siyang mataas na edukasyon at nangunguna upang abutin ang mga estudyanteng nanggagaling sa iba’t ibang lugar ng mundo. Ang ekspertong sumulat na si Bill Perry sa Amerika, ay isinama ang STS sa kanyang’ ministry’. Sumulat siya, “Ang pagkakaiba ng pamamaraan ng STS at ang dating mga pamamaraan, ipinapalagay natin ang Biblia na isang libro na dapat unawain pag-aralan, at maraming mga pangyayaring sa totoong nakaraan. Marami tayong matutuklasang totoong mga pangyayari tulad ng mga emosyon ng mga taong kasama , at ang mga Espirituwal na koneksiyon.

Sa aming pagpapakilala ng *Simply The Story* sa buong mundo, naobserbahan namin ang paulit ulit na pagtanggap nito. Para sa karamihang bahagi ng kuwento, madali itong maintindihan ng mga taong ‘below average’ kaysa mga taong matataas ang mga natapos sa pag-aaral.

Kapag pinag-aralan ng isang tao ang isang pamamaraan, at nagtagumpay ito, ang pag-aaral ng panibagong pamamaraan na mayroong pagbabago ay malaking hamon para sa kanila. Ang Kolehiyo, Unibersidad, Bible School at mga nagtapos sa Seminary ay mahirap para sa kanila ang pagtanggap ng buong bahagi ng STS. Bagama't karamihan sa mga matataas ang edukasyon na mga kristiyano na dumalo sa STS workshops ay nagbigay ng taos-pusong pagsang-ayon sa STS, noong sinubukan nilang mag-aral ng kasulatan at sa kasalukuyang pamamaraan ng STS, karaniwan ay gumagamit lamang sila ng maliit na porsyento ng konsepto.

Sa mga matataas ang Edukasyon at matagumpay sa pagtuturo ng nakagawiang pamamaraan ay hindi agad nilang ginagamit ang pamamaraan ng STS sa kanilang paghahanda at pagpipresenta. Ang mga bahagi na mayroong kahirapan ay ang mga sumusunod:

1. hindi paggamit ng nakagawiang pag-aaral ng Biblia
2. pag-aaral na walang 'notes'
3. pag-tuturo na walang 'notes'
4. paglilimita ng pagpipresenta ng isang kasulatan lamang galing sa Biblia.
5. Hindi pagdadagdag ng mga impormasyon na galing sa labas
6. Hindi pagsang-ayon sa pagtuklas ng katotohanan sa pamamagitan ng talakayan.
7. pagpipresenta ng kuwento kahit hindi ito binabasa, at
8. pagtiwala sa kuwento lang.

Mahalaga upang maalala: Ang mga pamamaraang ito ay hindi naming sinasabi na mali o kailangang hindi na gamitin. Ngunit, kailangan nating malaman na tumaas ang bilang ng mga tao sa mundo na kailangan nating maabot sa pamamagitan ng pasalitang stratehiya o 'Oral Strategy'. Kaya ipinagbubunyi namin ang kagustuhan ng mga pastors at mga tagapagturo na palawakin ang kanilang kaalaman sa pagpipresenta ng kasulatan sa pamamagitan ng paggamit ng pasalitaang stratehiya o 'Oral Strategy' ng STS.

Ang pag-aalis ng malaking pakpak tulad ng nakasulat sa titulo ng kabanata 11 ay inihahalintulad namin ito sa paglilimita ng paggamit ng mga nakagawiang pamamaraan ng pagmemensahe at pagtuturo. Ang ibig sabihin ng malaking pakpak ay isang paniniwala na kung walang mga 'notes sa pagtuturo ay hindi magiging epektibo, pangalawa ay ang pagdagdag ng mga impormasyon galing sa labas ng kasulatan o galing sa mga tradisyunal na mga pamamaraang nakasulat sa itaas. Ito ay patuloy naming nararanasan na karamihan sa mga tao maliban sa mga taong madaling matuto sa pamamagitan ng paggamit ng pasalitang stratehiya ay nahihirapan halos lahat ng mga dumadalo sa STS. Sa mga nagsisikap na matutunan ang STS, kinakailangang tanggapin nila ang bawat konsepto ng STS, tulad ng hindi pagsusulat ng mga 'notes', mahirap at maaari nating ihalintulad ito sa pag-aalis ng pakpak ng isang ibon! Kami ang mag-aalis ng pakpak. Nasasaktan ang mga nagsisikap na matutunan ito.

Pagkatapos maalis ang pakpak, ang mga nag-aaral nito ay nagpapakita ng pagkagulat at kagalakan kapag nakikita nila na mayroon silang natutunan na bagong kaalaman!

Walang Iba kundi ang Dios ang Pumili Ng Kuwentong iyan

Limang STS workshops ang ginawa namin sa East at sa North Nigeria. Pagkatapos ng tatlong buwan, bumalik ang tagapagturo sa Nigergia upang malaman kung naintindihan nila dahil isinalin ito sa apat na lenguahe noong nagsasanay sila ng STS, kaya gusto niyang masigurado.

Sinabi ng tagapagturo na ‘Hindi lang nila naintindihan ng mga tao doon’ kundi nagsasanay at ginagamit pa nila ito..”

Mayroon isang tagapangaral na nagsabi na nanguna siya ng siyam na grupo ng mga kalalaking muslim, ibinahagi ng tagapangaral na ito ang naging instrumento upang abutin ang mga kalalaking ito, sinabi niya na mayroong isang bagong mananampalataya na nagsabing “ kilala namin ang mga tao sa kuwento ngunit ang koran ay hindi nagsasabi sa amin ng buong kuwento at walang taong nakikipagtalakayan sa amin ng tungkol dito

Tinanong namin kung anong kuwento ang tumimo sa kanilang puso, sinabi ng tagapangaral na “Tungkol kay Moses at ang Bato. Sa Exodo 17. “

Bilang isang nakakatandang tagapagturo ng STS, nagulat ako sa kanyang sinabi. Tinanong ko kung ano ang nasa kuwento na tumimo sa puso nila?

Sinabi ng tagapagturo na mayroong isang bagong mananampalatayang nagsabi na “Noong narinig namin ang kuwento tungkol dito, nakita namin na si Moses ay matapat na tagapanguna, ngunit ang mga tao ay walang paggalang kay Moses. Nagulat kami na pumunta si Moses sa Dios upang malaman kung ano ang gagawin sa mga tao. May pagmamalasakit si Moses sa mga tao! Ang tagapanguna namin ay walang malasakit sa amin. At hindi pinarusahan ng Dios ang mga tao. Binigyan Niya ito ng tubig. Naawa Siya. Gusto naming makilala ang Dios na iyan.”

Sinabi ko sa sarili ko. *Pinili ko ba ang kuwentong iyan ni Moses para sa pagbabahagi ng salita? Ang kuwento bang ito ay isa sa mga magandang kuwento na nasa aking listahan para sa mga Muslim?*

Ipalagay nating wala sa aking listahan ang kuwentong ito, ito ay nasa listahan ng Banal na Espiritu! Nakikita natin ito ng paulit-ulit sa paggamit ng STS. Kapag ibinabahagi mo ang buong kuwento, ang salita ng Dios na tulad ng Kanyang pagkasulat, at natutuklasan ng mga tagapakinig ang mga katotohanan sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan, Ito ay makapangyarihan. Ito ang STS.

Setenta'y porsyento sa Bible ay malinaw na naiintindihan ng otsena'y porsyentong mga tao sa mundo, kailangan nating magbunyi.

Ano ang tungkol sa Mga Sulat?

Ang maraming nagmamahal sa salita ng Dios at nakakaalam na ang buong konseho ng Dios ay may kaugnayan, itinanong ito: "Ano naman ang sulat?" Nagbigay kami ng maraming kasagutan.

Una: Sa mahabang panahon ang Biblia ay pinag-aralan ng malalim, at ginamit ito upang mailarawan ang mga mensahe sa paggamit ng paksa. Nakakalungkot dahil ang setenta'y porsyento mula sa Bible ay kailangang marinig ng buo kung paano ito isinulat. Sa paggamit ng kuwento, setenta'y porsyento sa Biblia ang nagbukas sa otsenta'y porsyento sa buong mundo sa mga taong ayaw matuto ng mga nakagawiang pamamaraan ng pagtuturo sa Biblia. Sa unang taon ng paggamit ng STS, ang mga 'oral learners' sa kuwarentang mga bansa na gumamit ng STS ay masaya dahil naintindihan na nila ang Biblia.

Ang mga maraming 'learners' na ito, marami sa kanila ay mababa ang mga edukasyon ay ipinakita nila ang pag-intindi sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kuwento sa iba. Ang patuloy na paggamit at kayamanan ng bunga ng Espirituwal ay patotoo sa kapangyarihan ng Salita ng Dios kung ito ay ibinahagi ng buo kung paano ito isinulat ng Dios.

Ngunit... Ano ang Mga Sulat ?

Sa pagsasanay namin ng mga tao sa 'workshops', isinasama na namin ang mga sulat . Sa karagdagang bahagi ng Biblia na talagang kuwento ang nilalaman, isinasama namin ang ilang mga talata mula sa mga Sulat at Awit para sa pagpapakita at pagsasanay. Ipinapakita namin na maraming bahagi sa mga Sulat , libro ng mga tula at mga propeta ay sarili nilang kuwento na maaaring ipresenta sa pamamagitan ng paggamit ng STS.

Dahil ang koneksiyon ng kuwento ay nagbibigay ng kabuuan ng nakaraang pangyayari at mga tao, ang kuwento ay pinakamadaling impormasyon upang maalala. Bagama't maraming bahagi sa Biblia ay hindi tumutugma sa kategorya ng kuwento, ngunit ito ay madaling maalala, mayroong nga bahagi sa mga Sulat at ibang bahagi ng Biblia na mga paksa at mga 'lecture' ang pormat. Kailangan nating basahin ang bahaging ito, o imemorya at sabihin.

Kapag ang mga kasulatang ito na hindi kuwento ay iprinesenta at itinuro, magagamit pa rin ang karamihang konsepto ng STS. Ang magandang pagkukuwento ay nakabibighani ng mga tagapakinig. Ang mga Sulat ay mga makabag-bag damdaming sulat na isinulat ng mga magigiliw na mga taong mula sa masintahing Dios.

Kailangang isaalang-alang ng mga Pastor at mga kristyanong tagapagturo ang posibilidad na ang 'lecture' at pagmemensaheng paraan ng pagpipresenta ay maaaring hindi pinaka-epektibong paraan upang maihayag ang mga katotohanan sa Biblia na gusto nilang matutunan at isabuhay ng mga tao.

Ang konsiderasyon ay maaaring ibigay upang isama ang mga pag-iisip, pag-aaral na kasama ang mga 'learners, pagtuklas ng mga tagapakinig, sa kristiyanong pagtuturo. Ang ibang gumagamit ng kuwento ay ipinapakilala ang naunang isinulat na mga Sulat sa mga taong tinuturuan nila kapag ang kuwento ay sa libro ng mga Gawa. Sa pagbabasa ng mga Pastors at mga tagapagturo ng mga kuwento sa Gawa, isinama nila ang Mga Sulat at mga sulat ng mga sumulat ng Bagong Tipan. Ang pangkalahatang pamamaraan upang maging epektibo ang STS sa pagtuturo ay ginamit din sa Mga Sulat.

Ano ang kahalagahan ng Pagmememorya ng kasulatan?

Ihambing ang ilang pahina ng Biblia na nakasulat sa iba't ibang lenguahe. Parepareho ba sila? Magkakaiba ba ang mga salita? Hindi. Ang totoo, gumagamit sila ng iba't ibang sukat ng letra upang ipresenta ang kanilang mga salita. Magkakaiba talaga ang mga tunog ng kanilang saliat ngunit mayroon bagay na parepareho sila. Ano ang pagkakapareho ng bawat Biblia? Oo, Tama ka. Parepareho silang konsepto, hindi eksaktong salita. Ang mensahe ay hindi nagbabago, kahit magkakaiba ang mga salita.

Sa STS , bibibigyan namin ng babala ang bawat isa na maging maingat na huwag dadagdagan , babawasan o baguhin ang eksaktong mensahe ng kuwento sa pamamagitan ng di maingat na pagpili ng mga salita, boses, at 'actions'. Hinihikayat din namin ang lahat na ikuwento ang mga kuwento sa Biblia sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang madaling maintindihan, ngunit ang pinakamahalaga ay huwag babaguhin ang konsepto at mga impormasyon, kahit ito ay maliit at hindi mahalagang impormasyon.

Panatilihin ang kawastuhan: Kahalagahan ng Pagbabalik Aral

Isa sa mga kabutihan sa talakayang pamamaraan ng STS ay ang pagbabalik aral.

Ang pagbabalik aral sa STS ay pinaka mahalaga kapag ang mga kuwento sa Biblia ay ipinipresenta sa magkasunod-sunod na pamamaraan. Sa halip na ang tagapagturo ang nagbibigay ng panimula bago mag-umpisa ng kuwento, ang tagapagturo ay maaaring magtanong sa klase na magbigay ng maikling pagbabalik aral ng nakalipas na kuwento at mga natuklasan.

Dahil maaaring mayroong mga bagong dating sa grupo, o maaaring mayroong

lumiban sa pagdalo noong nakaraang pag-aaral. An pagbabalik aral ng kuwento ay makakatulong sa mga hindi nakadalo. Sa pagbibigay ng responsibilidad sa mga membro upang magbalik aral ay nakakatulong ito sa kanila upang maalala muli ang kuwento.

Kailangan din nilang ibahagi ang mga kayamanang kanilang natuklasan at kung ano ang kanilang natutunan. Ang pagbabalik aral ay nagbibigay tibay ng kanilang impormasyon upang ibahagi ang kasulatan sa iba. Ito ang perpektong lugar sa pagtitipon upang marinig ang mga patotoo ng bawat dumadalo tungkol sa kanilang paggamit ng kuwento noong nakalipas na linggo.

At, kapag binigyan ng oportunidad ang meyembro ng klase upang ibahagi kung ano ang kanilang natutunan sa panahon ng kanilang patitipon, nalalaman ng tagapagturo kung naintindihan nila ang kuwento at ang mga kayamanang natuklasan, kapag hindi makapagkuwento ulit ang mga tao, kailangang gawin ng tagapagturo ang pagbabalik aral sa lahat. Huwag madaliin kung hindi naman naintindihan ang nakaraang kuwento.

Chapter 12

Pag-grupo- grupo ng mga Tagapagkuwento ng Simply The Story

Practitioners

Ang taong dumalo ng dalawang araw ng 'STS workshop' ay tinatawag na 'practitioner'. Sa dalawang araw na 'workshop', karamihan sa mga dumadalo ay nakakagamit na ng mabuti ng konsepto ng STS sa kanyang mga kaibigan at epekibong nakakapagkuwento ng kuwento sa Biblia at nakakatuklas na ang mga katotohanan sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan.

Sa pagtatapos ng 'workshop', ang mga 'practitioner' ay maaaring magpa-'evaluate', kung mayroong panahon para sa pag-'evaluate' ang mga 'practitioner' na ito ay nagpapakita ng kaalaman ng lahat ng limang bahagi ng STS at makikita rin sa kanila ang kanilang kaalaman sa lahat ng bahagi ng proseso ng STS.

Ang mga 'practitioner' ay matapat naming hinihimok at hinihikayat na lumabas at magkuwento ng mga kuwento sa Biblia na kanilang natutunan at upang makipagtalakayan sa ibang tao sa pamamagitan ng paggamit ng pamamaraan ng STS. Gayon pa man, ang mga 'practitioner' na ito ay HINDI pa handa upang manguna ng STS workshop o sa pormal na pagsasanay ng ibang tao sa ilalim ng pangalan ng STS.

Instructors: Mula Apprentice hanggang Instructor.

Pagkatapos ng apat na araw na pagsasanay ng STS, at pagsasanay sa labas, ang mga 'practitioner' ay maaaring mag-apply para sa status ng STS 'instructor'

Senior Instructors

Kung mayroon nang pahintulot, ang mga instructor ay magtuturo na kasama ang mga Senior instructor na sila ang magpapakita kung paano ang pagtuturo, bilang kritiko at magbibigay ng lakas ng loob sa mga bagong tagapagkuwento, at kapag nakapag-organisa at nakapanguna na sila ng isang 'workshop', ang mga tagapagsanay ay maaari nang mag-apply sa 'status' ng 'senior instructor'. At ang mga 'senior instructor' ay maaari nang manguna ng STS workshop at magpatunay ng karapat dapat na 'practitioners' na maging 'instructors'. At, ang mga tagapagturo ng *Timothy Church Planters Training* instructors' ay magmumula sa grupong ito.

Chapter 13 **Simply The Story Para Sa Mga Hindi Nakakabasa at Hindi** **Nakakasulat** **Timothy Church Planter Training (TCPT)**

Kapag ginagawa ang STS workshop para sa mga hindi nakakabasa ta hindi nakakasulat, ang 'workshop' ay tinatawag na *Timothy Church Planter Training*.

Ang pagkakaiba ng STS sa TCPT workshops ay ang mga sumusunod:

1. Ang lahat na kuwentong itinuro sa mga dumalo ay kailangang basahin sa kanila, sabihin sa kanila, o ipakinig sa kanila sa 'recorder'.
2. Kapag natapos na ang TCPT workshop, ang mga nakapagtapos na iisa lang ang kanilang lugar ay makakatanggap ng isang 'solar player' ang ibig sabihin kapag ang limang taong dumalo ay mula sa parehong lugar o Barrio mayroon lamang silang isang 'solar player'
3. Ang mga instructor ng STS ay kailangang magdagdag ng pagsasanay upang maging karapat dapat na TCPT instructors.

Ang pagkakaipareho ng STS at TCPT workshops ay ito:

Katakataka dahil parehong pagsasanay ng STS at Handbook ang ibinibigay sa mga hindi nakakasulat at nakakabasa. Kadalasan, mas maabilidad silang matutuo ng kuwento at makapagkuwento ng maayos kaysa mga taong nakakabasa at nakakasulat. At nagpapakita rin ito ng matalas na abilidad upang hanapin ang mga kayamanang Espirituwal sa kuwento. Kailangan nilang matutunan kung paanong gumawa ng mga katanungan upang pangunahan ang iba na matuklasan ang mga kayamanang Espirituwal sa pamamagitan ng talakayan. Ito ang kaalamang pinag-aralan.

Dahil hindi nakakabasa ang mga dumadalo sa TCPT, lima hanggang sampu ang itinuturo sa kanila sa 'workshop'. Pinag-aaralan nila ang kuwento sa pamamagitan ng pakikinig sa TCPT instructor na nagkukuwento, pakikinig sa kanila habang ito ay binabasa, o pakikinig sa kuwentong naka-record. Ang ginagamit upang mapakinggan ang kuwento ay ang solar-powered audio-players na ginawa ng MegaVoice. Ang mga sumusunod ay ginagamit sa TCPT 'workshop', pitumpu o mas maraming naka-record na mga kuwento sa Biblia, God's Story, at ang Bagong Tipan (kung mayroon) lahat ay isinalin sa ating wika. Ang 'player' na mayroong naka-rekord na mga kuwento sa Biblia ay tinatawag na 'WordLights."

Dahil sa pagkakaroon ng pundo, ang naka-pagtapos ng TCPT ay makakatanggap ng regalo ng 'WordLight. Karaniwan isang 'WordLight" ang ibinibigay sa bawat 'representative ng bawat Barrio o Village sa 'workshop'. Ang nakapagtapos na may hawak ng 'Wordlights" ay ibabahagi ito sa ibang nakapagtapos, upang matutunan nilang lahat ang mas maraming kuwento sa Biblia.

Seyempre, ang mga taong nakatira sa inyong Barrio o lugar ay gusto rin nilang makinig sa mga kuwento ng Biblia.

Ang 'WordLight' ay makakatulong at mapagkukunan ito ng mga tao upang matuto ng kuwento sa Biblia, ito rin ang makapagbibigay ng eksaktong kuwento.

Ang pitumpu na mga kuwento sa Biblia lamang ang naka-rekord (sa lenguahe na ginawa ng God's Story) at ang mga naka-rekord na iyan ay inilagay sa solar players, na maaaring magamit sa workshop ng TCPT. Kung gusto ninyong malaman angiba pang impormasyon tungkol sa TCPT tingnan sa wwwSimplyTheStory.com

Chapter 14

Mga Pamamaraan Upang Matutunan ang *Simply The Story*

Ipinapakita ng God's Story Project ang STS sa maraming pamamaraan, kabilang ang mga sumusunod na nakalista sa baba.

1. **STS Handbook:** Ang STS handbook na ito ay dinedetalye ang mga proseso.
2. **STS Vision Casting:** Habang hindi abala ang mga 'instructor', magkakaroon kami ng isang araw o hindi aabot sa isang na

- pagpipresenta, ipapakita namin ang STS, ipapaliwanag ang konsepto at ibabahagi ang mga resulta. Kung ang pagpipresentang ito ay aabot ng apat na oras o hahaba pa, magbibigay kami ng ilang 'hands-on experience'.
3. **STS Three-day Workshop:** Ang modelong ito ay magpapakita, magpapaliwanag ng STS at pakikibahagi ng mga dumalo. Karamihan sa mga dumalo ay naging mabuting 'practitioners' sa tatlong araw na pagsasanay.
 4. **STS One-Stop Workshop:** Itinampok namin itong limang araw na 'workshop' dahil nag-iiwan ito ng karunungan sa mga tunay na mga STS 'instructor' upang makapagsanay din ng iba sa kanilang sariling pamayanan. Ang ganitong 'workshop' ay pinakamabuti kung ang grupo ng 'instructor' na mula sa malalayong lugar ay pupunta upang magturo, o kung ang mga dadalo ay mula pa sa malalayong lugar. Sa unang dalawang araw, ang isang 'instructor' ay magtuturo ng maliit na grupo na mayroon lamang tatlong taong miyembro. Pagkatapos nitong dalawang araw na pagtuturo at pagsasanay, ang mga 'practitioner' na ito ay maaaring maging 'apprentice instructor'. Tumutulong sila sa pagsasanay ng malaking grupo ng mga dumalo o sa tatlong araw pang 'workshop'. Ginagawa ito sa bawat pitong dumadalo ay sasamahan sila ng isang 'apprentice instructor' pagkatapos ng limang araw, karamihan sa mga 'apprentice instructor' ay nagiging tunay na 'instructor'.
 5. **STS Church Multiplier Workshop:** Ang workshop na ito ay ang paggamit ng mga huling araw ng linggo. (Halimbawa sa Biyerner ng gabi, dalawang oras at kalahati, at sa Sabado, ay walong oras.) Ang lahat ng miyembro ng Simbahan ay naabot ng pamamaraan ng pag-aaral ng STS at pagbabahagi ng Biblia. Gumugugol ito ng apat na Biyernes at Sabado para sa lahat ng mga miyembro ng isang katamtamang laki ng Simbahan upang maging mahusay na STS 'practitioner'. Sa loob ng 5-7 linggo, ang lahat na miyembro ng malaking Simbahan (hanggang 50,000 miyembro) ay mabibigyan ng pagsasanay. At ang mahalaga sa mga taong sinanay ay maging tunay na STS 'instructor'. Kataka-taka, sa mga "Multiplier Workshops", karamihan sa mga taong dumadalo ay kainakailangan lamang dumalo ng isa o dalawang Biyernes at Sabado na pagsasanay upang maabot ang kabuuan ng miyembro ng Simbahan.
 6. **STS Home Workshop:** Ang isang tunay na STS instructor ay maaaring mag-anyaya ng tatlong mga mananampalataya upang dumalo sa isang workshop na gaganapin sa bahay. Ang workshop na ito ay isang beses sa isang linggo sa loob ng anim na linggo at dalawang oras at kalahati lamang sa bawat sesyon. Ang sesyong ito ay maaaring ganapin sa gabi, hapon o sa huling araw ng linggo. Ang pamamaraang ito ng workshop ay nagbibigay daan sa mga taong marami ang obligasyon katulad ng trabaho, pamilya at iba pa, at ang workshop na ginaganap sa bahay ay mabuting paraan para sa mga mahiyaing tao dahil dito ay komportable at hindi nakakakaba ang pag-aaral. Nagbibigay kami ng mga kailangang alituntunin, mga materyals at mga tinakdang pagsasanay.

Sa katapusan ng anim na sesyon, ang isang 'instructor' ay nakapagsanay ng tatlong taong kapaki-pakinabang na "STS practitioner". Ang tatlong mga 'practitioner' na ito ay hinihikayat na dumalo sa ikalawang linggo ng 6-week Home Workshop. Bawat isa sa kanila ay mag-iimbita rin ng tatlong bagong tao. Katulad ng ginawa natin sa ating limang araw na 'Church Multiplier Workshops, unti-unting ginagabayan ng mga 'instructor na ito ang mga baguhang sinanay na mga 'practitioner' upang manguna. Sa katapusan ng ikalawang linggo ng anim-na linggong pagsasanay, bawat isa sa dating tatlong 'practitioner' ay tumulong sa pagsasanay ng tatlong bagong tao. At nadagdagan ang kanilang kaalaman ng STS at nagkaroon pa ng karanasan bilang isang 'apprentice instructor'.

Ang iba sa mga 'apprentice instructor', at ang siyam na kanilang sinanay ay maaaring magnais pa ng mas maraming 'workshop', pagsasanay ng mga bagong dumadalo at hasain pa ang kanilang sariling kaalaman.

Sa kabilang banda, ang labindalawang ito ay maaaring mamahinga at hindi muna magsanay pansamantala. Maaari silang magpatuloy ng kanilang lingguhang pagtitipon upang mag-aral ng salita ng Dios, bilang pag-aaral ng Biblia sa Bahay o Fellowship group.

Kung ang labindalawang ito ay nais pang magpatuloy sa proseso ng pag-iimbita ng tatlong tao bawat isa sa kanila at sanayin sila, pagkatapos ng mahigit na tatlong linggo sa anim na linggong pagsasanay, ang grupo ay lalaki ang bilang magiging 36 (idagdag pa natin ang orihinal na ' instructor"). Karamihan sa mga bahay ay nakakapagpatuloy ng ganitong karaming tao dahil ang pagsasanay sa STS ay ginagawa sa maliit na mga grupo lamang. Ang apat na grupong ito ay maaaring maghiwa-hiwalay ng kwarto o maaaring magtipon sa labas ng bahay.

Kahit na magpatuloy ang mga baguhang sinanay na ito ng STS na palaguin ang mga dumadalo sa pamamagitan ng pagdadagdag ng mas maraming 'instructor', o kahit magsimula sila sa 'home group' o gamitin ang kanilang kaalaman sa pagtuturo/ pagkukuwento para sa pagbabahagi ng Salita, hindi kami makikialam. Nakikita namin ang lahat ng mga patutunguhang ito ay kahanga-hanga. Dahil ang kaalaman sa STS ay inihahanda ang mga tao upang maging epektibo sa pag-aaral at pagbabahagi ng mga kasulatan, pagbabahagi ng kanilang buhay, at ang buhay ng mga taong nakarinig at tinuruan ng kanilang kuwento. Ito ay para sa kaluwalhatian ng Dios.

Kung karamihan sa mga sinanay na ay magpapatuloy sa pagsasanay sa iba, sa loob ng dalawang taon, ang inisyal na 'Home Workshop' na pinangunahan ng isang 'instructor' ay maaaring magpabago sa buhay ng mahigit anim na libong tao. Natuklasan namin na mahigit limampung porsiyento ng mga taong dumalo sa workshop sa Amerika ay nagpapatuloy sa pagsasanay sa iba

Ito ay likas at maisasagawang modelo ng pagdidisipulo at pagmementor. Nakikita namin kung bakit ang resulta at pagdami nito ay napakaganda dahil ang konsepto ng STS ay naksentro sa pakikinig ng Salita ng Dios, at personal na pagsasabuhay.

7. Instructor Manual: Paano pamahalaan ang STS Workshop
8. A pamphlet titled, Vision Casting for God's Story: Selection of Ways to Share TGSP/STS/TCPT
9. Sa proseso, sa www.SimplyTheStory.com ay maraming impormasyong nakasulat tungkol sa STS, Audio and Visual formats at live Skype story-practice sessions.
10. Hanapin ang DVD ng tungkol sa proseso ng pagsasanay at maikling pagpipresenta sa DVD upang magamit sa mga Simbahan.